# Isang Kritika
# Sa Syensyang Pang-ekonomya
# ng Sobyet

ni MAO TSE TUNG

Naririto ang salin sa *A Critique of Soviet Economics by Mao Tsetung.* Ang librong ito ay mula sa salin ni Moss Roberts sa tekstong Tsino, at binigyan ng anotasyon ni Richard Levy at introduksyon ni James Peck. Inilathala ang Ingles na teksto ng Monthly Review Press, New York at London noong 1977 at may numerong ISBN 0-85345-412-4.

Mahalagang sanggunian ito sa pag-aaral kung ano ang sosyalismo, at hinihikayat ang lahat ng kasama na basahin at pag-aralan ang teksto. Isusunod na ang salin ng *Economic Problems of Socialism in the USSR* ni Stalin para makatulong sa mas malalim na pag-unawa sa akdang ito ni Mao Zedong. Sakaling makakita tayo ng tekstong Sobyet na *Political Economy*, agad din itong isasalin.

Mangyari lamang na ipaabot sa amin ang mga puna kung mayroon mang mali ang salin at ang mga mungkahi sa higit pang pagpapahusay at pagpapagaan sa salin.

Kawanihan sa Salin-Pambansang Kagawaran sa Edukasyon

Setyembre 2005

## PAMBUNGAD

Ang mga akdang ito ni Mao Zedong na pinagsama-sama sa ilalim ng pamagat na *Isang Kritika sa Syensyang Pang-ekonomya ng Sobyet* ay sinulat noong panahon at pagkatapos na pagkatapos ng Dakilang Igpaw Pasulong. Ito ang panahon nang magsimulang mapagpasyang humiwalay ang Rebolusyong Tsino sa Unyong Sobyet at sa modelo nito ng pag-unlad. Sa Dakilang Igpaw Pasulong, umusbong ang naiibang landas ng Tsina tungong sosyalismo. Pero ito'y landas na hinawan sa isang dekada ng kontrobersya tungkol sa takbo ng sosyalistang pag-unlad ng Tsina. Nasa ubod ng marami sa tunggaliang ito sa loob ng Partido Komunista ng Tsina ang usapin ng paglalapat ng karanasang Ruso sa pagtatatag ng sosyalismo sa Tsina.

Sa pagsusuri ng mga Komunistang Tsino sa kanilang sariling lipunan, matagal nilang pinag-aralan ang Rebolusyong Ruso para sa inspirasyon at mga mungkahing praktikal, gayundin para sa pangkalahatang perspektiba sa landas ng kanilang sariling rebolusyon. Sa kanila, ang Unyong Sobyet ay isang modelo na mapaghahanguan kapwa ng negatibo at positibong mga aral. Kaya hindi kataka-takang muling pag-aralan ni Mao ang karanasang Sobyet sa mapagpasyang yugto ng Rebolusyong Tsino tulad ng Dakilang Igpaw Pasulong. Ngayon naman, ginawa niya ito sa pamamagitan ng isang kritika sa dalawang librong Sobyet, *Ekonomyang Pampulitika: Isang Teksto* at *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR* ni Joseph Stalin. Gayunman, nang isulat ni Mao ang kanyang kritika, tumigil na siya sa pagsisikap na gamitin ang mga paraang Sobyet gaya ng hinangad niya at ng iba pang pinuno ng partido na gawin noong unang bahagi ng dekada 1950. Sa halip, sinimulan niyang matatag na itaguyod angmalawak na hanay ng mga alternatiba.

Ang *Isang Kritika sa Syensyang Pang-ekonomya ng Sobyet* ay kapaki-pakinabang na mababasa mula sa ilang perspektibang mahigpit na magkakaugnay:

1. bilang isang krusyal na panimulang paglalagom ni Mao sa kung ano ang modelong Sobyet at ano ang implikasyon nito sa Tsina;
2. bilang matibay na depensa ng Dakilang Igpaw Pasulong mula sa perspektiba ng tuluy-tuloy na rebolusyon;
3. bilang pagsusuri sa mga prinsipyo ng ekonomyang pampulitika ng Sobyet at sa ilang susing aspeto ng rebolusyonaryong karanasan ng Sobyet, partikular sa mga taon ng pamumuno ni Stalin, na itinuturing na isang pagsusuring naghawan ng landas.

Kabilang sa mga tekstong isinalin sa tomong ito ang kritika sa akdang Sobyet na *Ekonomyang Pampulitika: Isang Teksto*, kasama ang isang suplementong sinulat ni Mao sa mismong kritika niya, isang talumpati hinggil sa *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR* ni Stalin. Ang pagsasaalang-alang ni Mao sa akda ni Stalin na Mga Problemang Pang-ekonomya kasama ng tekstong Ruso hinggil sa ekonomyang pampulitika ay angkop na angkop dahil sinulat ang mismong akda ni Stalin bilang isang serye ng mga komentaryo sa borador ng teksto sa ekonomyang pampulitika na natapos at inilabas lamang pagkamatay niya. Lumaganap sa Tsina ang tekstong Ruso sa iba't ibang edisyon nitong Ruso/Tsino mula noong kalagitnaan ng dekada 1950 pataas. Pagkatapos ng Kumperensya sa Lushan noong 1959, nanawagan si Mao sa mga myembro ng partido na masusing pag-aralan ang ikatlong edisyon. Ito ang edisyong pinagbatayan ng kanyang kritika.

**Ang Modelong Sobyet**

Sa kalakhan ng kasaysayan ng Partido Komunista ng Tsina, nasa kaibuturan ng tinatawag ng mga Tsino na "tunggalian ng dalawang linya" ang kontrobersya sa kung paano haharapin ang karanasan ng Rebolusyong Ruso. Mula pagkatatag nito noong 1921, ang mga tunggalian sa loob ng partido sa anu't anuma'y iniugnay sa mga indibidwal na pabor sa ortodoks na pananaw ng mga Ruso sa rebolusyon. Ang pagkatalo ni Li Li-san noong dekada 1930, ni Wang Ming noong dekada 1940, nina Kao Kang (Gau Gang) at P'eng Teh-huai (Peng Deh-huai) noong dekada 1950 at ni Liu Shao-ch'I (Liu Shaoqi) noong dekada 1960, ay may kaakibat na mga kontrobersya kaugnay ng katangian at kaangkupan ng modelong Sobyet.

Hanggang 1949, ang mga tunggaliang ito sa Tsina ay nakapokus sa angkop na estratehiya at mga taktika ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa kapangyarihan, sa katangian ng linyang masa at sa wastong paraan ng paglalapat ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong kalagayan ng Tsina. May pag-aatubiling hinayaan lang ni Stalin ang mga paraan at inobasyon ni Mao at ng kanyang mga kapanalig, laluna't nabuo ang mga ito noong mga taon sa Yenan (1937-1945). Noong dekada 1940, sinalungat pa nga niya ang matagumpay na pakikibaka sa pagpapalaya. Kalauna'y sinabi ni Mao, "Nagwagi ang rebolusyong Tsino sa pamamagitan ng pagsalungat sa kapasyahan ni Stalin… Kung sinunod natin ang paraan ni Wang Ming, sa madaling salita'y ang paraan ni Stalin, hindi sana nagtagumpay ang rebolusyong Tsino."[1]

Gayunman, sa Liberasyon, nakita ng mga Tsino ang Unyong Sobyet bilang modelo ng sosyalistang pag-unlad. Noong 1949, pinaalalahanan ni Mao ang mga kasamahan niya na "unang hakbang lamang ang nagawa natin sa nakaraan para sa mahabang martsa na 10,000 li" – "isang maikling panimula ng isang mahabang drama".[2] Ngunit sa maagang panahong ito, wala pang modelo ng sosyalistang pag-unlad bukod sa Ruso, na nakasandig sa mga programa sa pag-unlad ng ekonomya na pinlano ng iilan at burukratikong pinangasiwaan, na masyadong nagpapailalim ng mga pangangailangan ng kanayunan sa hinihingi ng mabigat na industriya. Sa kabila ng lahat, ang Unyong Sobyet ay isang lipunang nagtamo ng industriyalisasyon at kolektibisasyon, mga susing layunin ng lahat ng pinuno ng Partido Komunista ng Tsina. Para sa maraming pinunong Tsino, ang pagwawagi ng Sobyet laban sa pasismo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay katibayan ng tagumpay ng lipunang iyon. At sa panahon ng maigting na pandarahas ng gubyernong Amerikano, pagboblokeyo at pambobombang suportado ng US sa dalampasigan nito, at pagkatapos, pandaigdigang embargo sa ekonomya, natural lamang na sumandig ang Tsina sa Unyong Sobyet sa kanyang mga patakaran sa depensa at ekonomya.

Sinulat ni Mao sa tomong ito, "Sa maaagang yugto ng Liberasyon, wala tayong karanasan sa pangangasiwa ng ekonomya ng buong bansa. Kaya sa panahon ng unang limang-taong plano, wala tayong nagawa kundi kopyahin ang mga paraan ng Unyong Sobyet bagamat sa kabuua'y hindi tayo kailanman ganap na nakuntento dito"[3] Ang lumalalang diskuntento ay pumokus sa tatlong pangunahing aspeto ng modelong Sobyet:

1. "primitibong sosyalistang akumulasyon"[4] sa kapinsalaan ng uring magsasaka;
2. teorya ng mga produktibong pwersa at diktadura ng proletaryado;
3. konsepto ng Partido Komunista sa Tsina.

**Primitibong Sosyalistang Akumulasyon sa Kapinsalaan ng Uring Magsasaka**

Hagip ng isang islogang Tsino noong maagang bahagi ng dekada 1950 – "ang Unyong Sobyet ngayon ang kinabukasan natin" – ang diwa ng pagkopya ng maraming Tsino sa mga paraang Sobyet. Katangi-tangi ang unang limang-taong plano ng Tsina dahil sa halos buung-buong pagsandig nito sa mabigat na industriya; mga paraan sa pagpaplano na napakasentralisado at burukratiko at di gaanong pagbibigay-diin sa magaan na industriya at produksyon ng mga kalakal na pangkonsumo. Sa kalakhan, itinuring ang uring magsasaka bilang panggagalingan ng impok. Itinatag sa Beijing ang makapangyarihang sentralisadong mga ministring pang-ekonomya. Pinasimulan ng mga ito ang mahihigpit na sistemang hirarkikal sa pagkontrol at "pangangasiwa ng isang-tao" sa mga pagawaan at sumandig lamang sa mga espesyalistang napakatataas ang sahod. Para pasiglahin ang produksyon at subaybayan ang takbo ng empresa, malaganap na itinaguyod ang mga insentibong materyal.

Aktibong inengganyo ng Unyong Sobyet ang ganitong mga pag-unlad. Ang pakikipag-ugnayan ng Tsina sa sosyalistang daigdig makaraan ang 1949 ay natural lamang na may kaakibat na pagbibigay prayoridad sa mga larangan kung saan pinakamadali at pinakamakabuluhan ang kooperasyon: mabigat na industriya, sistema ng edukasyon na dinisenyong magsanay ng mga propesyunal at teknisyang mangangasiwa sa limang-taong planong estilong Sobyet, at pagpapalaganap ng propesyunalisasyon sa mga armadong pwersa. Ang nangyayari sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB/PLA) ay siya ngang simbolo ng nangyayari sa lahat ng kalunsuran ng Tsina. Nang pagtibayin noong Pebrero 1955 ang "Mga Regulasyon sa Serbisyo ng mga Upisyal", nagkaroon ng mga palamuti ng hukbong regular ang kwerpo ng mga upisyal na Tsino. At sa pagpapatupad ng sistemang ranggo, titulo at malaking agwat sa sahod ng mga upisyal at karaniwang tauhan, tinalikuran ng HMB/PLA ang impormal, egalitaryan at demokratikong katangian na hinubog noong panahon ng rebolusyonaryong pakikidigma.

Nasa ilalim ang kulo ng pagsalungat sa mabilis na "Sobyetisasyon" kahit noon pa mang unang mga taon pagkaraan ng Liberasyon. Maraming kadre ang di mapalagay sa pagtalikod ng partido sa egalitaryang mga tradisyon ng Yenan. Tinutulan ng iba, kabilang ang nangungunang mga myembro gaya ni Liu Shao-ch'i (Liu Shaoqi), ang konsentrasyon ng kapangyarihang pang-ekonomya sa mga ministri sa Beijing at ang napakasentralisadong makinarya sa pagpaplano na nakita nilang nagsasapanganib ng kanilang konsepto sa papel at awtoridad ng Partido Komunista ng Tsina. Sa sumunod na mga taon, habang binabawasan ang pagkaburukratiko ng ilang ministri at ang pagkasentralisado ng pagpaplano pagkaraan ng kalagitnaang bahagi ng dekada 1950, pinalawak din ng partido ang papel nito. Ang sistema ng pangangasiwa ng isang-tao ay pinalitan ng mas malaking partisipasyon ng partido sa pagpapatakbo ng mga pagawaan. Sa Dakilang Igpaw Pasulong, higit ding pinalaki ng partido ang papel nito sa kanayunan.

Kung gayon, maraming lider ng partido ang hindi salungat sa ilang punang ihinarap ni Mao hinggil sa mga panganib ng pagkopya sa modelong Sobyet. Gayunman, para kay Mao, hindi tinumbok ng mga puna nila ang problema. Sa pagtatasa sa kaangkupan ng modelong Sobyet noong maagang bahagi ng dekada 1950, nagbabala na si Mao hinggil sa mga panganib na idudulot nito sa rebolusyonaryong transpormasyon ng kanayunan. Ikinatwiran niya na ang

lumalaking agwat sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan ay nagpapalakas sa nakatimong mga gawing nagmamaliit sa mga kalahok sa manwal na paggawa laluna sa mga magsasaka, isang aktitud na nagpapayabong sa burukratiko at elitistang mga paraan ng pamumuno. At nangamba si Mao na ang papalaking pagsandig sa industriyal at teknikal na pag-unlad na nakakonsentra sa mga kalunsuran sa kapinsalaan ng pagsusulong ng rebolusyong panlipunan sa kanayunan ay magpapalubha sa mismong mga kontradiksyong kailangang pangibabawan para maitransporma ang Tsina sa isang industriyalisadong sosyalistang lipunan.

Noong Hulyo 1955, iginiit ni Mao na mahigpit na magkaugnay ang pag-unlad sa kalunsuran at kanayunan: "Hindi kailanman natin dapat ituring na dalawang magkahiwalay at magkabukod na bagay ang industriya at agrikultura, ang sosyalistang industriyalisasyon at ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura, at kailanman, dapat huwag nating patampukin ang isa at maliitin ang isa pa."[5] Pero, noong Abril ng 1956 na lamang direktang tinutulan ni Mao, sa kanyang talumpating "Hinggil sa Sampung Pangunahing Ugnayan", ang pagsandig ng modelong Sobyet sa primitibong akumulasyon sa kapinsalaan ng uring magsasaka.

Matalas na pinuna ni Mao ang "tagibang na pagdidiin sa mabigat na industriya sa kapabayaan ng agrikultura at magaan na industriya"[6] ng Sobyet. Nanawagan siyang bawasan ang absolutong pagbibigay ng prayoridad sa mabigat na industriya, at ipinaliwanag niyang nagsisilbi sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mamamayan ang mas malaking pamumuhunan sa magaan na industriya at agrikultura, samantalang aktwal itong nagpapabilis sa akumulasyon ng "kapital" para sa mabigat na industriya. Para ipatupad ang panukalang ito, hinikayat ni Mao ang lokal na mga awtoridad na higit na mag-inisyatiba, pinuna ang Unyong Sobyet sa "pagkokonsentra ng lahat sa kamay ng sentral na awtoridad, pagtatali sa kamay ng lokal na awtoridad at pagkakait sa kanila ng karapatan sa malayang pagkilos".[7] Kailangang bawasan ang mga gastusing administratibo at paliitin nang dalawang-sangkatlo ang istap ng mga burukrasya sa bansa. Iginiit niyang esensyal pa rin ang unipikadong pagpaplano at disiplina sa ilalim ng malakas na sentro, pero hindi ito kapareho ng dominasyon ng mga ministring pinangangasiwaan sa sentralisasyong estilong Sobyet.

Sa ganitong paraan, nagpatuloy si Mao na tutulan ang pinakabatayan ng paraan ng akumulasyong Sobyet mula sa uring magsasaka. Nakagawa ng "malulubhang pagkakamali" ang mga Ruso sa pakikitungo sa mga magsasaka at nakagawa ng mga hakbang na "napakahigpit na pumiga sa mga magsasaka". Malubhang pinatamlay ng kanilang mga paraan ng akumulasyon "ang kasiglahan ng mga magsasaka sa produksyon. Nais ninyong mangitlog nang mas marami ang inahin pero hindi ninyo pinapakain, nais ninyong tumakbo nang mabilis ang kabayo pero hindi ninyo ipinapastol. Anong klaseng lohika ito?"[8]

Sinasabi ni Mao na anuman ang mangyari'y hindi susunod ang mga Tsino sa isang estratehiya ng pag-unlad kung saan ang mga magsasaka ang siyang magpapasan. Ni hindi rin magagawa ng Tsina na basta na lamang sairin ang sarplas mula sa kanayunan tulad ng ginawa ni Stalin noong mga taon ng dekada 1930. Di tulad ng ipinangangalandakan noon ng establisadong Sobyet na teorya at ng mga ekonomistang burges, hindi maaaring manggaling ang "kapital" sa dati nang umiiral na balon ng sarplas sa kanayunan. Ito'y dahil kakaunting "kapital" lamang ang umiiral. Ikinatwiran ni Mao na kung gayon, sa halip na kunin ang sarplas sa kanayunan, kailangang makabuluhang pataasin ang produktibidad ng pwersa ng paggawa ng Tsina kapwa sa agrikultura at industriya. Sa ganitong paraan, mapapaunlad ang tunay na industriyalisadong sosyalistang lipunan. Mapapalakas ang alyansa ng manggagawa't

magsasaka sa halip na mawasak ng matalas na banggaan ng mga interes ng kanayunan at kalunsuran. At sa pag-iwas sa pagpapataw ng espesyal na pabigat sa mga magsasaka, hindi na kakailanganin ang makapangyarihan at mapaniil na makinarya ng estado para pumiga ng sarplas na produksyon.

Sa talumpati ni Mao na "Hinggil sa Sampung Pangunahing Ugnayan", gaya ng sinabi niya kalaunan, tayo'y "nakapagsimulang magpanukala ng ating sariling linya para sa konstruksyon".[9] Sa unang pagkakatao'y malinaw na itinakwil ni Mao ang ideya ng pag-unlad sa pamamagitan ng isang pribilehiyadong sektor (mabigat na industriya at kalaunan na lamang ang ibang mga sektor) at sa pamamagitan ng hiwa-hiwalay na yugto (una sa materyal na pag-unlad, at saka na lamang sa mga ugnayang panlipunan at ideolohiya). Iginiit niyang kailangan ang malawakang komitment ng buong bansa sa unipikasyong panlipunan, pampulitika at pang-ekonomya nang walang maiiwanan at hindi makikinabang ang iilan sa kapinsalaan ng marami, tulad ng mga paraang ginamit noong panahong nasa Yenan. Sa pagsusuring ito sa mga kontradiksyon sa Tsina na itinuturing na naghawan ng landas, mahigpit na sinalungat ni Mao ang anumang planong makakalikha ng bagong mga dibisyon sa isang bansang lubha nang pinagwinatak-watak ng mga disbalanse sa pagitan ng iba't ibang rehiyon, sa pagitan ng iba't ibang uri at grupong panlipunan, sa pagitan ng sentro at ng mga rehiyon, sa pagitan ng mga larangang pampulitika at panlipunan.

**Isang Teorya ng mga Produktibong Pwersa at Ang Diktadura ng Proletaryado**

Habang ipinapakita ang mga panganib ng bulag na pagkopya sa akumulasyong modelong Sobyet, pinupuna rin ni Mao ang isa pang mahigpit na kaugnay na aspeto ng modelong iyon, ang teorya ng mga produktibong pwersa. Sa esensya, ayon sa teoryang ito na binalangkas sa Unyong Sobyet sa panahon ng pamumuno ni Stalin, ang sosyalistang landas tungong komunismo ay hinahawan ng pagmamay-ari ng estado sa mga kagamitan sa produksyon kasabay ng mabilis na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Pinapatnubayan ng diktadura ng proletaryado ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, samantalang sinusupil ang dating mga naghaharing uri at ginagapi ang di maiiwasang mga kontrarebolusyonaryong atake sa bagong kaayusan.

Para sa mga magsasaka't manggagawa, ang diktadura ng proletaryado ang tunay na demokrasya. Ipinaliwanag na ang pagpawi sa pribadong pag-aari at iba pang anyo ng makauring lipunan ang magwawakas sa lahat ng pagsasamantala. Dahil sinasabing imposible ang pagsasamantala sa ganoong bagong mga kalagayan, tinitingnang pag-aangkop lamang ng rasyunal na mga padron ng paggawa ang hirarkiya, subordinasyon at pagdisiplina sa pwersa ng paggawa, kahit nagmimistulang kamukha ito ng sopistikadong kapitalistang paraan.

Sa pagkapawi ng lumang burgesya at ng pyudal na mga naghaharing uri, sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon at sa tuluy-tuloy na pag-angat ng pamantayan ng pamumuhay ng masa, mababawasan ang tindi ng makauring tunggalian at kalauna'y maglalaho ito. Kung hindi dahil sa pakikibakang internasyunal laban sa kapitalismo, ang estado ay "maglalaho" na sana. Kahit pa manatili ang estado bilang makinarya para labanan ang panlabas na kaaway, ang transisyon tungong komunismo ay magagawa sa loob ng bansa nang nakabatay lamang sa pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon.

Sa esensya, pinakitid ng teorya ni Stalin hinggil sa mga produktibong pwersa ang konsepto ng kapitalistang moda ng produksyon sa isang sistema na lamang ng pribadong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. At bunga nito, hindi na kailangang pag-isipan ang puspusang sosyalistang rebolusyon sa larangang pampulitika at pang-ideolohiya pagkaagaw ng kapangyarihang pampulitika at pagkatatag ng sistema ng pampublikong pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Tinitingnang lipas na ang mapanlikhang papel ng masa at mga kampanyang masa; binabalewala ang pakikibaka para baguhin ang pananaw sa daigdig.

Ang mga batikos ni Mao sa teoryang ito ng mga produktibong pwersa ay nagmula sa mga aral na natutunan niya tungkol sa rebolusyonaryong transpormasyon noong mga taon ng pakikidigmang gerilya.[10] Kilalang-kilala ang mga tampok na katangian ng modelong Yenan: pag-asa-sa-sarili, desentralisasyon, antagonismo sa burukratismo at elitismo, kolektibong mga layunin at disiplina, mga insentibong di materyal at ang partisipasyon ng masa sa lahat ng aspeto ng aktibidad sa lipunan at ekonomya. Komprehensibo ang pag-unlad, nakadisenyong iangat ang lahat ng sektor, at hindi isang piling bahagi lamang.

Ipinaliwanag ni Mao na mula sa mga pakikibaka para sa rebolusyonaryong reporma sa lupa ay naitaas ang pampulitikang kamulatan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng linyang masa at ng pag-unlad ng bagong mga relasyon sa kooperatibong paggawa. Sa pagbabago ng mga relasyon sa produksyon at paghikayat sa pagyabong ng bagong mga aktitud at ideya, naitaas ang produktibidad ng kanayunan. Ang partido mismo ay bahagi lamang ng prosesong ito at hindi nangingibabaw dito. Ito'y dahil tulad ng mga magsasaka, nahubog ang mga myembro nito sa proseso ng tuluy-tuloy at hakbang-hakbang na transpormasyon.

Ang matatag na pagtataguyod ni Mao sa mabilis na kolektibisasyon noong mga taon pagkatapos ng Liberasyon ay nakabatay sa karanasang ito ng pagpapaunlad sa mga produktibong pwersa sa pamamagitan ng hakbang-hakbang na transpormasyon ng lahat ng aspeto ng buhay sa kanayunan. Kaya pinuna niya ang ideyang "mekanisasyon muna, at kooperasyon sa susunod", at sinabing pwede at dapat mauna ang kolektibisasyon sa mekanisasyon ng agrikultura. Ang transpormasyong panlipunan na iluluwal at papalaking sinusuportahan ng mga pagbabago sa teknolohiya ang magpapalaya sa produktibong pwersa habang pinaliliit nito ang polarisasyon sa kanayunan.

Maraming nangungunang upisyal ng partido, na naimpluwensyahan ng modelong Sobyet na nakasandig sa teorya ng primitibong akumulasyon, ang sumalungat sa panawagan ni Mao na palalimin ang rebolusyon sa kanayunan noong maagang bahagi ng dekada 1950. Naiulat na pinuna ni Liu Shaoqi bilang "utopyang sosyalismong agraryo" ang tangkang isulong ang kooperatibisasyon bago magkaroon ng sapat na suplay ng mga kagamitan sa agrikultura at sapat na mekanisasyon. At hindi nag-iisa si Liu sa kanyang mga duda. Sa paggunita sa nangyari sa Unyong Sobyet, maraming pinuno ng partido ang nangamba na sa pagpapabilis ng kolektibisasyon sa Tsina ay mawawalan sila ng suportang magsasaka at masisira ang kanilang mga plano sa ekonomya. Tulad ng komentaryo ni Mao noong Hulyo 1955:

> *mula sa kasaysayan ng Unyong Sobyet, nakahanap ang ilang kasama ng batayan para punahin ang tinawag nilang kapusukan at pagpapadalus-dalos sa kasalukuyan nating gawaing kooperasyon sa agrikultura. . . . pero kailanma'y hindi natin dapat hayaang gamitin ng mga kasamang ito ang karanasang Sobyet para ikubli ang kanilang ideya na umusad na parang susô.*[11]

Pero hindi lamang tungkol sa pag-usad ng kolektibisasyon ang debateng ito. Alam ni Mao na sa likod ng pagsalungat sa kanyang mga patakaran ay ang mas pundamental na pagsalungat sa tuluy-tuloy na makauring tunggalian at mga rebolusyonaryong paraan ng transpormasyong panlipunan. Noong Hunyo 1953, pinaalalahanan niya ang mga pinuno ng partido na "batbat ng kontradiksyon at tunggalian ang panahon ng transisyon tungong sosyalismo. Ang ating kasalukuyang rebolusyonaryong pakikibaka ay mas lalo pang matindi kaysa nakaraang armadong rebolusyonaryong pakikibaka. Ito'y rebolusyong sa wakas ay maglilibing sa kapitalismo at sa lahat ng sistemang mapagsamantala."[12]

Pero sa halip na magpakita ng kakayahan sa pamumuno sa ganitong rebolusyonaryong pakikibaka, nakita ni Mao na bumubuntot ang maraming pinuno ng partido sa pagdaluyong ng kilusang masa sa kanayunan.

> *Ilan sa mga kasama natin ang iika-ika na parang babaeng gapos ang mga paa at palaging nagrereklamo. "Masyado kayong mabilis." Sobra-sobrang kritisismo, di angkop na mga hinaing, walang katapusang agam-agam at pagpapataw ng di mabilang na pagbabawal – naniniwala silang ito ang akmang paraan ng paggabay sa sosyalistang kilusan sa kanayunan.*[13]

Kung nakita ni Mao ang kampanya sa pagpapabilis ng kolektibisasyon bilang testamento sa linyang masa at sa pangangailangan sa rebolusyonaryong pakikibaka, ikinatwiran naman ng maraming upisyal ng partido na hinawan ng matagumpay na kolektibisasyon ang landas para sa bagong panahong hindi na kailangan ang ganitong mga paraan. Kaya kahit sinimulan nilang suportahan ang pusisyon ni Mao sa primitibong akumulasyon na ihinayag sa "Hinggil sa Sampung Pangunahing Ugnayan", ang kongklusyon ni Liu Shaoqi at ng iba pang pinuno ng partido ay umunlad na ang kolektibisasyon sa Tsina sa antas kung saan ang pag-unlad ng mga produktibong pwersa ay hindi na nangangailangan na "pamunuan ang masa sa tuwirang pagkilos bilang prinsipal na paraan ng pakikibaka".[14] Tulad ng sinabi ni Liu Shaoqi sa Ikawalong Kongreso ng Partido noong Setyembre 1956:

> *Pero ngayo'y lipas na ang panahon ng rebolusyonaryong unos at tensyon, may bago nang mga relasyon sa produksyon na naitatag, at ang layunin ng ating pakikibaka ay nagbago na tungo sa pangangalaga sa matagumpay na pag-unlad ng mga produktibong pwersa ng lipunan, [at sa gayon] kailangang sundan ito ng kaakibat na pagbabago sa mga paraan ng pakikibaka. . .*[15]

Dahil sa batayan ay nakamit na ang kolektibisasyon sa agrikultura at pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon noong 1956, idiniin ni Liu at ng iba pa ang pangangailangang ituon ang lahat ng enerhiya sa pagpapaunlad ng mga produktibong pwersa. Ginawa nila ito sa paraang malalim na naimpluwensyahan ng modelo sa pag-unlad ng Sobyet. Dahil sa paggigiit, tulad ng nakasaad sa resolusyon ng Ikawalong Kongreso ng Partido, na "ang esensya ng kontradiksyong ito [sa sosyalistang lipunan] ay sa pagitan ng abanteng sistemang panlipunan at ng atrasadong produktibong pwersang panlipunan"[16], tinalikuran nila ang magkakasabay at magkakaugnay na sosyalistang rebolusyon sa larangan ng pulitika at ideolohiya. Sa paniniwala nila, sa halip na palayain ng rebolusyonaryong pakikibaka ang mga produktibong pwersa, uuk-ukin lamang ng mga ito ang istabilidad na kailangan sa mabilis na pag-unlad. Hindi na esensyal ang mga panahon ng matinding makauring tunggalian para malikha ang bagong mga organisasyong kooperatibo at mga aktitud na paborable sa paglago ng ekonomya. Umiiral na ang "abanteng sistemang panlipunan" at kailangan na lamang konsolidahin.

Noong 1956 at 1957, sinabi mismo ni Mao na sa pangunahi'y nagwakas na ang umaalimpuyong mga makauring tunggalian na katangian ng nakaraang mga rebolusyonaryong panahon. Pero di tulad ng ibang mga pinuno ng partido, iginiit niya na "magpapatuloy na matagalan at masalimuot at may mga panahon pa ngang magiging napakaigting ng makauring tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya, ng makauring tunggalian sa hanay ng iba't ibang pwersang pampulitika at ng makauring tunggalian sa larangan ng ideolohiya sa pagitan ng proletaryado at burgesya".[17] Sa gayon, di naglao'y tinutulan niya ang resolusyon ng Ikawalong Kongreso ng Partido na ang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ay sa pagitan ng "abanteng sistemang panlipunan at ng mga atrasadong produktibong pwersa ng lipunan". Sa halip, ipinaliwanag niya na:

> *ang mga batayang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan ay iyon pa ring sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at ng mga produktibong pwersa, at sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya. . . taliwas sa baseng pang-ekonomya ng sosyalismo ang mga labi ng ideolohiyang burges, burukratikong mga paraan ng pagkilos sa mga organo ng estado at mga depekto sa ilang daluyan ng mga institusyon ng estado.*[18]

Kaya, may malulubhang kahinaan sa "abanteng sistemang panlipunan" na kinailangang bakahin. Sa esensya, iginiit ni Mao na tanging ang tuluy-tuloy na pakikibakang masa ang maaaring lumaban sa makapangyarihang kontrol ng ideolohiyang burges at burukratikong mga paraan ng paggawa. Samakatwid, ang pag-agaw sa kapangyarihang pang-estado at pagmamay-aring publiko sa mga kagamitan sa produksyon ay hindi sasapat para maitatag ang sosyalismo. Hindi makokonsolida ng mga ito mismo ang natamong mga tagumpay. Hindi awtomatikong maibubunsod ng simpleng paglago ng baseng pang-ekonomya ang mismong mga aktitud at anyong pang-organisasyon na kinakailangan kapwa para isulong ang rebolusyon at palayain ang mga produktibong pwersa ng masa.

Sa kritika ni Mao, inisa-isa niya sa kanyang mga kasama sa partido ang nakita niyang matagalang epekto ng ganoong eksklusibong pagdidiin sa pagbubuo ng baseng pang-ekonomya. Tulad ng naobserbahan ni Mao, "sa maraming paraan (pangunahin sa produksyon) tuluy-tuloy na umunlad ang mga Sobyet, pero kung ang mga relasyon sa produksyon ang pag-uusapan, sa pundamental na paraan ay huminto na silang umunlad".[19] Dahil sa pagtutol sa mga rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan at hindi pagtatransporma sa mga batayang relasyon sa hanay ng mamamayan sa produksyon at lipunan sa pinakamabilis na posibleng paraan, tiniyak ng mga Sobyet na walang magaganap na anumang kalitatibong pagbabago. Halos napako ang mga relasyon sa produksyon. Sa pagsasantabi sa pagkamalikhain at inisyatiba ng masa, hindi napaunlad ng mga Sobyet ang mga bagong aktitud at anyong pang-organisasyon na rekisito para sa sosyalistang lipunan at sa transisyon tungong komunismo.

Ipinakita ni Mao na tunay ngang nasa kaibuturan ng teoryang Sobyet hinggil sa mga produktibong pwersa ang malaking takot at kawalang-tiwala sa masa at sa pakikibakang masa. Ito ang ibinubunyag ng tekstong Sobyet sa ekonomyang pampulitika at ng akda ni Stalin na *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo*, sa pagkalulong ng mga ito sa base sa kapinsalaan ng superistruktura. Para kay Mao, nanggaling sa preokupasyong ito ang maraming mahigpit na magkakaugnay na pusisyong Sobyet: pagsantabi sa masa bilang tagapaglikha ng kasaysayan at pagsandig sa mga tagaplano; pagkalulong sa teknolohiya at

pagkadalubhasa; kumpyansa sa hirarkiya at pangangasiwa ng isang tao; pagsandig sa mga materyal na insentibo at lubos na kawalan ng interes sa transpormasyon ng pananaw ng indibidwal sa daigdig. Ang ultimong resulta ay paglaki ng makapangyarihang burukratikong makinarya na lubos na hiwalay sa masa.

**Isang Konsepto ng Partido Komunista**

Sa kabuuan ng rebolusyonaryong pagkilos ni Mao, tinuligsa niya ang ganoong mga burukratikong gawi. Pero pagkaagaw sa kapangyarihang pang-estado, naharap si Mao sa mga usaping di matagpuan ang kasagutan sa rebolusyonaryong karanasan ng Sobyet. Halimbawa, paano mapapanatili ng partido ang pinakamahigpit nitong ugnayan sa masa gayong napakalakas ng tendensya tungo sa burukratikong mga paraan at elitistang pribilehiyo? Paano ipagpapatuloy ang rebolusyon pagkaagaw sa kapangyarihang pang-estado at pagsasapubliko ng mga kagamitan sa produksyon?

Ang pag-atake ni Khrushchov kay Stalin noong Pebrero 1956 ay matalas na naghapag ng ganitong mga tanong kay Mao at sa iba pang mga pinuno ng partido. Bagamat matalas na pinuna ng Partido Komunista ng Tsina ang kawalan ni Khrushchov ng kapani-paniwalang perspektibang teoretikal para sa ebalwasyon kay Stalin, hindi rin naman binalewala ang mga panganib ng Stalinismo. Sa unang upisyal na tugon ng Partido Komunista ng Tsina noong Abril 1956, matatag na muling pinagtibay ng partido ang linyang masa at nagbabala hinggil sa mga panganib ng pagsasantabi dito kapag nasa kapangyarihan na ang isang partido komunista:

> *ang tauhan ng Partido at ng estado na batbat ng burukratismo ay nahaharap sa malaking panganib ng paggamit sa makinarya ng estado para arbitraryong kumilos, paghihiwalay ng sarili sa masa at kolektibong pamumuno, paggamit sa komandismo at paglabag sa demokrasya ng Partido at ng estado.*[20]

Tulad ng ipinaliwanag ni Mao sa "Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan", mayroong mga "kontradiksyon sa pagitan ng gubyerno at mamamayan sa mga sosyalistang bayan".[21] Dahil ang laging bukambibig ay pagkakaisa at konsolidasyon, binabarahan ng Unyong Sobyet sa aktwal ang wastong resolusyon ng iba't ibang kontradiksyon sa lipunan, na pumipigil sa pag-unlad ng sosyalismo. Nananatiling nakatago ang tunay na mga problemang kinakaharap ng lipunan. At nalikha ang kumbinyenteng pang-ideolohiyang tabing para sa burukratikong dominasyon.

Bagamat nagbabala ang iba't ibang pinuno ng partido hinggil sa mga panganib ng burukrasya at nagbanggit ng linyang masa, may napakatingkad na mga pagkakaiba sa kanilang pag-unawa sa mga ito at sa papel ng Partido Komunista. Noong panahon ng Rebolusyong Pangkultura, madalas na bansagan si Liu Shao-ch'i (Liu Shaoqi) sa pahayagang Tsino bilang pangunahing kritikong pang-ideolohiya ng mga pananaw ni Mao hinggil sa linyang masa. Kung gayon, tiyak na may makabuluhang suporta ang kanyang mga pananaw; sa maraming aspeto'y umayon ang kanyang posisyon sa konsepto ng Partido Komunista na nakasaad sa upisyal na doktrinang Sobyet. Para kay Liu, ang partido at ang partido lamang ang nakakakita kung ano ang kailangan at ang nakapagtitiyak ng kinakailangang mga pagbabago. Sa pananaw ng masa, lilitaw itong isang nagkakaisa at di makasariling organisasyon. Ang wagas na katapatan at mahigpit na pagkapit sa ideolohiya ang ultimong nagtitiyak ng kakayahan ng partidong wastong kumilos para sa masa. Pagkatapos maturuan ang mga myembro "kung

paano maging mabuting komunista", saka lamang epektibong matutulungan ng partido ang masa sa paglutas ng kanilang mga problema. Kung gayon, ang di makasariling nakatataas sa partido ay hindi na dapat saklaw ng panlabas na superbisyon; kasiya-siyang maiwawasto ang kanilang mga pagkakamali sa pamamagitan ng mga daluyan sa loob ng partido. Tulad ng sinabi ni Mao noong taglagas ng 1957, "Mukhang mayroong ilang nag-iisip na basta't nasa Partido Komunista, lahat ng tao'y nagiging mga santong walang alitan o di pagkakaunawaan at hindi na kailangang suriin ang Partido, ibig sabihin, ito'y monolitiko at unipormado..."

Nasa ubod ng di pagsang-ayon ni Mao sa ortodoks na konsepto ni Liu hinggil sa Partido Komunista ay ang kanyang paggigiit na ang partido mismo ay instrumento lamang na kasangkot pero hindi nakakapangyari sa diyalektikong proseso ng tuluy-tuloy na rebolusyon. Ipinakita niya sa kanyang kritika na ang kaalaman, unang-una, ay hindi angkin lamang ng nakatataas sa partido. Ang partido ay hindi labas sa rebolusyonaryong proseso at walang naunang kaalaman sa mga batas nito. "Para malaman ng mga tao ang mga batas, kailangan nilang dumaan sa isang proseso. Hindi eksepsyon ang taliba."[23] Sa praktika lamang mapapaunlad ang kaalaman; sa paglubog lamang sa masa mapapamunuan ng partido ang rebolusyon.

Sa buong kasaysayan ng Rebolusyong Tsino, pinuna ni Mao iyong mga naniwala na alam na alam nila kung ano ang dapat gawin at sumalig sa Marxismo-Leninismo bilang isang abstraktong doktrinang puspos ng nakahanda nang mga sagot. Iginiit ni Mao na ang rebolusyon ay isang prosesong punung-puno ng pasakit at hirap. Walang madaling sagot, walang batas na simpleng mailalapat. Tulad ng ipinaliwanag niya sa kritika, kinailangan ang mga taon ng masikhay na pakikibaka bago umusbong ang wastong mga pamamaraan para maipagtagumpay ng mga rebolusyonaryong Tsino ang burges-demokratikong yugto ng rebolusyon. Ang pagtatatag ng sosyalismo at komunismo ay mangangailangan ng kasinsikhay na pakikibaka.

Nakita ni Mao na ang masa ang tunay na tagapaglikha ng kasaysayan, kung kanino kailangang matuto ang Partido Komunista. Lilitaw ang mga pagkakamali at kabiguan sa anumang pakikibaka; kung minsa'y brutal at marahas ang rebolusyon. Pero ang mapanlikhang breyktru na humahantong sa bagong kooperatibong mga pamamaraan at aktitud ay nagmumula lamang sa rebolusyonaryong pakikibaka. Ayon kay Mao, sa ganitong paraan naitatag ang mga sobyet sa Rebolusyong Ruso at sa ganito ring paraan umunlad ang mga komuna sa Tsina. Hindi rin dapat matakot sa mga kabiguan. "Kailangang dumaan sa praktika ang mga tao para makakuha ng mga resulta, dumanas ng mga kabiguan habang lumilitaw ang mga problema; sa ganitong proseso lamang unti-unting makakaabante ang kaalaman."[24] Ang mga kabiguang wastong nasuri ay madalas na nakakapagpalinaw katulad ng tagumpay. Halimbawa, sa pag-aaral ng mga nangyari sa Dakilang Igpaw Pasulong, sinikap ni Mao na tuklasin ang mga patnubay para maisagawa ang konsolidasyon ng mga komuna.

Sa madaling sabi, walang pamunuang makalilikha ng bagong mga anyong panlipunan at mga inobasyon sa pulitika at ekonomya mula sa sariling pag-iisip at saka ilalapat ang mga ito sa pamamagitan ng administratibong mga dikreto. Iginiit ni Mao na lilitaw ang bagong mga anyo at paraan kung hahayaang mag-eksperimento ang mga kadre at masa, kung momobilisahin at hihikayatin sila ng pamunuan ng partido na handang matuto sa kanilang potensyal na mga pagsulong at magkaroon ng kakayahang humubog at mahubog sa proseso. Tulad ng sinabi ni Mao noong panahon ng papabilis na kolektibisasyon ng 1955: "Ang mga

kadre at magsasaka ay kapwa makakapagpanibagong-hubog sa proseso ng pakikibakang kanila mismong nararanasan. Hayaan silang kumilos at matuto habang gumagawa at uunlad ang kanilang kakayahan."[25]

Kung gayon, di tulad ni Liu Shaoqi, hindi kailanman tiningnan ni Mao na ang katapatan sa ideolohiya at ang mga kilusang pagwawasto sa loob ng partido ay sapat para mapanatili ang rebolusyonaryong papel ng partido. Sa paglubog lamang sa masa, sa pagiging bukas sa kanilang pagpuna at pagiging sensitibo sa kanilang mga pangangailangan tunay na mababaka ng partido ang burukratismo, pribilehiyo at elitismo. At dahil para kay Mao ay hindi nakakapangibabaw sa lipunan ang partido, nakita niya na ang mga kontradiksyon sa loob ng partido ay mahigpit na kakawing niyong mga kontradiksyon sa lipunan sa kabuuan. Sa pag-eedit ni Mao sa *Sosyalistang Bugso sa Kanayunan ng Tsina* noong 1955, una niyang binanggit ang temang ihahapag niya sa kritika at ibayong palalawigin sa susunod na mga taon. Nagbabala siya noon na may praktikang "laganap hanggang sa halos maging unibersal: sa pakikipagkutsabahan sa mga pwersa ng kapitalismo sa lipunan, pinipigilan ng mga kanang oportunista sa loob ng partido ang malawak na masa ng maralita at panggitnang magsasaka sa pagtahak sa landas tungo sa pagtatayo ng mga kooperatiba".[26] Ang pagdidiing ito sa mga maka-kanan sa loob ng partido na nakaugnay sa mga pwersang panlipunan ay higit pang nagpahina sa ortodoks na konsepto ng partido ng Sobyet at ginamit ito sa susunod na mga taon bilang isa pang dahilan para sa pagpapalalim ng konsepto ng linyang masa sa pulitika.

## Ang Dakilang Igpaw Pasulong

Ang mga akda ni Mao sa tomong ito ay maaari ring ituring na pagsusuri sa Dakilang Igpaw Pasulong. Sa unang pagkakataon sa kanyang kilalang mga akda, malawakang siniyasat ni Mao ang proseso ng tuluy-tuloy na rebolusyon at ang katangian ng transisyon tungong sosyalista at komunistang lipunan.[27] Sa gayon, ipinagtanggol niya ang Dakilang Igpaw laban sa walang batayang mga pag-atake kapwa mula sa loob at labas ng partido. Kaalinsabay, sinikap niyang palawigin ang konteksto kung saan maiwawasto ang negatibong mga katangian ng Dakilang Igpaw at mapapanatili ang positibong mga aspeto nito.

Maaaring basahin ang mga akdang ito dahil sa napakahusay na paglilinaw sa kung paano inuunawa ni Mao ang kanyang sariling paraan ng pag-aaral. Hindi siya nagsisimula sa mga regulasyon, prinsipyo, mga batas na Marxista o ipinapalagay na mga depinisyon, "isang pamamaraang laging sinasalungat ng Marxismo-Leninismo".[28] Sa pamamagitan lamang ng kongkretong imbestigasyon madidiskubre ang bagong mga prinsipyo. Tunay ngang isa sa pinakamatindi niyang puna kay Stalin at sa tekstong Sobyet ng ekonomyang pampulitika ay "hindi ito nagsisimula sa kongkretong pagsusuri ng mga kontradiksyon sa pagitan ng baseng pang-ekonomya at superistruktura. Lagi itong nagsisimula sa pangkalahatang mga depinisyon at pangkalahatang mga konsepto. Nagbibigay ito ng mga depinisyon nang hindi nagbibigay ng makatwirang mga paliwanag."[29]

Kung gayon, pinag-aaralan ni Mao ang akda ni Stalin na *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo* para suriin ang partikular na mga usaping praktikal at teoretikal na kinakaharap ng Tsina, sa kasong ito, sa paglikha ng mga komuna. Sa pagkakalikha ng mga komuna bilang bagong yunit ng lipunan, naging mahigpit na pangangailangan ang pagsusuri sa kung paano dapat isakatuparan ang produksyon at palitan sa loob at sa pagitan ng mga komuna at iba pang yunit. Sa gayon, sa kalakhan, nakatuon ang mga komentaryo ni Mao sa unang tatlong

seksyon ng akdang *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo*, iyong hinggil sa katangian ng mga batas sa ekonomya, produksyon ng kalakal at sa batas ng halaga sa ilalim ng sosyalismo. Ang mga nakita ni Mao na kapaki-pakinabang sa mga akda ni Stalin ay maingat niyang ihiniwalay doon sa mga di malinaw at di eksakto.

Ipinaliwanag ni Mao na isa sa pinakakapaki-pakinabang na dahilan para ipabasa sa mga kadre ang *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo* ni Stalin ay upang maunawaan nila ang ultra-Kaliwang agos (ang "hanging komunista") na mabilis na kumalat sa Tsina sa pagsisimula ng kilusang komuna. Tulad ng sinabi ni Mao di nagtagal sa Kumperensya ng Lushan noong Hulyo 1959,

> *hindi pinag-aralan ng mga kadre ang ekonomyang pampulitika. Hindi nila malinaw na naunawaan ang mga batas ng halaga, palitan ng magkakakatumbas na halaga at kabayaran ayon sa nagawa. . . Kung hindi nila naunawaan ang mga teksto, hayaang pag-aralan pa nila ang mga ito. Kung hindi nakakaunawa ng kaunting ekonomyang pampulitika ang matataas na kadre sa mga komuna, hindi ito uubra.*[30]

Para kay Mao, ang mas mahusay na pag-unawa sa ekonomya ng sosyalismo at sa katangian ng panahon ng transisyon ang mag-aarmas sa mga kadre para makaangkop sa mga problemang lilitaw sa Dakilang Igpaw. Sa ilang lugar, ang mga kadre at magsasaka ay natangay ng pagnanais na agad dumiretso sa yugto ng komunismo sa halip na dumaan sa maraming yugto na rekisito para marating iyon, tulad ng ipinakita ni Mao. Kailangang labanan ang "malakas na tendensyang isantabi ang produksyon ng kalakal" at wastong unawain ang papel nito sa sosyalistang lipunan. Sinulat ni Mao sa kanyang kritika na, "Nababahala ang mga tao kapag nakakakita sila ng produksyon ng kalakal sa pag-aakalang kapitalismo ito. Pero mukhang kailangang paunlarin nang husto ang produksyon ng kalakal at dagdagan ang suplay ng pera." At ang paglilinaw dito ay "naglalatag ng problema sa ideolohiya ng ilang daang libong kadre gayundin sa pakikipagkaisa ng ilang daang milyong magsasaka."[31]

Sa ilang lugar sa Tsina, basta na lamang inagaw ng mga kadre ang ari-arian ng mga brigada at pangkat sa produksyon bunga ng marubdob nilang pagnanais na umigpaw tungong komunismo. Nagbabala si Mao na kung hindi pipigilan ang ganitong mga gawain, mag-aalsa ang mga magsasaka at ibabaling ang kanilang matinding galit sa Partido Komunista mismo. Ang pag-aaral sa *Mga Pang-ekonomyang Problema ng Sosyalismo* ni Stalin ay makakatulong sa pagbibigay ng teoretikong gabay laban sa ganitong mapanganib na ultra-kaliwang agos dahil ipinagtatanggol nito ang patuloy na pag-iral ng kalakal sa panahon ng sosyalismo at tinatalakay nito ang prinsipyo ng palitan ng magkatumbas na halaga.

Sa kritika ni Mao ng teksto sa ekonomyang pampulitika ng Sobyet, higit pa niyang sinuri ang mga aral na mahuhugot sa Dakilang Igpaw. Pinag-aralan niya ang mga relasyong umiiral sa pagitan ng dalawang klase ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon (sosyalistang pagmamay-ari ng buong sambayanan at kolektibong pagmamay-ari ng mga magsasaka sa kalakhan) at ikinumpara ang mga ito sa umiiral sa Unyong Sobyet. Sinuri ang nabigong tangkang agad na itayo ang komuna sa halip na ang pangkat sa produksyon bilang batayang yunit ng akawnting. Siniyasat ang mga usapin sa distribusyon ng mga produktong pangkonsumo kaugnay ng kung bakit kinakailangan pa sa yugto ng sosyalismo ang prinsipyong "mula sa bawat isa ayon sa kakayahan, tungo sa bawat isa ayon sa nagawa". Sa

buod, inililinaw ni Mao ang mga ibubunga ng paggamit ng sistemang kalakal, palitan sa pamamagitan ng paggamit ng pera at karapatang burges, partikular dahil nasasalamin ang mga ito sa tatlong mayor na pagkakaiba: sa pagitan ng mga manggagawa't magsasaka, ng kalunsuran at kanayunan at ng paggawang mental at manwal.

Sa lahat ng kanyang komentaryo, makikita ang argumentong sa ultimong pagsusuri ay kapos na kapos ang karanasang Sobyet bilang positibong modelo sa pagsisikap ng Tsina na itatag ang sosyalismo. Kongklusyon ni Mao na hindi sapat na natugunan ng teksto sa ekonomyang pampulitika ang "bagong buong serye ng mga problema" na lumitaw sa panahon ng sosyalismo. Walang mungkahi ang teksto kung paano tutungo sa isang yugto ng rebolusyon mula sa isa pa, o kung anu-ano ang espesyal ng mga katangian ng bawat yugto. Halimbawa, ipinaliwanag niya na hindi nito isinaalang-alang kung paano isusulong ang proseso ng transpormasyon ng maliliit na prodyuser, anu-anong klase ng kontradiksyon ang matatagpuan sa bawat yugto ng transpormasyon at paano mareresolba ang mga ito. Sa katunayan, tinatalakay ng teksto ang "lubusang pagkonsolida" sa bawat isa sa mga yugto. Ang yugto mismo ang naging pinakalayunin sa halip na maging pansamantalang layunin lamang na dapat lampasan kapag bahagi nang natugunan (at sa gayo'y tunay na nakonsolida). Kongklusyon ni Mao na sa ganitong paraan, simpleng pinigil ng mga Ruso ang anumang konsiderasyon sa tuluy-tuloy na rebolusyonaryong proseso sa mga larangang pang-ekonomya, pampulitika at pang-ideolohiya.

Ang mga akda ni Mao sa kritikang ito ay mga dokumentong pantransisyon: Ang mga ito'y nasa kalagitnaan ng landas tungo sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Habang lumalalim ang kritisismo ni Mao sa modelo ng sosyalismo ng Sobyet noong Dakilang Igpaw, lumalim din ang paninindigan niyang ang transisyon tungong sosyalismo ay isang mahirap at matagalang pakikibaka na maaaring abutin ng isang buong istorikong panahon. Tulad ni Lenin, binigyan ni Mao ng papalaking pansin ang mga balakid at hirap sa transisyong ito. Rekisito sa pagsisikap tungong sosyalismo na pumailalim sa napakalaking pagbabago ang lahat ng aspeto ng lipunan. Sa kritikang ito, tinutukoy ni Mao iyong mga pwersang mahigpit na lumalaban para mapigil ang ganitong pagbabago, at tinatawag silang "mga konserbatibong pwersa" at "maka-Kanan" ang mga ito. Pero pinag-iisipan pa ni Mao ang kalikasan ng ganitong oposisyon at ang relasyon nito sa Partido Komunista; hindi niya presisong inilalahad ito. Hindi rin niya presisong sinasabi kung ano ang kahulugan ng makauring tunggalian sa panahon ng sosyalistang transisyon. Nananatili sa lipunang Tsino ang lumang mga elementong burges at pyudal, pero ang impluwensya ng lumang mga pagpapahalaga, ideya at gawi ng pag-iisip ang binibigyan niya ng papalaking pansin. Ipinapakita din ng mga akdang ito ang kanyang mga pagsisikap na hamunin iyong mga kasapi ng partido na nasa pusisyon ng awtoridad, ang mga manedyer, teknisyan, administrador at iba pang ekspertong nakapwesto sa pusisyong mas malaki ang kinikita at kapangyarihan kumpara sa mga manggagawa at magsasaka. Para sa kanya, ang mga anak ng kadre ay nakakadismaya, masyadong protektado at nagtataglay ng napakaraming ere sa pulitika. Ngunit ang mga panganib sa rebolusyon ay nakikita pa rin sa lumalaganap na burukratismo at hindi pa sa usapin ng uri. Partikular itong litaw sa maingat na pagpapaliwanag ni Mao hinggil sa burukratikong katangian ng Unyong Sobyet at sa kawalan niya ng kumpletong pag-aaral sa materyal na batayan ng pribilehiyadong papel ng burukrasya. Noong Hulyo 1964 na lamang ipinahayag ni Mao sa kanyang akdang "Hinggil sa Huwad na Komunismo ni Khrushchov at Ang Istorikong mga Aral nito sa Daigdig" na "ang kontradiksyon sa pagitan ng mamamayang Sobyet at ng pribilehiyadong saray na ito ang siya ngayong prinsipal na

kontradiksyon sa Unyong Sobyet at isa itong di mapagkakasundo at antagonistikong makauring kontradiksyon."[32]

Ang mga pakikitunggali sa mga sumasalungat sa Dakilang Igpaw Pasulong sa Tsina ang nag-obliga kay Mao para palalimin ang pagsusuri sa mga pumupuna sa kanya. Mula sa pag-atake na ito sa Dakilang Igpaw Pasulong na unang pinamunuan ni Peng Deh-huai at ipinagpatuloy ng iba pa sa sumunod na mga taon, pinalawig ni Mao ang konsepto niya sa "pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado". Pero noong 1962 na lamang binansagang mga rebisyunista ang mga maka-Kanan sa loob ng partido. At noong panahon na lamang ng Rebolusyong Pangkultura pinaunlad ang konsepto ng "naglalandas kapitalismo".

**Si Stalin at Ang Rebolusyong Ruso**

Maraming ipinahihiwatig ang *Isang Kritika sa Syensyang Pang-ekonomya ng Sobyet* para sa muling ebalwasyon sa Rebolusyong Ruso at sa papel ni Stalin. Bagamat kapaki-pakinabang na basahin ang mga akda sa ganitong perspektiba, hindi sinulat ni Mao ang mga ito bilang isang istorikong pag-aaral o kahit na bilang kritikal na ebalwasyon sa istorikong kontribusyon ni Stalin. Ang tunay na layunin ni Mao ay pag-isipan nang husto ang mga problemang kinakaharap ng Rebolusyong Tsino kaugnay ng perspektibang ihinahandog ng masusing pagsisiyasat sa mga aspeto ng karanasang Sobyet.

Bagamat ipinalaganap sa Tsina ang mga akdang ito para sa panloob na talakayan ng partido noong Rebolusyong Pangkultura, hindi kailanman upisyal na inilabas ang mga ito. Ang paunang salitang Tsino sa mga babasahing ito ay nagbababala na maaaring hindi lubos na wasto at kumpleto ang mga ito. Gayunman, sa kabuua'y wasto ang mga ito at nagbibigay ng napakahalaga at detalyadong pagsusuri kay Stalin at sa karanasang Sobyet, na kailanma'y hindi pa naging isang bagay na hayag sa Tsina.

Sa kalakhan, upisyal na ipinagtanggol ng mga Tsino si Stalin laban sa mga atake ni Khrushchov. Sinabi ni Mao, "Nang pinuna si Stalin noong 1956, masaya tayo sa isang banda, pero may agam-agam sa kabila. Lubos na kinailangang alisin ang tabing, wasakin ang bulag na pananalig, pakawalan ang presyur at palayain ang kaisipan. Pero hindi tayo sang-ayon na wasakin siya sa isang bigwas."[33]

Sa publiko, tiningnan si Stalin bilang isang "dakilang Marxista-Leninista" na nagmana ng adhikain ni Lenin, namuno sa sambayanang Sobyet sa pagtatamo ng sosyalistang industriyalisasyon, kolektibisasyon ng agrikultura at tagumpay sa pakikibaka laban sa pasismo. Pero kinikilalang nakagawa siya ng mabibigat na pagkakamali. Sa huling dalawang dekada, sinasabing kabilang sa mga ito ang sumusunod: paglihis sa Marxista-Leninistang diyalektika kaugnay ng kanyang pag-unawa sa batas ng makauring tunggalian sa sosyalistang lipunan; kabiguan sa pagkilala na pagkatapos ng kolektibisasyon ng agrikultura ay magpapatuloy ang antagonistikong makauring tunggalian at ang kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang landas at kapitalistang landas; kabiguang sumalig sa uring manggagawa at sa masa sa pakikibaka laban sa mga pwersa ng kapitalismo at pagpapaliit sa panganib ng kapitalistang pagnunumbalik bilang isang armadong pagsalakay ng pandaigdigang imperyalismo; malubhang pagpapabaya sa agrikultura at sa antas ng pamumuhay ng magsasaka at tagibang na pagbibigay diin sa mabigat na industriya; kawalan ng pagmamatyag

bago salakayin ng Germany ang Unyong Sobyet; labis na pagpapalawak ng saklaw ng panunupil sa mga kontra-rebolusyonaryo sa mga purgahan ng dekada 1930.

Ang mga puna ni Mao kay Stalin sa librong ito ay tumutumbok sa kaibuturan ng mga pamamaraang ginamit para maindustriyalisa ang Unyong Sobyet. Dahil dito, nagbibigay ang mga ito ng mahalagang Marxistang pagsusuri sa Unyong Sobyet na sa hinaharap ay maaaring isanib sa upisyal na mga pananaw ng Tsina, habang ang mga ito ay dapat makaambag ngayon sa Marxistang pag-unawa sa Unyong Sobyet na nagaganap sa labas ng Tsina.

- James Peck

## MGA TALA HINGGIL SA TEKSTO

Ang mga akdang ito ni Mao Zedong ay bahagi ng isang mas malaking koleksyon ng materyales na may pamagat na *Mabuhay Ang Kaisipang Mao Zedong*, na unang inilabas noong 1967 at muling inilabas noong 1969 nang may dagdag. Lahat ng tatlong akdang isinalin dito ay nasa edisyong 1969 at ang unang dalawa'y nasa edisyong 1967 din. Ibig sabihin, may dalawang edisyon ang *Mga Tala sa Pagbabasa ng Tekstong Sobyet na Ekonomyang Pampulitika* at ang talumpati hinggil sa *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR*.

Ang dalawang bersyon ay halos magkapareho sa kabuuan bukod sa kaunting pagkakaiba – ang ila'y tipograpikal, ang ilan nama'y substantibo. Makikita sa talababaan ng salin ang substantibong mga kaibahan. Ang edisyong 1969 ang ginagamit kapag may maliliit na pagkakaiba sa estilo ng dalawang bersyon liban na lamang kung babanggitin na ang edisyong 1967 ang ginamit.

Ang talumpati ni Mao hinggil sa *Mga Problemang Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR* ay malamang na binigkas sa Kumperensya sa Ch'engchou noong Nobyembre 1958, samantalang ang kanyang nakasulat na kritika ay ginawa noong 1959. Sa bersyong 1967 ng *Mabuhay Ang Kaisipang Mao Zedong*, ang *Mga Tala sa Pagbabasa* ay may petsang 1960; sa edisyong 1969 ito ay may petsang 1961-1962. Halos nakakatiyak kami na ang *Mga Tala sa Pagbabasa* ay may petsang 1960.

Ang mga paunang salita sa dalawang koleksyong ito ay nagpapaalala na hindi para sa pormal na publikasyon ang materyales na ito. Haka-haka lamang kung sino at para sa anong intensyon inilabas ang materyales na ito. Naniniwala kami na ang ginamit naming tekstong Tsino ay kopya ng orihinal na bersyon na malamang na inilabas sa Tsina sa pamamagitan ng mga daluyan sa Taiwan o Hongkong.

Dapat banggitin ang ilang posibleng limitasyon sa salin ng *Mga Tala sa Pagbabasa*. Ang tinutukoy ni Mao na mga sangguniang pahina sa paggawa ng kanyang kritika ay iyong sa ikatlong edisyong Tsino ng teksbuk ng Sobyet at walang pagsangguni sa orihinal na tekstong Ruso. Wala kaming kopya ng edisyong Tsino kung kaya ang mga sipi ni Mao mula sa orihinal ay hindi makumpirma sa pinaghalawan ng mga ito at hindi maikumpara sa edisyong Ruso.

Bagamat isang sistemang transliterasyong ponetiko, ang Pin-yin ay papalawak nang ginagamit sa Tsina bilang paraan ng pagsasaRomano ng letrang Tsino, ginamit namin sa

teksto ang binagong sistemang Wade-Giles dahil ito pa rin ang kinikilala ng karamihan sa mga Taga-kanluran. Gayunman, sa *Introduksyon* at *Mga Tala* ay inilagay namin ang bagong mga anyo sa panaklong para sa interesadong mambabasa. Kaugnay ng mga pangalang makikita sa teksto kung saan napakahirap gamitin ang pamamaraang ito, nasa ibaba ang listahan ng ilang katumbas na pangalan.

| *Wade-Giles* | *Pin-yin* |
|---|---|
| Honan | Henan |
| Hopei | Hebei |
| Ch'engchou | Chengzhou |
| Ch'engtu | Chengdu |
| Kuangtung | Guangdong |
| Sinkiang | Xinjiang |
| Ch'inghai | Qinghai |
| Fukien | Fujian |
| Ninghsia | Ningxia |
| Chihlo | Zhilo |
| Shaokuan | Shaoguan |
| Chekiang | Zhejiang |
| Hsiuwu | Xiuwu |

Bilang panghuli, narito ang isang komentaryo hinggil sa paggawa ng *Isang Kritika sa Syensyang Pang-ekonomya ng Sobyet.* Isinalin ni Moss Roberts ang teksto samantalang pinasadahan ni Richard Levy ang salin at gumawa ng maraming pagbabago. Binasa nina James Peck at Paul Sweezy ang salin at nagbigay ng karagdagang mga mungkahi. Sinulat ni James Peck ang *Introduksyon* pero ito'y produkto ng maraming puna at mungkahi nina Richard Levy at Moss Roberts. Ang mga anotasyon ay sinulat ni Robert Levy at inedit nina James Peck at Moss Roberts. Panghuli, nais naming mga lumahok sa proyektong ito na magbigay ng espesyal na pasasalamat kay Karen Judd para sa kanyang tulong editoryal, tiyaga at kasayahan.

## MGA TALA SA PAGBABASA NG TEKSTONG SOBYET NA *EKONOMYANG PAMPULITIKA* (1961-1962)

## UNANG BAHAGI: TSAPTER 20-23

### 1. Mula Kapitalismo tungong Sosyalismo

Sa pahina 327-28, sinasabi ng teksto na "di maiiwasang" hahalinhan ng sosyalismo ang kapitalismo at dagdag pa'y gagawin ito sa "rebolusyonaryong paraan". Sa panahon ng imperyalismo, mas tumalim kaysa kailanman sa nakaraan ang mga tunggalian ng mga produktibong pwersa at mga relasyon sa produksyon. Ang proletaryong sosyalistang rebolusyon ay isang "obhetibong pangangailangan". Lubhang kasiya-siya ang ganoong mga pahayag at dapat ngang ganoon. Wastung-wasto ang "obhetibong pangangailangan" at katanggap-tanggap sa mamamayan. Ang pagtaguri sa rebolusyon bilang obhetibong pangangailangan ay nangangahulugan lamang na hindi nakabatay sa mga intensyon ng mga indibidwal ang direksyong tatahakin nito. Gustuhin man ito o hindi, darating ito.

"Oorganisahin" ng proletaryado "ang lahat ng anakpawis sa paligid nito sa layuning pawiin ang kapitalismo". (p. 327) Tama. Pero sa puntong ito, dapat iangat ang usapin sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. "Hindi makakaasa ang proletaryong rebolusyon na may makikitang yari nang mga sosyalistang anyong pang-ekonomya." "Hindi mahihinog ang mga sangkap ng sosyalistang ekonomya sa loob ng isang kapitalistang ekonomya na nakabatay sa pribadong pagmamay-ari." (p. 328) Mangyari pa, hindi lamang hindi "mahihinog", kundi ni hindi mailuluwal ang mga ito. Sa mga kapitalistang lipunan, ni hindi mailuluwal ang isang kooperatibong ekonomya o ekonomyang pinatatakbo ng estado, ang pagkahinog pa kaya. Ito ang pangunahing pagkakaiba natin sa mga rebisyunista na nangangalandakang sa mga kapitalistang lipunan, aktwal na mga sosyalistang elemento iyong mga bagay tulad ng munisipal na mga empresang publiko, at nagsasabing mapayapang uunlad tungong sosyalismo ang kapitalismo. Malubhang pambabaluktot ito sa Marxismo.

2. Ang Panahon ng Transisyon

Sinasabi ng libro, "Ang panahon ng transisyon ay nagsisimula sa pagtatatag ng proletaryong kapangyarihang pampulitika at nagwawakas sa katuparan ng responsibilidad ng sosyalistang rebolusyon, ang pagtatatag ng sosyalismo, ang unang yugto ng komunismo." (p. 328) Sa pinal na pagsusuri, kailangang masusing pag-aralan kung anong mga yugto ang nakapaloob sa panahon ng transisyon. Ang transisyon lamang ba tungong sosyalismo mula kapitalismo ang nakapaloob o kabilang din ang transisyon tungong komunismo mula sosyalismo?

Dito sinisipi si Marx: may "panahon ng rebolusyonaryong transpormasyon" mula kapitalismo tungong komunismo. Nasa ganoong yugto tayo ngayon. Sa loob ng isang takdang panahon, kailangang isagawa ng ating mga komunang bayan ang transpormasyon mula pagmamay-ari ng batayang pangkat tungo sa pagmamay-ari ng batayang komuna[1] at pagkaraa'y tungo sa pagmamay-ari ng buong sambayanan[2]. Ang transpormasyon sa pagmamay-ari ng batayang komuna na naisagawa na ng mga komunang bayan ay nananatiling kolektibong pagmamay-ari at [hindi pa pagmamay-ari ng buong sambayanan].[*]

Sa yugtong transisyon, "dapat pundamental na matransporma ang lahat ng relasyong panlipunan." Sa prinsipyo, wasto ang proposisyong ito. Kasama sa ibig sabihin ng lahat ng relasyong panlipunan ang relasyon sa produksyon at ang superistruktura – ekonomya, pulitika, ideolohiya at kultura, atbp.

Sa yugtong transisyon, dapat nating "bigyang kakayahan ang mga produktibong pwersa na kamtin ang pag-unlad na kailangan nila para magarantyahan ang tagumpay ng sosyalismo". Para sa Tsina, sa masaklaw na pananalita'y masasabi ko na sa minimum ay kakailanganin natin ng 100-200 milyong tonelada ng asero taun-taon. Hanggang sa taong ito, ang pangunahin nating nagawa ay ang paghahawan ng daan para sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Halos kasisimula pa lamang ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa ng sosyalismo sa Tsina. Dahil pinanday ng Dakilang Igpaw Pasulong ng 1958-59, tatanawin natin ang 1960 bilang isang taon na may pangako ng malaking pag-unlad sa produksyon.

[*] Ang nasa panaklong ay isiningit ng nagsalin para malinaw.

3. Unibersal at Partikular na mga Katangian ng Proletaryong Rebolusyon sa Iba't-ibang Bayan

Sinasabi ng libro na ang Rebolusyong Oktubre ang "tumayong modelo", at bawat bayan ay "may sariling partikular na mga anyo at kongkretong mga paraan ng konstruksyon ng sosyalismo". Mainam ang proposisyong ito. Noong 1848 may inilabas na Manipestong Komunista. Pagkaraan ng sandaa't sampung taon, may isa pang Manipestong Komunista, ang Deklarasyon sa Moscow na ginawa ng iba't ibang partido komunista noong 1957. Ang deklarasyong ito ay tumatalakay sa paglalapat ng unibersal na mga batas sa mga kongkretong partikularidad.

Ang pagkilala sa modelo ng Rebolusyong Oktubre ay pagkilala na pare-pareho ang "batayang nilalaman" ng proletaryong rebolusyon ng alinmang bayan. Sa bagay na ito mismo kasalungat natin ang mga rebisyunista.

Bakit hindi unang nagtagumpay ang rebolusyon sa mga bansa sa Kanluran na may mataas na antas ng kapitalistang produktibidad at malaking bilang ng proletaryado, kundi sa mga bansa sa Silangan, halimbawa'y sa Rusya at Tsina, kung saan relatibong mababa ang antas ng kapitalistang produktibidad at relatibong maliit ang bilang ng proletaryado? Kailangang pag-aralan ang usaping ito.

Bakit nakamit ng proletaryado ang unang tagumpay nito sa Rusya? Ayon sa teksto, dahil "lahat ng kontradiksyon ng imperyalismo ay nagsama-sama sa Rusya". Ipinapahiwatig ng kasaysayan ng rebolusyon na bumabaling ang pokus ng rebolusyon sa Silangan mula Kanluran. Sa pagtatapos ng ika-18 siglo, ang pokus ay nasa France, na naging sentro ng buhay pampulitika ng daigdig. Noong kalagitnaan ng ika-19 na siglo, bumaling ang pokus sa Germany, sa pag-imbulog ng proletaryado sa tanghalan ng pulitika na nagsilang sa Marxismo. Sa maagang mga taon ng ika-20 siglo, bumaling ang pokus sa Rusya, na nagsilang sa Leninismo. Kung wala ang pag-unlad na ito ng Marxismo, hindi sana nagtagumpay ang Rebolusyong Ruso. Pagdating ng kalagitnaan ng ika-20 siglo, bumaling na sa Tsina ang pokus ng pandaigdigang rebolusyon. Mangyari pa, tiyak na magbabago muli ang pokus sa hinaharap.

Isa pang dahilan ng tagumpay ng Rebolusyong Ruso ay nagsilbing alyadong pwersa ng rebolusyon ang malawak na masa ng uring magsasaka. Ayon sa teksto, "Nakipag-alyansa ang proletaryadong Ruso sa maralitang[*] magsasaka". (p. 328-9, 1967 ed.) May ilang saray sa hanay ng mga magsasaka at ang maralitang magsasaka ang sinaligan ng proletaryado. Sa pagsisimula ng isang rebolusyon, laging urong-sulong ang panggitnang magsasaka; nagmamasid muna sila kung may lakas ang rebolusyon, kung maipepreserba nito ang sarili, kung may maiaalok itong mga bentahe. Pero hindi papanig ang panggitnang magsasaka sa proletaryado hanggat hindi sila nagkakaroon ng relatibong malinaw na larawan. Ganoon ang nangyari sa Rebolusyong Oktubre. At ganoon din ang nangyari sa ating reporma sa lupa, mga kooperatiba at komunang bayan.[3]

[*] Sa tekstong 1969 lamang mayroon nito.

Sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, hinawan ng isplit ng Bolshevik at Menshevik ang landas tungo sa tagumpay ng Rebolusyong Oktubre. At kung wala ang pakikibaka ng mga Bolshevik laban sa mga Menshevik at sa rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal, hindi sana kailanman magtatagumpay ang Rebolusyong Oktubre. Isinilang at umunlad ang Leninismo mula sa pakikibaka sa lahat ng anyo ng rebisyunismo at oportunismo. At kung walang Leninismo, hindi sana nagtagumpay ang Rebolusyong Ruso.

Ayon sa libro, "Unang nagtagumpay ang proletaryong rebolusyon sa Rusya at ang Rusya bago magrebolusyon ay nasa antas na ng kapitalistang pag-unlad na sapat para magtagumpay ang rebolusyon." Maaaring hindi manggaling sa isang bayang may mataas na antas ng kapitalistang pag-unlad ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon. Tumpak na tumpak ang libro sa pagsipi kay Lenin. Hanggang sa kasalukuyan, sa mga bayang nagtagumpay na ang sosyalistang rebolusyon, tanging ang East Germany at Czechoslovakia ang may relatibong mataas na antas ng kapitalismo; sa ibang lugar ay relatibong mababa ang antas. At hindi pa sumisiklab ang rebolusyon sa alinmang bansa sa Kanluran na may relatibong mataas na antas ng pag-unlad. Sabi ni Lenin, "Ang rebolusyon ay unang sisiklab sa mahinang kawing ng imperyalistang daigdig". Sa panahon ng Rebolusyong Oktubre, ang Rusya ang mahinang kawing na iyon. Totoo rin ito sa Tsina pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre. Ang Rusya at Tsina ay kapwa may relatibong malaking bilang ng proletaryado at malawak na uring magsasaka na inaapi at nagdurusa. At parehong malalaking estado ang mga ito.[*] Pero kaugnay ng mga ito, katulad na katulad ang India. Ang tanong ay bakit hindi maipagtagumpay ng India ang isang rebolusyon sa pamamagitan ng pagwasak sa mahinang kawing ng imperyalismo tulad ng inilarawan ni Lenin at Stalin? Dahil isang kolonyang Ingles ang India, isang kolonya ng iisang imperyalistang estado. Narito ang pagkakaiba ng India at Tsina. Ang Tsina ay isang malakolonya sa ilalim ng maraming imperyalistang gubyerno. Hindi aktibong lumahok sa burges-demokratikong rebolusyon ng sariling bayan ang Partido Komunista ng India at hindi ito kumilos para maging posible sa mga proletaryado ng India na pamunuan ang demokratikong rebolusyon. Kahit pagkaraan ng kasarinlan, hindi rin nagpunyagi ang Partido Komunista ng India sa adhikain ng kasarinlan ng proletaryado ng India.

Pinatunayan ng istorikong karanasan ng Tsina at Rusya na para magtagumpay ang rebolusyon, isang pinakamahalagang kondisyon ang pagkakaroon ng isang partidong husto sa gulang. Sa Rusya, aktibong lumahok ang mga Bolshevik sa demokratikong rebolusyon at nagpanukala ng programa para sa rebolusyon ng 1905 na kaiba ng sa burgesya. Isa itong programa na naglalayong lutasin hindi lamang ang usapin ng pagbabagsak sa tsar kundi pati na ang usapin kung paano aagawin ang pamumuno mula sa Demokratikong Partidong Konstitusyunal sa pakikibaka para pabagsakin ang tsar.

Sa panahon ng rebolusyon ng 1911, wala pang partido komunista ang Tsina. Pagkatatag ng Partido Komunista ng Tsina noong 1921, kagyat at masiglang nilahukan at pinamunuan nito ang demokratikong rebolusyon. Ang gintong panahon ng burgesyang Tsino ay noong mga taong 1905-1917, nang masiglang-masigla ang rebolusyon nila. Pagkaraan ng rebolusyon ng 1911, dumadausdos na ang Partido Nasyunalista. At pagdating ng 1924, wala silang ibang alternatibo kundi bumaling sa Partido Komunista bago sila nakasulong. Nilampasan ng

[*] Nasa orihinal ang *ellipsis*, o omisyon ng salitang maaari nang di gamitin.

proletaryado ang burgesya. Hinalinhan ng partidong pampulitika ng proletaryado ang partidong pampulitika ng burgesya bilang pinuno ng demokratikong rebolusyon. Madalas nating sabihin na noong 1927 ay hindi pa naabot ng Partido Komunista ng Tsina ang hustong gulang. Sa pangunahin, nangangahulugan ito na noong mga taon ng pakikipag-alyansa nito sa burgesya, hindi nakita ng ating partido ang posibilidad na ipagkakanulo ng burgesya ang rebolusyon, at mangyari pa, hinding-hindi ito napaghandaan.

Dito (p. 331) nagpatuloy ang teksto at ipinahayag ang pananaw na ang dahilan kung bakit nakakapagsulong ng sosyalistang rebolusyon ang mga bayang dominado ng prekapitalistang mga anyong pang-ekonomya ay ang tulong mula sa abanteng mga sosyalistang bayan. Hindi kumpletong paraan ito ng paglalahad ng usapin. Nang magtagumpay ang demokratikong rebolusyon sa Tsina, kinaya nating tahakin ang landas ng sosyalismo pangunahin dahil naibagsak natin ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Pangunahin ang internal na mga salik. Bagamat mahalagang kondisyon ang tulong na tinanggap natin mula sa matatagumpay na sosyalistang bayan, hindi ito ang makakalutas sa usapin kung kaya nating tahakin o hindi ang landas ng sosyalismo kundi makakaimpluwensya lamang sa bilis ng pag-abante matapos nating tahakin ang landas. Kung may ayuda, mas mabilis ang pag-abante natin, kung wala nama'y mas mabagal. Kabilang sa tinatawag nating tulong, bukod sa ayudang pang-ekonomya, ay ang maingat nating paglalapat ng positibo at negatibong mga karanasan sa mga tagumpay at kabiguan ng tumutulong na bayan.

4. Ang Usapin ng "Mapayapang Transisyon"

Sa pahina 330, sinasabi ng libro na, "Sa ilang kapitalistang bayan at sa dating mga kolonya, isang praktikal na posibilidad na agawin ng uring manggagawa ang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng mapayapang parlamentaryong paraan." Sabihin nga ninyo sa akin, alin ang "mga bayang" ito? Armado nang husto ang mga pangunahing kapitalistang bayan sa Europa at North America. Sa akala ba ninyo, hahayaan nila kayong mapayapang agawin ang kapangyarihan?

Kailangang ihanda ng partido komunista at mga rebolusyonaryong pwersa ang dalawang kamay, isa para mapayapang magtagumpay; isa para agawin ang kapangyarihan sa pamamagitan ng dahas. Hindi maaaring isantabi ang alinman. Esensyal na maunawaan na kung isasaalang-alang ang pangkalahatang kalakaran ng mga bagay-bagay, walang intensyon ang burgesya na bitiwan ang kapangyarihang pampulitika nito. Ipaglalaban nila ito, at kung manganganib ang kanilang buhay, bakit hindi sila gagamit ng dahas? Sa Rebolusyong Oktubre, tulad ng sa atin, nakahanda ang dalawang kamay. Bago Hulyo 1917, pinag-isipan din ni Lenin ang paggamit ng mapayapang paraan para magtagumpay, pero ipinakita ng insidente ng Hulyo na hindi na posibleng mapayapang kamtin ng proletaryado ang kapangyarihan. At nang baguhin niya ang kanyang pananaw at magsagawa ng tatlong buwang paghahandang militar, saka lamang niya naipagtagumpay ang Rebolusyong Oktubre. Pagkaagaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika sa proseso ng Rebolusyong Oktubre, nanatiling kiling si Lenin sa mapayapang pamamaraan, sa paggamit ng "pagtubos" para pawiin ang kapitalismo at ipatupad ang sosyalistang transpormasyon. Pero naglunsad ng kontra-rebolusyonaryong armadong pag-aalsa at panghihimasok ang burgesya, sa pakikipagkutsabahan sa labing-apat na imperyalistang kapangyarihan. Kaya't bago nakonsolida ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre, kinailangang maglunsad ng tatlong taong armadong pakikibaka sa pamumuno ng partidong Ruso.

5. Mula Demokratikong Rebolusyon Tungong Sosyalistang Rebolusyon – Ilang Usapin

Sa bandang huli ng pahina 330, tinatalakay ng teksto ang transpormasyon ng demokratikong rebolusyon sa sosyalistang rebolusyon pero hindi malinaw na ipinapaliwanag kung paano nagaganap ang transpormasyon. Isang sosyalistang rebolusyon ang Rebolusyong Oktubre na gumampan din ng ng tungkuling naiwan ng burges-demokratikong rebolusyon. Pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre, kagyat na ipinroklama ang nasyunalisasyon ng lupa. Pero gumugol ng ilang panahon para lubusin ang demokratikong rebolusyon sa usapin sa lupa.

Noong panahon ng Digma para sa Pagpapalaya, ginampanan ng Tsina ang mga tungkulin ng demokratikong rebolusyon. Ang pagtatatag ng Republikang Bayan ng Tsina noong 1949 ay hudyat ng batayang kongklusyon ng demokratikong rebolusyon at ng pagsisimula ng transisyon tungong sosyalismo. Tatlong taon pa ang kinailangan para matapos ang reporma sa lupa, pero noong naitatag na ang Republika, agad nating kinumpiska ang burukratiko-kapitalistang mga empresa – 80 porsyento ng pirming ari-arian ng ating industriya at transportasyon – at itinransporma sa pagmamay-ari ng buong sambayanan.

Noong Digma para sa Pagpapalaya, ipinanawagan natin ang mga islogang anti-burukratang-kapitalista, pati na mga islogang anti-imperyalista at antipyudal. May dalawahang katangian ang pakikibaka sa burukratikong kapitalismo: ito'y may katangiang demokratiko-rebolusyonaryo sa antas na laban ito sa kumprador kapitalismo,[4] pero may katangian itong sosyalista sa antas na laban ito sa malaking burgesya.

Nang maipagtagumpay ang Digma para sa Pagtatanggol, nakuha ng Partido Nasyunalista [KMT] ang napakalaking bahagi ng burukratikong kapital mula sa Japan, Germany at Italy. May walong burukratikong kapital kada dalawang pambansang kapital [ibig sabihin, ng sa Tsino]. Matapos ang Liberasyon, kinumpiska natin ang lahat ng burukratikong kapital, at sa gayon napawi ang mga pangunahing sangkap ng kapitalismong Tsino.[5]

Pero maling isipin na matapos ang pagpapalaya sa buong bayan, "ang rebolusyon sa pinakamaagang yugto nito ay nagtataglay lamang sa pangunahin ng katangian ng isang burges-demokratikong rebolusyon at sa kalaunan pa ito unti-unting uunlad bilang isang sosyalistang rebolusyon". [Walang binanggit na pahinang pinaghalawan.]

6. Ang Karahasan at Ang Proletaryong Diktadura

Sa pahina 333, maaari pang maging mas presiso ang teksto sa paggamit nito ng konsepto ng karahasan. Laging sinasabi nina Marx at Engels na "sa pakahulugan, ang estado ay isang instrumento ng dahas na ginagamit para supilin ang katunggaling uri". Kung gayon, hindi kailanman masasabing "hindi lantay at simpleng gumagamit ng dahas ang proletaryong diktadura sa pakikitungo sa mapagsamantala at maaari pa ngang hindi gumamit nito sa pangunahin."

Kapag nasa peligro ang buhay ng uring nagsasamantala, lagi itong gumagamit ng dahas. Mangyari pa, pagkakitang-pagkakita nilang nagsisimula ang rebolusyon, agad nila itong sinusupil sa pamamagitan ng dahas. Sinasabi ng teksto na, "Pinatunayan ng istorikong

karanasan na talagang hindi handang isuko ng uring nagsasamantala ang kapangyarihang pampulitika sa mamamayan at gumagamit ng armadong pwersa para labanan ang kapangyarihang pampulitika ng bayan." Hindi ito ang kumpletong paraan ng paglalahad ng usapin. Hindi lamang kapag nakapag-organisa ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika ang mamamayan saka ito marahas na lalabanan ng uring nagsasamantala. Kahit mismong sa sandaling mag-alsa ang mamamayan para agawin ang kapangyarihang pampulitika ay agad na gumagamit ng dahas ang mga mapagsamantala para supilin ang rebolusyonaryong mamamayan.

Ang layunin ng ating rebolusyon ay paunlarin ang mga pwersa sa produksyon ng lipunan. Para sa layuning ito, kailangan muna nating ibagsak ang kaaway. Ikalawa, kailangan nating supilin ang kanilang paglaban. Paano natin ito gagawin nang walang rebolusyonaryong dahas ng mamamayan?

Dito, tinutukoy ng libro ang "esensya" ng proletaryong diktadura at ang pangunahing mga responsibilidad ng uring manggagawa at masang anakpawis sa pangkalahatan sa sosyalistang rebolusyon. Pero di kumpleto ang talakayan dahil kinakaligtaan nito ang pagsupil sa kaaway, gayundin ang pagpapanibagong-hubog ng mga uri. Kailangang magpanibagong-hubog ang mga panginoong maylupa, burukrata, kontra-rebolusyonaryo at di kanais-nais na mga elemento; ganito rin ang dapat para sa uring kapitalista, nakatataas na saray ng petiburgesya at panggitnang[*] magsasaka. Ipinapakita ng ating karanasan na mahirap ang pagpapanibagong-hubog. Hindi lubos na makakapagpanibagong-hubog iyong hindi dumaan sa tuluy-tuloy at paulit-ulit na pakikibaka. Para pawiin nang husto ang anumang nalalabing lakas ng burgesya at anumang impluwensya nila, kakailanganin ang isa o dalawang dekada man lamang at maaari pa ngang abutin ng kalahating siglo. Sa kanayunan kung saan ipinapatupad na ang batayang pagmamay-ari ng komuna, naitransporma na sa pagmamay-ari ng estado ang pribadong pagmamay-ari. Napakaraming bagong lunsod at bagong pangunahing industriya sa buong bayan. Moderno na ang transportasyon at komunikasyon sa buong bayan. Tunay ngang nabago na nang husto ang sitwasyong pang-ekonomya at sa kauna-unahang pagkakatao'y hakbang-hakbang na mababaligtad ang pananaw sa daigdig ng mga magsasaka. (Dito, sa pagbanggit ng "pangunahing mga responsibilidad", ginagamit ng libro ang mga pananalita ni Lenin na kaiba sa orihinal niyang intensyon.)

*Nasa tekstong 1969 lamang.

Ang pagsusulat o pagsasalita para pakibagayan ang panlasa ng kaaway, ang mga imperyalista, ay panlilinlang sa masa at bunga nito'y pag-aalo sa kaaway habang pinananatiling ignorante ang sariling uri.

<u>7. Ang Anyo ng Proletaryong Estado</u>

Sa pahina 334, sinasabi ng libro na, "maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo ang proletaryong estado". Totoo nga, pero walang gaanong esensyal na pagkakaiba ang proletaryong diktadura sa mga demokrasyang bayan at sa itinatag sa Rusya pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre. Dagdag pa, parehong mga asembleya ng mga kinatawan ang mga sobyet ng Unyong Sobyet at ang sarili nating mga kongresong bayan na magkaiba lamang sa

[*] Nasa tekstong 1969 lamang

pangalan. Sa Tsina, kabilang sa mga kongresong bayan iyong mga lumalahok bilang kinatawan ng burgesya, mga kinatawang humiwalay na sa Partido Nasyunalista at kinatawang kilala bilang demokratikong personahe. Tinanggap nilang lahat ang pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina. Isang grupo mula sa kanilang hanay ang nagtangkang manggulo, pero nabigo ito. Maaaring lumitaw na naiiba sa sobyet ang ganitong anyo na bukas sa iba, pero dapat tandaang pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre, kabilang sa mga sobyet ang mga kinatawan ng maka-Kanang Menshevik na Rebolusyonaryong Sosyalistang Partido, isang paksyong Trotskyista, isang paksyong maka-Bukharin, isang paksyong maka-Zinoviev at iba pa. Naturingang mga kinatawan ng mga manggagawa't magsasaka, sa katunaya'y kinatawan sila ng burgesya. Ang yugto pagkaraan ng Rebolusyong Oktubre ay panahong tumanggap ang proletaryado ng malaking bilang ng tauhan mula sa gubyernong Kerensky, na lahat ay elementong burges. Ang ating sentral na gubyernong bayan ay itinatag sa pundasyon ng Gubyernong Bayan ng Hilagang Tsina. Lahat ng kasapi ng iba't ibang kagawaran ay mula sa mga baseng purok at mga kasapi ng Partido Komunista ang mayorya ng pinakamaaasahang kadre.

<u>8. Pagtatransporma sa Kapitalistang Industriya at Komersyo</u>

Sa pahina 335, may maling paliwanag hinggil sa proseso kung paano binago ang kapitalistang pagmamay-ari tungo sa pagmamay-ari ng estado sa Tsina. Ipinapaliwanag lamang ng libro ang ating patakaran sa pambansang kapital pero hindi ang ating patakaran sa burukratikong kapital (ekspropriyasyon). Para itransporma ang propyedad ng burukratikong kapitalista tungo sa pagmamay-aring publiko, pinili natin ang ekspropriyasyon.

Sa ikalawang talata ng pahina 335, tinatratong iisa at espesyal na karanasan ang pagdaan sa kapitalistang anyo ng estado para itransporma ang kapitalismo; itinatakwil ang unibersal na kabuluhan nito. Ang mga bayan sa Kanlurang Europa at United States ay may napakataas na antas ng kapitalistang pag-unlad at hawak ng minorya ng mga monopolyong kapitalista ang makapangyarihang mga pwesto. Pero may malaking bilang din ng maliliit at panggitnang kapitalista. Sa gayon, sinasabing ang kapital ng US ay konsentrado pero may malawak ding distribusyon. Pagkaraan ng matagumpay na rebolusyon sa mga bayang ito, walang dudang kakailanganin ang ekspropriyasyon ng monopolyong kapital, pero ganoon din ba ang ekspropriyasyon ng maliliit at panggitnang kapitalista? Maaari ngang mangyari na magtaguyod ng isang anyo ng kapitalismo ng estado para itransporma ang mga ito.

Maaaring isiping isang rehiyong may mataas na antas ng kapitalistang pag-unlad ang ating mga probinsya sa hilagang-silangan. Gayundin ang Kiangsu (na ang mga sentro ay nasa Shanghai at sa katimugang bahagi ng probinsya). Kung uubra ang kapitalismo ng estado sa mga lugar na ito, sabihin nga ninyo sa akin kung bakit hindi uubra ang ganitong patakaran sa ibang mga bayan na katulad ng mga sektor na ito sa probinsya.

Ang paraang ginamit ng Hapones nang hawakan nila ang ating mga probinsya sa hilagang-silangan ay ang pagpawi sa pangunahing lokal na mga kapitalista at pagtransporma ng kanilang mga empresa sa mga empresang pinangangasiwaan ng estadong Hapones, o sa ilang kaso, bilang mga monopolyong kapitalistang empresa. Nagtayo sila ng mga subsidyaryong kumpanya para sa maliliit at panggitnang kapitalista bilang paraan ng pagpapataw ng kontrol.

Ang pagtatransporma natin sa pambansang kapital ay dumaan sa tatlong yugto: pribadong pagmamanupaktura batay sa order ng estado, unipikadong pagbili at pagbebenta ng gubyerno ng pribadong produkto, pinagsamang operasyong estado-pribado (ng indibidwal na mga yunit at ng buong mga kompleks). Sistematikong ipinatupad ang bawat yugto. Napigilan nito ang anumang pinsala sa produksyon na aktwal na umunlad sa proseso ng transpormasyon. Natamo natin ang maraming bagong karanasan sa kapitalismo ng estado; isang halimbawa ay ang pagbibigay ng pirming interes sa mga kapitalista pagkaraan ng yugto ng pinagsamang operasyong estado-pribado.[7]

9. Mga Panggitnang Magsasaka

Pagkatapos ng reporma sa lupa, walang katumbas na pera ang lupa at "takot magpakita" ang mga magsasaka. May mga kasamang minsa'y nag-akala na di kasiya-siya ang ganitong sitwasyon, pero ang nangyari'y sa proseso ng makauring pakikibaka na nanghiya sa mga panginoong maylupa at mayayamang magsasaka, nagkaroon ng pananaw ang uring magsasaka na may dignidad sa kahirapan at kahiya-hiya ang maging mayaman. Ito ay magandang palatandaan na nagpapakitang naibagsak na ng mga maralitang magsasaka ang mayayamang magsasaka sa larangan ng pulitika at naitatag na ang dominasyon nila sa kanayunan.

Sa pahina 339 sinasabing ang lupang kinuha sa mayayamang magsasaka at ibinigay sa maralita at panggitnang magsasaka ay lupang kinumpiska ng gubyerno at pagkaraa'y ipinamahagi. Ito'y pagtingin sa usapin bilang pabor mula sa hari na kinakalimutang nasimulan na ang makauring pakikibaka at mobilisasyong masa, isang lihis na maka-kanang pananaw. Ang ating paraan ay sumalig sa mga maralitang magsasaka, makipagkaisa sa mayorya ng panggitnang magsasaka (mababang panggitnang magsasaka) at agawin ang lupa mula sa uring panginoong maylupa. Bagamat gumanap nga ang partido ng namumunong papel, tutol itong gawin ang lahat at sa gayo'y humalili sa masa. Totoong ang kongkretong praktika nito ay ang "pakikisalamuha sa mahihirap para malaman ang kanilang mga hinaing", matukoy ang mga elementong aktibista, umugat at ayusin ang mga bagay-bagay, konsolidahin ang mga bag-as, isulong ang pagpapahayag ng mga hinaing at organisahin ang makauring hanay – lahat ng ito sa layuning ibunsod ang makauring pakikibaka.

Sinasabi ng teksto na "naging pangunahing personahe sa kanayunan ang mga panggitnang magsasaka". Hindi kasiya-siya ang ganitong pagkakalahad. Kung ipoproklama ang mga panggitnang magsasaka bilang mga pangunahing personahe, kung pupurihin sila nang abot-langit, kung hindi kailanman mangangahas na pasakitan sila, tiyak na ang magiging pakiramdam ng dating mga maralitang magsasaka ay parang isinasantabi na sila. Di maiiwasang magiging daan ito para akuin ng mga panggitnang magsasaka na maykaya ang pamumuno sa kanayunan.

Walang ginawang pagsusuri sa panggitnang magsasaka ang libro. Pinag-iiba natin ang mataas at mababang panggitnang magsasaka at iyong mga bago at luma sa mga kategoryang ito nang may bahagyang pagkiling sa bago. Ipinapakita ng karanasan sa sunud-sunod na kampanya na relatibong may mahusay na aktitud sa pulitika ang maralitang magsasaka, bagong mababang panggitnang magsasaka at lumang mababang panggitnang magsasaka. Sila ang nagtataguyod sa mga komunang bayan. Sa hanay ng mataas na panggitnang magsasaka at nakaririwasang panggitnang magsasaka, may grupong sumusuporta sa mga komuna at

mayroon ding sumasalungat sa mga ito. Ayon sa datos mula sa probinsya ng Hopei, umaabot sa mahigit 40 libo ang kabuuang bilang ng mga pangkat sa produksyon, na 50 porsyento ang nagtataguyod sa mga komuna nang walang reserbasyon, at 35 porsyento nito ay nagtataguyod nito sa saligan, ngunit may tutol o duda sa ilang partikular na usapin, at 15 porsyento nito ang salungat o may mabibigat na reserbasyon sa mga komuna. Ang pagtutol ng huling pangkat ay dahil sa napunta sa nakaririwasang panggitnang magsasaka o kahit sa mga elementong di kanais-nais ang pamumuno sa mga pangkat. Sa prosesong ito ng edukasyon sa tunggalian sa pagitan ng dalawang landas, para paunlarin ang debate sa mga pangkat na ito, kailangang magbago ang pamunuan ng mga ito. Malinaw kung gayon na kailangang pagpursigihan ang pagsusuri sa panggitnang magsasaka. Ito'y dahil ang usapin kung sino ang hahawak ng pamumuno sa kanayunan ay may malaking kabuluhan sa direksyon ng mga pag-unlad doon.

Sa pahina 340, sinasabi ng libro, "Sa esensya ay may dalawahang katangian ang panggitnang magsasaka." Nangangailangan din ng kongkretong pagsusuri ang usaping ito. Sa isang banda, ang maralita, mababang panggitna, mataas na panggitna at nakaririwasang panggitnang magsasaka ay pawang mga manggagawa, pero sa kabilang banda, sila ay mga pribadong nagmamay-ari. Bilang mga pribadong nagmamay-ari, magkakaiba sila ng pananaw. Mailalarawang malapribadong nagmamay-ari ang maralita at mababang panggitnang magsasaka na may pananaw na relatibong madaling baguhin. Kumpara dito, mas matimbang ang pananaw sa pribadong pagmamay-ari na taglay ng mataas na panggitnang magsasaka at nakaririwasang magsasaka at tuluy-tuloy nilang nilalabanan ang kooperatibisasyon.

10. Ang Alyansang Manggagawa-Magsasaka

Tungkol sa kahalagahan ng alyansang manggagawa-magsasaka ang ikatlo at ikaapat na talata sa pahina 340, pero hindi tinatalakay kung ano ang dapat gawin bago mapaunlad at makonsolida ang alyansa. Muli, tinatalakay ng teksto ang pangangailangan ng mga magsasaka na isulong ang transpormasyon ng maliliit na prodyuser pero hindi naisaalang-alang kung paano isusulong ang proseso, anu-anong klase ng mga kontradiksyon ang matatagpuan sa bawat yugto ng transpormasyon at paano reresolbahin ang mga ito. At hindi tinatalakay ng teksto ang mga hakbang at taktika para sa buong proseso.

Dumaan na sa dalawang yugto ang ating alyansang manggagawa-magsasaka. Ang una ay nakabatay sa rebolusyon sa lupa, ang ikalawa ay sa kilusang kooperatiba. Kung hindi nasimulan ang kooperatibisasyon, hindi maiiwasan ang polarisasyon ng uring magsasaka at hindi makokonsolida ang alyansang manggagawa-magsasaka. Bunga nito, hindi mapapagpursigihan ang patakaran sa "unipikadong pagbili at pagbenta ng gubyerno ng pribadong produkto".[8] Ang dahilan ay maaaring panatilihin at maipatupad nang husto ang patakaran iyon batay lamang sa kooperatibisasyon. Sa kasalukuyan, kailangan nang gawin ng ating alyansa ng manggagawa't magsasaka ang susunod na hakbang at buuin ang sarili batay sa mekanisasyon. Ito'y dahil ang simpleng pagkakaroon ng mga kilusang kooperatiba at komuna nang walang mekanisasyon ay muling mangangahulugan na hindi makokonsolida ang alyansa. Kailangan pa nating paunlarin ang mga kooperatiba bilang mga komunang bayan. Kailangan pa nating paunlarin ang batayang pagmamay-ari ng pangkat ng komuna para maging batayang pagmamay-ari ng komuna at kalauna'y para maging pagmamay-ari ng estado. Kapag mahigpit na ang integrasyon ng pagmamay-ari ng estado at mekanisasyon, masisimulan na natin ang tunay na konsolidasyon ng alyansang manggagawa-magsasaka at

tiyak na hakbang-hakbang na mapapawi ang mga pagkakaiba ng mga manggagawa at magsasaka.

11. Ang Transpormasyon ng mga Intelektwal

Ang pahina 341 ay nakatuon lamang sa problema ng pagtataguyod ng pagpapaunlad ng mga manggagawa at magsasakang intelektwal, gayundin sa problema kaugnay ng burges na mga intelektwal sa sosyalistang konstruksyon. Gayunman, hindi tinalakay ng teksto ang usapin ng transpormasyon ng mga intelektwal. Hindi lamang ang burges na mga intelektwal kundi kahit iyong galing sa uring manggagawa o magsasaka ang kailangang lumahok sa transpormasyon dahil napapailalim sila sa samu't saring impluwensya ng burgesya. Isang halimbawa nito si Liu Shao-t'ang, na mula sa sirkulo ng sining at panitikan, at naging mayor na kalaban ng sosyalismo pagkaraang maging isang manunulat. Karaniwang inilalahad ng mga intelektwal ang kanilang pangkalahatang pananaw sa pamamagitan ng kanilang pagtingin sa kaalaman. Ito ba ay pribado o pampublikong pagmamay-ari? May ilang nag-aakalang pag-aari nila ito, ibinebenta kapag tama ang presyo at hindi kung kulang. Simpleng "mga eksperto" ang mga iyon at hindi "pula"[9] na nagsasabing "tagalabas" ang partido at "hindi kayang mamuno sa mga tagaloob". Sinasabi ng mga tagapelikula na hindi mapapamunuan ng partido ang industriya ng pelikula. Sinasabi ng mga tagateatro at *ballet* na hindi makakapamuno doon ang partido. Ganito din ang sinasabi ng mga nasa syensyang atomiko. Sa kabuuan, sinasabi nilang lahat na hindi makakapamuno ang partido saanman. Ang pagpapanibagong-hubog ng mga intelektwal ay napakahalagang usapin sa buong panahon ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Syempre, maling maliitin ang usaping ito o magkaroon ng mapagbigay na aktitud sa mga bagay na burges.

Muli sa pahina 341, sinasabing ang pundamental na kontradiksyon sa transisyong pang-ekonomya ay iyong kontradiksyon sa pagitan ng kapitalismo at sosyalismo. Tama. Pero binabanggit lamang ng siping ito ang pagsisimula ng mga pakikibaka para makita kung sino ang magtatagumpay sa lahat ng larangan ng buhay pang-ekonomya. Hindi kumpleto ang alinman dito. Ganito natin sasabihin ang bagay na ito: kailangang sumulong ang isang puspusang sosyalistang rebolusyon sa tatlong larangan, sa pulitika, ekonomya at ideolohiya.

Sinasabi ng teksto na pinapapasok natin ang mga elementong burges para lumahok sila sa pangangasiwa ng mga empresa at ng estado. Inuulit ito sa pahina 357.[*] Pero iginigiit natin ang responsibilidad sa pagpapanibagong-hubog ng mga elementong burges. Tinutulungan natin silang baguhin ang kanilang estilo ng pamumuhay, pangkalahatang pananaw at mga pananaw sa partikular na mga isyu. Gayunman, walang pagbanggit ang teksto sa pagpapanibagong-hubog.

* pahina 341, ayon sa tekstong 1967.

12. Ang Relasyon ng Industriyalisasyon at Kolektibisasyon ng Agrikultura

Tinitingnan ng libro ang sosyalistang industriyalisasyon bilang prekundisyon sa kolektibisasyon ng agrikultura. Ang ganitong pananaw ay hindi tumutugma sa sitwasyon sa Unyong Sobyet mismo kung saan naipatupad sa batayan ang kolektibisasyon sa pagitan ng

[*] pahina 341, ayon sa tekstong 1967

mga taong 1930 at 1932. Bagamat mas marami ang traktora nila noon kaysa ng sa atin ngayon, anu't anuma'y mababa pa rin sa 20.3 porsyento ang laki ng binubungkal na lupa na mekanisado. Hindi lubusang naitatakda ng mekanisasyon ang kolektibisasyon kaya hindi industriyalisasyon ang prekundisyon nito.

Napakabagal na nakumpleto ang kolektibisasyon ng agrikultura sa mga sosyalistang bayan sa Silangang Europa pangunahin dahil matapos ang reporma sa lupa, hindi nila inagapan ang pagkilos kundi naantala pa sa isang panahon. Sa ilan ding lumang baseng purok natin, isang seksyon ng uring magsasaka ang nakuntento sa reporma at ayaw nang sumulong pa. Ang ganitong sitwasyon ay hinding-hindi nakabatay sa kung may industriyalisasyon man o wala.

<u>13. Digma at Rebolusyon</u>

Sa pahina 352-54, iginigiit na ang iba't ibang demokrasyang bayan sa Silangang Europa ay "nakapagtatag ng sosyalismo kahit walang digmaang sibil o kaya'y armadong panghihimasok mula sa ibayong dagat". Iginigiit din na "nakamit ang sosyalistang transpormasyon sa mga bayang ito nang wala ang pahirap ng digmaang sibil". Mas mahusay sanang sabihin na ang nangyari sa mga bayang ito ay nailunsad ang digmaang sibil sa anyo ng digmaang internasyunal, na magkasabay na inilunsad ang digmaang sibil at digmaang internasyunal. Inilibing ng Pulang Hukbong Sobyet ang mga reaksyunaryo sa mga bayang ito. Ang pagsasabing walang digmaang sibil sa mga bayang ito ay simpleng pormalismo na nagbabalewala sa esensya.

Sinasabi ng teksto na pagkaraan ng rebolusyon sa mga bayan sa Silangang Europa, "ang mga parlamento ay naging mga organong malawak na kumakatawan sa interes ng mamamayan". Sa katunayan, ibang-iba ang mga parlamentong ito sa lumang mga parlamentong burges at sa pangalan lamang magkatulad. Hindi naiiba sa pangalan ang ating Pampulitikang Konsultatibong Kumperensya noong maagang yugto ng Liberasyon doon sa Pampulitikang Konsultatibong Kumperensya sa panahon ng Nasyunalista (KMT). Sa ating mga pakikipagnegosasyon sa mga Nasyunalista, hindi tayo interesado sa kumperensya pero interesadong-interesado si Chiang Kai-shek dito. Matapos ang Liberasyon, ginamit natin ang karatula nila at ipinatawag ang sesyon ng Pambansang Konsultatibong Kumperensyang Bayan ng Tsina na nagsilbing probisyunal na kongresong bayan.[10]

Sinasabi ng teksto na ang Tsina "sa proseso ng rebolusyonaryong pakikibaka, ay nag-organisa ng demokratikong nagkakaisang prenteng bayan". (p. 357) Bakit rebolusyonaryong pakikibaka lamang at hindi rebolusyonaryong digma? Mula 1927 hanggang sa pambansang tagumpay, naglunsad tayo ng 22 taon ng matagalang tuluy-tuloy na digma. At kahit bago pa nito, mula rebolusyong burges ng 1911, may 15 taon pa ng pakikidigma. Dapat ding ibilang ang magugulong gera ng mga *warlord* sa ilalim ng direksyon ng mga imperyalista. Sa gayon, mula 1911 hanggang noong Digma ng Pagtatanggol laban sa Amerika at Pagtulong sa Korea, masasabing 40 taong inilunsad ang tuluy-tuloy na mga digma sa Tsina – rebolusyonaryo at kontra-rebolusyonaryong pakikidigma. At mula nang itatag ang partido, 30 taon itong lumahok o namuno sa mga digma.

Kailangang dumaan sa digmaang sibil ang isang dakilang rebolusyon. Isa itong tuntunin. At makaisang-panig na pananaw ang makita ang mga kasamaan pero hindi ang mga benepisyo

ng digma. Walang saysay sa rebolusyong bayan na makaisang-panig na pag-usapan ang pagkamapangwasak ng digmaan.

14. Mas Mahirap ba ang Rebolusyon sa mga Atrasadong Bayan?

Sa iba't ibang bansa sa Kanluran, may malaking balakid sa pagsusulong ng anumang rebolusyon at kilusang konstruksyon, ibig sabihin, napakamakapangyarihan ng mga lason ng burgesya kaya kumalat na ang mga ito sa lahat ng dako. Samantalang nakakatatlong henerasyon pa lamang ang ating burgesya, may 250-300 taon na ng kasaysayan ng pag-unlad iyong sa England at France, at naimpluwensyahan ng kanilang ideolohiya at modus operandi ang lahat ng aspeto at saray ng kanilang mga lipunan. Kaya ang uring manggagawa sa England ay sumusunod sa Labour Party, hindi sa Partido Komunista.

Sinasabi ni Lenin, "Ang transisyon tungong sosyalismo mula kapitalismo ay magiging mas mahirap para sa isang bayan kung mas atrasado ito." Mukhang mali ito ngayon. Sa aktwal, mas madali ang transisyon kung mas atrasado ang ekonomya dahil kung mas mahirap ang mamamayan, mas magnanais sila ng rebolusyon. Sa mga kapitalistang bayan sa Kanluran, relatibong mataas ang bilang ng mamamayang may trabaho at gayundin ang antas ng sahod. Malalim ang impluwensya ng burgesya sa mga manggagawa doon at hindi magmumukhang ganoon kadaling isulong ang sosyalistang transpormasyon. At dahil mataas ang antas ng mekanisasyon, hindi ang pagsusulong ng mekanisasyon kundi ang transpormasyon ng mamamayan ang mayor na problema pagkatagumpay ng rebolusyon. Dating atrasado at mahirap ang mga bayan sa Silangan, tulad ng Tsina at Rusya, pero ngayon, hindi lamang malayong naunahan ng kanilang mga sistemang panlipunan iyong sa Kanluran kundi malayong nalampasan ng bilis ng pag-unlad ng kanilang mga produktibong pwersa iyong sa Kanluran. Muli, tulad sa kasaysayan ng pag-unlad ng mga kapitalistang bayan, nilalampasan ng atrasado ang abante tulad ng paglampas ng US sa England at sa kalauna'y paglampas ng Germany sa England noong maagang bahagi ng ika-20 siglo.

15. Ang Malakihang Industriya ba ang Pundasyon ng Sosyalistang Transpormasyon?

Sa pahina 364, sinasabi ng teksto na "Hinaharap ng mga bayang tumatahak sa landas ng sosyalistang konstruksyon ang tungkuling pawiin sa pinakamabilis na paraang posible ang mga natitirang epekto ng kapitalistang paghahari para pabilisin ang pagpapaunlad ng malakihang industriya (ang batayan ng sosyalistang transpormasyon ng ekonomya)." Hindi sapat na igiit na ang pag-unlad ng malakihang industriya ang pundasyon ng sosyalistang transpormasyon ng ekonomya. Ipinapakita ng lahat ng rebolusyonaryong kasaysayan na hindi ang lubos na pag-unlad ng mga bagong produktibong pwersa ang paunang rekisito ng transpormasyon ng mga atrasadong relasyon sa produksyon. Nagsimula ang ating rebolusyon sa Marxista-Leninistang propaganda na nagsilbi sa paglikha ng bagong opinyong publiko pabor sa rebolusyon. Dagdag pa, posibleng wasakin ang lumang mga relasyon sa produksyon pagkatapos lamang nating ibagsak ang atrasadong superistruktura sa proseso ng rebolusyon. Pagkawasak sa lumang mga relasyon sa produksyon, nalikha ang mga bago at hinawan ng mga ito ang daan sa pagpapaunlad ng bagong mga produktibong pwersa sa lipunan. Pagkatapos nito, sinimulan natin ang rebolusyon sa teknolohiya para malawakang paunlarin ang mga produktibong pwersa sa lipunan. Kaalinsabay, kinailangan pa rin nating ituloy ang pagtransporma sa mga relasyon sa produksyon at ideolohiya.

Tinatalakay lamang ng teksto ang mga prekundisyong materyal at madalang na hinaharap ang usapin ng superistruktura, ibig sabihin, ang makauring katangian ng estado, pilosopiya at syensya. Sa syensyang pang-ekonomya, pangunahing paksang aralin ang mga relasyon sa produksyon. Gayundin, magpinsang-buo ang ekonomyang pampulitika at ang istorikong materyalistang pananaw. Mahirap harapin ang mga problema ng baseng pang-ekonomya at mga relasyon sa produksyon kung kinakaligtaan ang usapin ng superistruktura.

* Pahina 349, ayon sa tekstong 1967.

16. Ang Pagtalakay ni Lenin sa Natatanging mga Katangian ng Pagtahak sa Sosyalistang Landas

Sa pahina 375, binabanggit ang isang sipi mula kay Lenin. Mahusay ang pagpapahayag dito at nakakatulong nang malaki sa pagtatanggol sa ating mga paraan sa paggawa. "Ang antas ng kamulatan ng mga residente, pati na ang mga pagsisikap nila para kamtin ang planong ito o iyon, ay tiyak na masasalamin sa natatanging mga katangian ng landas na tinatahak nila tungong sosyalismo." Ang ating "pagpapauna sa pulitika" ay mismong para sa pagtataas ng kamulatan sa ating mga komunidad. Ang ating Dakilang Igpaw Pasulong ay isa mismong "pagsisikap para kamtin ang planong ito o iyon."

17. Kritikal na Usapin ang Tantos ng Industriyalisasyon

Sinasabi ng teksto, "Kung ang Unyong Sobyet ang pag-uusapan, kritikal na usapin ang tantos ng industriyalisasyon." Sa kasalukuyan, kritikal na usapin rin ito sa Tsina. Sa katunayan, mas nagiging matindi ang usapin kung mas atrasado ang industriya. Totoo ito hindi lamang sa bawat bayan kundi kahit sa bawat lugar ng isang bayan. Halimbawa, relatibong matatag ang base ng mga probinsya natin sa hilagang-silangan at sa Shanghai kaya mabagal nang kaunti ang paglaki ng pamumuhunan ng estado doon. Sa ibang lugar kung saan babahagya ang orihinal na baseng pang-industriya at mahigpit ang pangangailangan sa pag-unlad, napakabilis ng paglaki ng pamumuhunan ng estado. Sa sampung taong mula nang lumaya ang Shanghai, 2.2 bilyong dolyar[11] ng Tsina ang naipuhunan at 500 milyon ang mula sa mga kapitalista. Dati, may mahigit kalahating milyong manggagawa ang Shanghai, ngayo'y mahigit isang milyon ito kung hindi ibibilang ang daan-daang libong lumipat palabas. Doble lamang ito ng naunang populasyon ng manggagawa. Kung ikukumpara natin ito sa ilang bagong lunsod kung saan napakalaki ng idinami ng pwersa ng paggawa, malinaw nating makikita na lalong mas kritikal ang usapin sa tantos ng industriyalisasyon sa mga lugar na kulang sa baseng pang-industriya. Dito, sinasabi lamang ng teksto na hinihingi ng mga sirkunstansyang pampulitika ang mataas na tantos at hindi ipinapaliwanag kung matatamo o hindi ng sosyalistang sistema mismo ang mataas na tantos. Makaisang-panig ito. Kung may pangangailangan lamang at walang kapabilidad, pakisabi, paano matatamo ang mataas na tantos?[12]

18. Kamtin ang Mataas na Tantos ng Industriyalisasyon sa pamamagitan ng Magkakaalinsabay na Pagsusulong sa Maliit, Katamtamang-laki at Malaking mga Empresa

Sa pahina 381 tinatalakay ng teksto ang malawakang pag-unlad ng maliit at katamtamang laki na empresa pero hindi eksaktong sinalamin ang ating pilosopiya sa magkakaalinsabay na pagsusulong sa katutubo at dayuhang maliit, katamtamang laki at malaking empresa. Sinasabi

ng teksto na tayo ay "determinado sa malawakang pagpapaunlad ng maliit at katamtamang laki na mga empresa dahil sa ating napakaatrasadong ekonomyang panteknolohiya, sa laki ng ating populasyon at sa napakalulubhang problema sa empleyo". Pero hindi nakasalalay ang problema sa antas ng teknolohiya, laki ng populasyon o pangangailangang palakihin ang empleyo. Sa patnubay ng mas malalaking empresa, nakakapagpaunlad tayo ng maliit at katamtamang laki; sa patnubay ng dayuhang pamamaraan, gumagamit tayo ng mga paraang katutubo saanman kaya – pangunahin para kamtin ang mataas na tantos ng industriyalisasyon.

19. Posible ba ang Matagalan at Sabayang Pag-iral ng Dalawang Tipo ng Sosyalistang Pagmamay-ari?

Sa pahina 386 sinasabi, "Hindi maitatatag ang isang sosyalistang estado at ang sosyalistang konstruksyon sa dalawang magkakaibang base anumang tagal ng panahon. Ibig sabihin, hindi maitatatag ang mga ito sa base ng sosyalistang industriya, ang pinakamalaki at pinakaunipikadong base, at sa base ng maliitang ekonomya ng kalakal ng magsasaka na kalat-kalat at atrasado." Syempre, katanggap-tanggap ang puntong ito at kung gayon, pinasasaklaw natin ang lohika para marating ang sumusunod na kongklusyon: Hindi maitatatag ang sosyalistang estado at sosyalistang konstruksyon sa anumang tagal ng panahon batay sa pagmamay-ari ng buong mamamayan at pagmamay-ari ng kolektiba bilang dalawang magkaibang base ng pagmamay-ari.

Sa Unyong Sobyet, humaba nang husto ang panahon ng pag-iral ng dalawang tipo ng pagmamay-ari. Sa realidad, mga kontradiksyon sa pagitan ng mga manggagawa at magsasaka ang mga kontradiksyon ng pagmamay-ari ng buong sambayanan at kolektibong pagmamay-ari. Hindi kinikilala ng teksto ang ganitong mga kontradiksyon.

Ganoon din, tiyak na tuluy-tuloy na hindi makakaangkop ang matagalang pag-iral ng pagmamay-ari ng buong sambayanan at pagmamay-ari ng kolektiba sa pagpapaunlad ng mga produktibong pwersa at hindi makakatugon ang mga ito sa paparaming pangangailangan sa konsumo ng magsasaka at produksyong pang-agrikultura, o ng industriya sa hilaw na materyales. Para tugunan ang ganitong mga pangangailangan, kailangan nating resolbahin ang kontradiksyon ng dalawang anyong ito ng pagmamay-ari, itransporma ang pagmamay-ari ng mga kolektiba sa pagmamay-ari ng buong sambayanan at gumawa ng unipikadong plano sa produksyon at distribusyon sa industriya at agrikultura batay sa pagmamay-ari ng buong sambayanan para sa isang di mapaghihiwalay na bansa.

Walang tigil na lumilitaw ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga produktibong pwersa at mga relasyon sa produksyon. Pagkaraan ng isang panahon, hindi na aangkop sa mga produktibong pwersa ang dating angkop na mga relasyon sa produksyon. Sa Tsina, pagkaorganisa natin sa mga abanteng kooperatiba, lumitaw ang usapin ng pagkakaroon ng malalaki at maliliit na yunit sa bawat espesyal na distrito at sa bawat *county*.

Sa sosyalistang lipunan, ang pormal na mga kategorya sa distribusyon ayon sa paggawa, produksyon ng kalakal, batas ng halaga at iba pa ay angkop sa kasalukuyan sa mga pangangailangan ng mga produktibong pwersa. Pero habang sumusulong ang pag-unlad na ito, tiyak na darating ang araw na hindi na aangkop ang mga pormal na kategoryang ito. Sa panahong iyon, wawasakin ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa ang mga kategoryang

ito; mawawala na ang mga ito. Maniniwala ba tayo na sa isang sosyalistang lipunan ay may mga kategoryang pang-ekonomya na walang katapusan at di nagbabago? Maniniwala ba tayo na walang katapusan ang mga kategorya tulad ng distribusyon ayon sa paggawa at kolektibong pagmamay-ari – na di tulad ng lahat ng iba pang kategorya na istoriko [kaya relatibo]?

20. Ang Sosyalistang Transpormasyon ng Agrikultura ay Hindi Lamang Nakasalalay sa Mekanisasyon

Isinasaad sa pahina 392, "Mahalagang kasangkapan ang makina at mga istasyon ng traktora sa pagsusulong ng sosyalistang transpormasyon ng agrikultura." Paulit-ulit na binibigyang diin ng teksto kung gaano kahalaga ang makinarya sa transpormasyon. Pero kung hindi itataas ang kamulatan ng uring magsasaka, kung hindi itatransporma ang ideolohiya at aasa ka lamang sa makinarya – anong kabutihan ang idudulot nito? Ang usapin ng tunggalian ng dalawang landas, sosyalismo at kapitalismo, ng transpormasyon at re-edukasyon ng mamamayan – ito ang mga mayor na usapin sa Tsina.

Sa pahina 395 sinasabi ng teksto na sa pagpapatupad ng mga tungkulin sa maagang yugto ng pangkalahatang kolektibisasyon, lumilitaw ang usapin ng pakikibaka sa antagonistikong mayayamang magsasaka. Syempre, tama ito. Pero sa salaysay ng teksto hinggil sa kalagayan sa kanayunan *pagkatapos* buuin ang mga kooperatiba, binitiwan ang usapin ng mayamang saray, ni walang anumang pagbanggit sa mga kontradiksyon tulad ng sa pagitan ng estado, mga kolektiba at mga indibidwal, sa pagitan ng akumulasyon at konsumo,[13] at iba pa.

Sinasabi sa pahina 402, "Sa kalagayan ng masiglang pagsulong ng kilusang kooperatiba sa agrikultura, hindi na muling mag-uurong-sulong ang malawak na masa ng uring panggitnang magsasaka." Masyado itong panlahat. May seksyon ng mayamang panggitnang magsasaka na nag-uurong-sulong ngayon at mag-uurong-sulong pa sa hinaharap.

21. Ang Diumano'y Lubos na Konsolidasyon

"…lubos na kinonsolida ang sistema ng kolektibong sakahan", sinasabi ng teksto sa pahina 407. "Lubos na konsolidasyon" – isang pariralang nakakabalisa. Relatibo ang konsolidasyon ng anuman. Paano ito magiging "lubos"? Ano kaya kung walang namatay mula nang magsimula ang sangkatauhan at "lubos na nakonsolida" ang lahat? Anong klaseng daigdig iyon! Sa sanlibutan, sa daigdig natin, walang humpay na umiiral, umuunlad at lumilipas ang lahat ng bagay. Walang alinman sa mga ito ang kailanma'y "lubos na nakonsolida". Tingnan halimbawa ang buhay ng uod. Hindi lamang kailangan nitong mamatay sa kalaunan, kundi sa buong buhay nito ay kailangan itong dumaan sa apat na yugto ng pag-unlad: itlog, uod, pyupa, gamu-gamo. Kailangan nitong tumungo sa susunod na yugto mula sa isa pa at hindi kailanman lubos na makokonsolida ang sarili sa alinmang yugto. Sa huli, mamamatay ang gamu-gamo at magiging bagong esensya ang lumang esensya (sa pag-iwan nito ng maraming itlog). Kalitatibong igpaw ito. Syempre, malinaw na higit sa mga pagbabagong kantitatibo iyong mula itlog tungong uod, mula uod tungong pyupa, mula pyupa tungong gamu-gamo. May transpormasyon ding kalitatibo pero ito'y parsyal na transpormasyong kalitatibo. Dumadaan din ang isang tao sa iba't ibang yugto ng buhay hanggang kamatayan: pagkabata, pagdadalaga o pagbibinata, kabataan, paghusto sa gulang at katandaan. Mula pagkabuhay hanggang kamatayan ay isang kantitatibong proseso para sa tao, pero kaalinsabay, isinusulong

niya ang proseso ng parsyal na pagbabagong kalitatibo. Maling-maling isipin na ang pagsulong mula kabataan hanggang katandaan ay simpleng kantitatibong paglago nang walang kalitatibong pagbabago. Sa loob ng organismong tao, walang humpay ang paghahati ng mga selula, namamatay at naglalaho ang mga luma, umuusbong at dumadami ang mga bago. Sa kamatayan, may lubos na pagbabagong kalitatibo na nanggaling sa naunang mga pagbabagong kantitatibo, gayundin sa parsyal na mga pagbabagong kalitatibo na nangyayari sa panahon ng mga pagbabagong kantitatibo. Isang kaisahan ng magkasalungat ang pagbabagong kantitatibo at pagbabagong kalitatibo. Sa loob ng mga pagbabagong kantitatibo, may parsyal na mga pagbabagong kalitatibo. Hindi maaaring sabihin na walang mga pagbabagong kalitatibo sa loob ng mga pagbabagong kantitatibo. At sa loob ng mga pagbabagong kalitatibo may mga pagbabagong kantitatibo. Hindi maaaring sabihin na walang mga pagbabagong kantitatibo sa loob ng mga pagbabagong kalitatibo.

Sa anumang mahabang proseso ng pagbabago bago pumasok sa pinal na pagbabagong kalitatibo, kailangang dumaan ang bagay sa walang patid na mga pagbabagong kantitatibo at marami-raming parsyal na pagbabagong kalitatibo. Pero hindi mangyayari ang pinal na pagbabagong kalitatibo maliban kung may parsyal na mga pagbabagong kalitatibo at malaki-laking pagbabagong kantitatibo. Halimbawa, nagbago ang kalidad ng pabrika sa isang plantang may takdang laki habang pinapaunlad ang makinarya at iba pang instalasyon sa paisa-isang seksyon nito. Nagbago ang panloob kahit hindi nagbabago ang panlabas at ang laki. Hindi naiiba ang isang kumpanya ng sundalo. Pagkagaling sa labanan at pagkawala ng dose-dosenang tauhan, kakailanganing palitan ng 'sandaang kataong kumpanya ang mga kaswalti nito. Tuluy-tuloy na paglaban at pagpapalit – ganito ang parsyal na pagbabagong kalitatibo na dinaraanan ng kumpanya. Bunga nito, patuloy na umuunlad at tumitibay ang kumpanya.

Ang pagkadurog kay Chiang Kai-shek ay pagbabagong kalitatibo na nagmula sa pagbabagong kantitatibo. Halimbawa, kinailangan ng tatlo't kalahating taon para wasakin nang seksyun-seksyon ang kanyang hukbo at kapangyarihang pampulitika. At sa loob ng pagbabagong kantitatibong ito matatagpuan ang pagbabagong kalitatibo. Ang Digma sa Pagpapalaya ay dumaan sa iba't ibang yugto, at ang bawat bagong yugto ay naiiba sa kalidad sa naunang mga yugto. Ang transpormasyon mula indibidwal tungong kolektibong ekonomya ay isang proseso ng transpormasyong kalitatibo. Sa ating bayan, ang prosesong ito ay binuo ng mga pangkat sa pagtutulungan, kooperatibang maagang yugto, kooperatibang abante at mga komunang bayan.[14] Nagbunsod ng ekonomyang kolektibo mula ekonomyang indibidwal ang ganoong iba't ibang yugto ng parsyal na pagbabagong kalitatibo.

Ang kasalukuyang sosyalistang ekonomya sa ating bayan ay organisado sa dalawang magkaibang anyo ng pagmamay-aring publiko – pagmamay-ari ng buong sambayanan at pagmamay-aring kolektibo. Nagkaroon ng sariling pagsilang at pag-unlad ang sosyalistang ekonomyang ito. Sino ang maniniwalang nagwakas na ang prosesong ito ng pagbabago at sasabihin nating "Ang dalawang anyong ito ng pagmamay-ari ay patuloy na lubos na makokonsolida hanggang sa walang hanggan?" Sino ang maniniwalang iiral nang walang hanggan iyong mga pormula ng sosyalistang lipunan tulad ng "distribusyon ayon sa paggawa", "produksyon ng kalakal" at "batas ng halaga"? Sino ang maniniwalang may pagsilang at pag-unlad lamang pero walang pagpawi at transpormasyon, at ang ganitong mga pormula, di tulad ng iba pa, ay di istoriko?

Kailangang gawin ng sosyalismo ang transisyon tungong komunismo. Sa panahong iyon, may mga bagay mula sa sosyalistang yugto na kailangang mawala. At sa panahon din ng komunismo, mayroon pa ring tuluy-tuloy na pag-unlad. Napakaposible na kailangang dumaan ang komunismo sa maraming magkakaibang yugto. Paano natin masasabing kapag naabot ang komunismo ay wala nang magbabago, magpapatuloy ang lahat nang "lubos na konsolidado", na magkakaroon lamang ng pagbabagong kantitatibo at walang parsyal na pagbabagong kalitatibo na palagiang nagaganap?

Sa pag-unlad ng mga bagay, tumutungo sa isang yugto ang isa pa, at sumusulong nang walang patid. Pero may "hangganan" ang bawat isang yugto. Halimbawa, araw-araw nagbabasa tayo mula alas-kwatro hanggang alas-siete o alas-otso. Iyon ang hangganan. Kung ang sosyalistang pagpapanibagong-hubog sa ideolohiya ang pag-uusapan, matagalang tungkulin ito. Pero bawat kampanyang pang-ideolohiya ay natatapos, ibig sabihin, may hangganan. Sa larangan ng ideolohiya, kapag dumaraan na tayo sa walang patid na mga pagbabagong kantitatibo at parsyal na mga pagbabagong kalitatibo, darating ang araw na lubos tayong lalaya mula sa impluwensya ng kapitalistang ideolohiya. Sa panahong iyon, matatapos na ang mga pagbabagong kalitatibo ng pagpapanibagong-hubog sa ideolohiya, para lamang masundan ng mga pagbabagong kantitatibo na may bagong kalidad.

May hangganan din ang konstruksyon ng sosyalismo. Kailangang masundan natin ito: halimbawa, ano ang magiging tumbasan ng mga produktong pang-industriya sa kabuuang produksyon, gaano karaming asero ang lilikhain, hanggang saan maiaangat ang antas ng pamumuhay ng mamamayan, atbp.? Pero ang pagsasabi na may hangganan ang sosyalistang konstruksyon ay hindi nangangahulugan na hindi natin gustong gawin ang susunod na hakbang, ang transisyon tungong komunismo. Posibleng hatiin sa dalawang yugto ang transisyon tungong komunismo mula kapitalismo: isang mula kapitalismo tungong sosyalismo na matatawag na di maunlad na sosyalismo at mula sosyalismo tungong komunismo, ibig sabihin, mula relatibong di maunlad na sosyalismo tungong relatibong maunlad na sosyalismo na matatawag na komunismo. Maaaring mas mahaba pa ang huling yugtong ito kaysa una. Pero kapag napagdaanan na ito, magiging napakasapat na ang materyal na produksyon at ang kasaganaang ispiritwal. Maiaangat na nang husto ang kamulatang komunista ng mamamayan at magiging handa nang pumasok sa pinakamataas na yugto ng komunismo.

Sa pahina 409 sinasabing kapag matibay nang naitatag ang mga anyo ng sosyalistang produksyon, tuluy-tuloy at mabilis na lalawak ang produksyon. Tuluy-tuloy na tataas ang tantos ng produktibidad. Maraming beses na ginagamit ng teksto ang terminong *tuluy-tuloy* o *walang patid*, pero para lamang talakayin ang transpormasyong kantitatibo. Kaunti lamang ang pagbanggit sa parsyal na pagbabagong kalitatibo.

<u>22. Digma at Kapayapaan</u>

Sa pahina 408 sinasabing sa mga kapitalistang lipunan, "di maiiwasan ang krisis ng labis na produksyon na nagbubunsod ng paglaki ng disempleyo". Ganito ang pagpupunla ng digma. Mahirap paniwalaang biglang nawawalan ng epekto ang mga saligang prinsipyo ng Marxistang syensyang pang-ekonomya, na lubos na mapapawi ang digma sa daigdig na may umiiral pang mga kapitalistang institusyon.

Masasabi bang lumitaw na ang posibilidad ng lubos na pagpawi sa digma? Masasabi bang lumitaw na ang posibilidad ng paggamit sa lahat ng yaman at rekurso ng daigdig para paglingkuran ang sangkatauhan? Hindi Marxismo ang ganitong pananaw, wala itong pagsusuri sa uri at hindi ito nagsagawa ng malinaw na pag-iiba-iba ng mga kundisyon sa ilalim ng burges at proletaryong paghahari. Kung hindi papawiin ang mga uri, paano mapapawi ang digma?

Hindi tayo ang magtatakda kung ilulunsad o hindi ang digmaang pandaigdig. Kahit pirmahan ang kasunduan na hindi magdidigmaan, iiral pa rin ang posibilidad ng digma. Kapag nais ng imperyalismong lumaban, walang anumang kasunduan ang isasaalang-alang. At kapag nangyari ito, ibang usapin pa kung gagamit ng mga armas atomiko o haydrogen. Kahit may mga armas kemikal na, hindi pa nagagamit ang mga ito sa panahon ng digmaan; kumbensyunal na mga armas pa rin ang ginamit. Kahit walang digma sa pagitan ng dalawang kampo, walang garantyang hindi ilulunsad ang digma sa kapitalistang daigdig. Maaaring maglunsad ng digma ang imperyalismo sa imperyalismo. Maaaring maglunsad ng digma ang burgesya ng isang imperyalistang bayan laban sa proletaryado nito. Kahit ngayon, naglulunsad ng digma ang imperyalismo laban sa mga kolonya at malakolonya. Ang digma ay isang anyo ng tunggalian ng mga uri. Pero hindi mapapawi ang mga uri liban sa pamamagitan ng digma. At hindi lubos na mapapawi ang digma liban sa pamamagitan ng pagpawi sa mga uri. Kung hindi isusulong ang rebolusyonaryong digma, hindi mapapawi ang mga uri. Hindi tayo naniniwala na mapapawi ang mga armas ng digma kung hindi wawasakin ang mga uri. Hindi ito posible. Sa kasaysayan ng mga makauring lipunan, pinahahalagahan ng anumang uri o estado ang "pusisyon sa lakas" nito. Sa kasaysayan, ang pagkuha sa ganitong mga pusisyon ang di maiiwasang tendensya. Armadong pwersa ang kongkretong manipestasyon ng tunay na lakas ng isang uri. At hanggat may antagonismo sa uri, magkakaroon ng mga armadong pwersa. Mangyari pa, hindi tayo nag-aasam ng digmaan. Nagnanais tayo ng kapayapaan. Pabor tayo sa sukdulang pagsisikap na pigilin ang digmaang nukleyar at sa pagpupunyagi para sa isang mutwal na kasunduan ng di pagsasalakayan ng dalawang kampo. Matagal na tayong nagtataguyod ng pagpupunyagi para matamo ang kahit sampu o dalawampung taong kapayapaan. Kung makakamit natin ang pangarap na ito, magiging napakabuti nito para sa buong sosyalistang kampo at para din sa sosyalistang konstruksyon ng Tsina.

Sa pahina 409 sinasabing hindi na napapalibutan ngayon ng kapitalismo ang Unyong Sobyet. Dahil sa ganitong pananalita, maaaring maging kampante ang mamamayan. Syempre malaki na ang ipinagbago ng kasalukuyang sitwasyon mula noong iisa pa lamang ang sosyalistang bayan. Sa kanluran ng Unyong Sobyet, mayroon na ngayong iba't ibang sosyalistang bayan sa Silangang Europa. Nasa Silangan ng Unyong Sobyet ang mga sosyalistang bayan ng Tsina, Korea, Mongolia at Vietnam. Pero walang mga mata ang *guided missile* at kayang bumira ng mga target sa layong sampu-sampung libong kilometro. Sa paligid ng sosyalistang kampo nakadeploy ang mga base militar ng US, nakatutok sa Unyong Sobyet at iba pang sosyalistang bayan. Masasabi bang hindi na napapalibutan ng mga *missile* ang Unyong Sobyet?

23. Ang Lubos na Pagkakaisa ba ang Motibong Pwersa ng Kaunlarang Panlipunan?

Sa pahina 413 at 417 sinasabing ang sosyalismo ay para sa "katatagan ng lubos na pagkakaisa" at "sintigas ng bato". Sinasabing ang lubos na pagkakaisa ay "motibong pwersa ng kaunlarang panlipunan".

Ito'y kumikilala sa lubos na pagkakaisa ng solidaridad pero hindi sa mga kontradiksyon ng sosyalistang lipunan, at hindi sa pagiging motibong pwersa ng mga kontradiksyon sa kaunlarang panlipunan. Kapag isinaad sa ganitong paraan, itinatatwa ang batas ng unibersalidad ng kontradiksyon, at pansamantalang isinasantabi ang mga batas ng diyalektika. Kung walang mga kontradiksyon, walang paggalaw, at laging umuunlad ang lipunan sa paggalaw. Sa panahon ng sosyalismo, ang mga kontradiksyon ay nananatiling motibong pwersa ng kaunlarang panlipunan. Dahil wala mismong lubos na pagkakaisa, may responsibilidad sa pagkakaisa, may pangangailangang ipaglaban ito. Kung laging may 100 porsyentong lubos na pagkakaisa, ano kung gayon ang paliwanag sa pangangailangang magpursigi para abutin ang pagkakaisa?

24. Mga Karapatan ng Paggawa sa Ilalim ng Sosyalismo

Sa pahina 414 makikita natin ang pagtalakay sa mga karapatang tinatamasa ng paggawa pero walang pagtalakay sa karapatan ng paggawa na pangasiwaan ang estado, ang iba't ibang empresa, edukasyon at kultura. Sa katunayan, ito ang pinakadakilang karapatan ng paggawa sa ilalim ng sosyalismo, ang pinakapundamental na karapatan, na kung wala ay wala ang karapatan sa trabaho, edukasyon, bakasyon, atbp.

Ang pinakaimportanteng isyu sa sosyalistang demokrasya ay: May karapatan ba ang paggawa na supilin ang iba't ibang antagonistikong pwersa at ang impluwensya ng mga ito? Halimbawa, sino ang kumukontrol sa mga bagay tulad ng pahayagan, dyornal, istasyon ng radyo, pelikula? Sino ang nanunuri? Bahagi ang mga ito ng usapin ng mga karapatan. Kung hawak ng mga kanang oportunista (na minorya) ang mga ito, mapapagkaitan ng mga karapatang ito ang malawak na mayorya sa buong bansa na mahigpit na nangangailangan ng dakilang igpaw pasulong. Kung ang pelikula ay nasa kamay ng mga taong tulad ni Chung Tien-p'ei, paano makakamit ng mamamayan ang kanilang mga karapatan sa sektor na iyon? May iba't ibang paksyon sa hanay ng mamamayan. Sa isyu ng paggarantiya ng mga karapatan ng mamamayan, malaki ang kabuluhan ng kung sino ang may kontrol sa mga organo at empresa. Kung mga Marxista-Leninista ang may kontrol, magagarantyahan ang mga karapatan ng malawak na mayorya. Kung mga maka-kanan o kanang oportunista ang may kontrol, maaaring kalitatibong magbago ang mga organo at empresang ito, at hindi magagarantiyahan ang mga karapatan ng mamamayan kaugnay ng mga ito. Sa kabuuan, kailangang magkaroon ang mamamayan ng karapatang pangasiwaan ang superistruktura. Hindi natin dapat ituring na ang mga karapatan ng mamamayan ay nangangahulugan na ang estado ay pangangasiwaan ng isang seksyon lamang ng mamamayan, na matatamasa ng mamamayan ang mga karapatan sa paggawa at edukasyon, segurong panlipunan, atbp., sa pangangasiwa lamang ng ilang tao.

25. Isa bang Rebolusyon ang Transisyon tungong Komunismo?

Sinasabi sa pahina 417, "Sa sosyalismo, walang uri o grupong panlipunan na may mga interes na salungat sa komunismo, at kung gayo'y mangyayari ang transisyon tungong komunismo nang walang rebolusyong panlipunan."

Ang transisyon tungong komunismo ay tiyak na hindi usapin ng pagbabagsak ng isang uri sa isa pa. Pero hindi iyon nangangahulugang hindi magkakaroon ng rebolusyong panlipunan dahil isang kalitatibong igpaw, ibig sabihin isang rebolusyon, ang pagpalit ng isang tipo ng relasyon sa produksyon sa isa pa. Sa Tsina, kapwa mga rebolusyon sa relasyon sa produksyon ang dalawang transpormasyon – transpormasyon ng indibidwal na ekonomya tungo sa kolektibong ekonomya, at kolektibong ekonomya tungong pampublikong ekonomya. Kaya kailangang tawaging rebolusyon sa relasyon sa produksyon ang pagtungo sa "distribusyon ayon sa pangangailangan" sa ilalim ng komunismo mula sa "distribusyon ayon sa paggawa" sa ilalim ng sosyalismo. Syempre, kailangang unti-unting ipatupad ang "distribusyon ayon sa pangangailangan". Marahil kapag sapat nang naisusuplay ang mga pangunahing produktong materyal, masisimulan nating ipatupad ang ganoong distribusyon ng mga produktong iyon, at ipatupad ito sa ibang mga produkto batay sa higit na pag-unlad ng mga produktibong pwersa.

Tingnan nating ang pag-unlad ng ating mga komunang bayan. Nang binago natin sa batayang pagmamay-ari ng komuna ang batayang pagmamay-ari ng pangkat, may seksyon ba ng mamamayan na malamang na tututol o wala? Karapat-dapat na pag-aralan natin ang usaping ito. Isang nakapagtatakdang kundisyon sa pagkakamit ng pagbabagong ito ay kung ang kita ng ekonomya na pag-aari ng komuna ay mahigit sa kalahati ng kabuuang kita ng buong komuna. Sa pangkalahatan, kapaki-pakinabang sa mga myembro ng komuna ang pagkakamit sa sistema ng pagmamay-ari ng batayang komuna. Kung gayon, tinatantya natin na hindi dapat magkaroon ng pagtutol sa bahagi ng malawak na mayorya. Pero sa panahon ng pagbabago, hindi na relatibong mababawasan ang orihinal na mga kadre sa pangkat ayon sa umiiral na mga sirkunstansya. Tututol ba *sila* sa pagbabago?

Bagamat mapapawi ang mga uri sa sosyalistang lipunan sa proseso ng pag-unlad nito, tiyak na magkakaroon ng ilang problema kaugnay ng "mga grupong may pansariling interes" na kontento na sa umiiral na mga institusyon at tumatangging baguhin ang mga ito. Halimbawa, kung ang tuntunin ng distribusyon ayon sa paggawa ang umiiral, tinatamasa nila ang mas mataas na sahod para sa mas maraming trabaho, at pagdating ng pagbabago sa "distribusyon ayon sa pangangailangan", malamang na maaasiwa sila sa bagong sitwasyon. Ang pagtatayo ng alinmang bagong sistema ay laging nangangailangan ng pagwasak sa mga luma. Hindi kailanman nagkaroon ng paglikha nang walang pagwasak. Kung kinakailangan ang pagwasak, tiyak itong pupukaw ng oposisyon. Talagang naiiba ang tao. Kapag nakatamo ng kaunting superyoridad ay agad nang yumayabang ito…mapanganib na balewalain ang bagay na ito.

26. Ang Paggiit na "sa Tsina Walang Pangangailangang Magtaguyod ng Maigting na Anyo ng Makauring Pakikibaka"

May mali sa pahina 419. Pagkaraan ng Rebolusyong Oktubre, nakita ng burgesya ng Rusya na dumanas ng malubhang kapinsalaan ang ekonomya ng bayan kaya napagpasyahan nila na hindi mababago ng proletaryado ang sitwasyon at walang lakas para mapanatili ang

kapangyarihang pampulitika nito. Sa tantya nila, kailangan lamang nilang kumilos at maibabagsak na ang proletaryong kapangyarihang pampulitika. Sa panahong ito, inilunsad nila ang armadong paglaban, sa gayo'y napilitan ang proletaryadong Ruso na gumawa ng radikal na mga hakbang para kumpiskahin ang ari-arian nila. Noong panahong iyon, parehong walang ganoong karanasan ang dalawang uri.

Hindi makatotohanan ang pagsasabing hindi maigting ang makauring tunggalian sa Tsina. Ito'y sadyang mabangis. Dalawampu't dalawang taon tayong lumaban nang tuluy-tuloy. Sa paglulunsad ng digma, ibinagsak natin ang paghahari ng Partido Nasyunalista ng burgesya, at kinumpiska ang burukratikong kapital na umabot sa 80 porsyento ng ating buong kapitalistang ekonomya. Sa gayon lamang naging posible para sa atin na gumamit ng mga mapayapang paraan sa proseso ng pagbabagong-hubog ng natitirang 20 porsyento ng pambansang kapital. Sa proseso ng pagbabagong-hubog, kinailangan pa rin nating dumaan sa ganoong karahas na mga pakikibaka tulad ng mga kampanya sa "tatlong kontra" at "limang kontra".[16]

Sa pahina 420 maling inilarawan ang pagbabagong-hubog ng mga burges na empresang pang-industriya at pangkomersyo. Pagkaraan ng Liberasyon, napwersa ang pambansang burgesya na tumahak sa landas ng sosyalistang transpormasyon. Ibinagsak natin si Chiang Kai-shek, kinumpiska ang burukratikong kapital, nilubos ang reporma sa lupa, isinulong ang mga kampanyang "tatlong kontra" at "limang kontra" at pinagana ang mga kooperatiba. Mula't mula'y kinontrol natin ang mga pamilihan. Pinwersa ng seryeng ito ng mga transpormasyon ang pambansang burgesya na hakbang-hakbang na tanggapin ang pagbabagong-hubog. Sa isa pang punto de bista, itinakda ng Programang Komun na bibigyang puwang ang iba't ibang klase ng interes sa ekonomya. Binigyan nito ng pagkakataon ang mga kapitalista na subukang tumubo ayon sa kaya nila. Bukod pa, ang konstitusyon ay nagbigay sa kanila ng karapatan sa pagboto at paghahanapbuhay. Natulungan sila ng mga ito na unawaing sa pagtanggap ng transpormasyon ay makakapanatili sila sa isang pusisyon sa lipunan at makakagampan din ng isang papel sa kultura at ekonomya.

Sa pinagsamang mga empresang estado-pribado, walang tunay na mga karapatan sa pangangasiwa ang mga kapitalista. Ang produksyon ay talagang hindi magkasamang pinangangasiwaan ng mga kapitalista at mga kinatawan ng mamamayan. Hindi rin pwedeng sabihing "Nalimitahan na ang pagsasamantala ng kapital sa paggawa." Halos napigil na ito. Mukhang hindi nasapol ng teksto ang ideya na ang pinag-uusapan nating mga empresang magkasamang pinatatakbo ay 75 porsyentong sosyalista. Syempre, sa kasalukuyang yugto ay 90 porsyento o higit pang sosyalista ang mga ito.

Natapos na sa saligan ang transpormasyon ng kapitalistang industriya at komersyo. Pero kung nagkaroon ng pagkakataon ang mga kapitalista, walang habas nilang aatakehin tayo. Noong 1957, napaatras natin ang pananalakay ng kanan.[17] Noong 1959, muli nilang itinulak ang pag-atake sa atin sa pamamagitan ng mga kinatawan nila sa partido.[18] Ang ating patakaran sa mga pambansang kapitalista ay isama natin sila at saklawin pagkatapos.

Ginagamit ng teksto ang pahayag ni Lenin na "ipinagpapatuloy" ng kapitalismo ng estado "ang makauring tunggalian sa ibang anyo". Wasto ito (p. 421).

27. Ang Sasaklawing Panahon sa Pagtatatag ng Sosyalismo

Sa pahina 423 sinasabi na "tinapos" natin ang sosyalistang rebolusyon sa mga larangan ng pulitika at ideolohiya noong 1957.[19] Mas pipiliin nating sabihin na nakamit natin ang mapagpasyang tagumpay.

Sa pahina ring iyon sinasabing nais nating gawing malakas na sosyalistang bayan ang Tsina sa loob ng 10 hanggang 15 taon. Isang bagay ito na sinasang-ayunan natin! Nangangahulugan ito na pagkaraan ng ikalawang limang-taong plano kakailanganin nating dumaan sa dalawa pang limang-taong plano hanggang 1972 (o 1969 kung pagsisikapan nating maging mas maaga ng dalawa o tatlong taon sa itinakdang panahon). Bukod sa modernisasyon ng industriya at agrikultura, ng syensya at kultura, kailangan din nating gawing moderno ang pambansang depensa. Sa bayang tulad ng sa atin, napakahirap na tungkulin ang dalhin sa kongklusyon ang pagtatatag ng sosyalismo. Sa sosyalistang konstruksyon, hindi natin dapat pag-usapan ang "maaga".

28. Karagdagang Pagtalakay sa Relasyon ng Industriyalisasyon at Sosyalistang Transpormasyon

Sa pahina 423, sinasabing ang reporma sa sistema ng pagmamay-ari na matagal bago pa makamit ang industriyalisasyon ay isang sirkunstansya na likha ng natatanging mga kundisyon sa Tsina. Mali ito. Ang Silangang Europa, tulad ng Tsina, ay "nakinabang sa pag-iral ng makapangyarihang sosyalistang kampo at sa tulong ng isang industriyalisadong bayan na sing-unlad ng Unyong Sobyet." Ang tanong ay ano ang dahilan kung bakit hindi makumpleto ng mga bayan sa Silangang Europa ang sosyalistang transpormasyon sa sistema ng pagmamay-ari (kabilang ang agrikultura) bagong maging realidad ang industriyalisasyon?* Kung titingnan ang relasyon ng industriyalisasyon at sosyalistang transpormasyon, ang totoo ay sa Unyong Sobyet mismo, nalutas ang problema sa pagmamay-ari bago naging realidad ang industriyalisasyon.

Gayundin, sa punto de bista ng kasaysayan ng daigdig, ang mga rebolusyong burges at ang pagtatatag ng mga bansang burges ay nauna sa, hindi pagkatapos ng Rebolusyong Industriyal. Unang binago ng burgesya ang superistruktura at inangkin ang makinarya ng estado bago isinulong ang propaganda para makaipon ng tunay na lakas. Saka lamang nila isinulong ang malalaking pagbabago sa mga relasyon sa produksyon. Nang maayos na ang mga relasyon sa produksyon at tinahak na nila ang tamang landas, saka nila binigyang puwang ang pagpapaunlad sa mga produktibong pwersa. Totoo ngang ang rebolusyon sa mga relasyon sa produksyon ay ibinubunsod ng isang antas ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa, pero laging nagaganap ang mayor na pag-unlad ng mga produktibong pwersa pagkatapos ng mga pagbabago sa relasyon sa produksyon. Tingnan ang kasaysayan ng pag-unlad ng kapitalismo.

---

* Tingnan ang Tsapter 28, unang parapo ng edisyong 1967:

Sinasabi sa pahina 423, "Batay sa natatanging kalagayan sa Tsina, bago naging realidad ang sosalistang industriyalisasyon, dulot ng pag-iral ng makapangyarihang sosyalistang kampo at ng tulong ng makapangyarihan at maunlad na maunlad na industriyal na bansa tulad ng Unyong Sobyet, kung kaya nakamit ang tagumpay sa pagreporma sa sistema sa pag-aari (kabilang ang agrikultura)." Mali ito. Tulad ng Tsina, para sa mga bayan ng Silangang Europa, "naririyan ang makapangyarihang sosyalistang kampo at ang tulong ng industriyal na bansa na sing-unlad ng Unyong Sobyet. "Bakit hindi nila nakumpleto ang sosyalistang transpormasyon ng sistema sa pag-aari (kabilang ang agrikultura) bago naging realidad ang industriyalistasyon?"

Una ang simpleng koordinasyon na kalauna'y umunlad sa pagyayaring-kamay ng mga talyer. Sa panahong ito, nabubuo na ang mga kapitalistang relasyon sa produksyon, pero nagprodyus ang mga talyer nang walang makina. Nagbunsod ang ganitong tipo ng mga kapitalistang relasyon sa produksyon ng pangangailangan sa pag-abante ng teknolohiya, na lumilikha ng mga kundisyon para sa paggamit ng makina. Sa England, nalubos ang Rebolusyong Industriyal (huling bahagi ng ika-18 siglo hanggang maagang bahagi ng ika-19 na siglo) pagkatapos lamang ng rebolusyong burges, ibig sabihin, pagkatapos ng ika-17 siglo. Sa kani-kanilang paraan, dumaan sa pagbabago ng superistruktura at mga relasyon sa produksyon ang Germany, France, United States at Japan bago ang malawakang pag-unlad ng kapitalistang industriya.

Isang pangkalahatang batas na hindi malulutas ang problema sa pagmamay-ari at hindi makakapagpatuloy sa pagpapalawak ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa hanggat hindi muna inihahanda ang opinyong publiko para sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Bagamat may ilang pagkakaiba ang burges na rebolusyon at proletaryong rebolusyon (bago ang proletaryong rebolusyon, hindi umiral ang mga sosyalistang relasyon samantalang nagsisimula nang lumago ang mga kapitalistang relasyon sa produksyon sa pyudal na lipunan), sa saligan ay magkatulad ang mga ito.

* Tingnan ang Tsapter 28, unang parapo ng edisyong 1967:

Sinasabi sa pahina 423, "Batay sa natatanging kalagayan sa Tsina, bago naging realidad ang sosyalistang industriyalisasyon, dulot ng pag-iral ng makapangyarihang sosyalistang kampo at ng tulong ng makapangyarihan at maunlad na maunlad na industriyal na bansa tulad ng Unyong Sobyet, kung kaya nakamit ang tagumpay sa pagreporma sa sistema ng pagmamay-ari (kabilang ang agrikultura)." Mali ito. Tulad ng Tsina, para sa mga bayan ng Silangang Europa, "naririyan ang makapangyarihang sosyalistang kampo at ang tulong ng industriyal na bansa na sing-unlad ng Unyong Sobyet." Bakit hindi nila nakumpleto ang sosyalistang transpormasyon ng sistema sa pag-aari (kabilang ang agrikultura) bago naging realidad ang industriyalisasyon?
""""""

## IKALAWANG BAHAGI: TSAPTER 24-29

### 29. Mga Kontradiksyon sa Pagitan ng mga Sosyalistang Relasyon sa Produksyon at mga Produktibong Pwersa

Tinatalakay lamang ng pahina 433 ang "mutwal na papel" ng mga relasyon sa produksyon at produktibong pwersa sa ilalim ng sosyalismo pero hindi ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga ito. Kabilang sa mga relasyon sa produksyon ang pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon, ang mga relasyon ng mga tao sa proseso ng produksyon at ang sistema ng distribusyon. Masasabing ang rebolusyon sa sistema ng pagmamay-ari ay ang base. Halimbawa, pagkaraang naging buung-buong pag-aari ng buong sambayanan ang buong ekonomya ng bansa sa pamamagitan ng transisyon mula sa pagmamay-ari ng kolektiba tungo sa pagmamay-ari ng mamamayan, mananatili ang mga problema sa lahat ng empresang pagmamay-ari ng buong mamamayan kahit na umiiral ang ganitong pagmamay-ari sa relatibong mahabang panahon. Dapat bang umiral ang dibisyong sentral-lokal ng awtoridad? Aling mga empresa ang dapat pangasiwaan nino? Noong 1958 isang sistema ng pirmihang responsibilidad sa pamumuhunan ng kapital ang ipinatupad sa ilang batayang yunit sa konstruksyon. Nagbunga ito ng napakalaking kasiglahan sa nabanggit na mga yunit. Kapag

hindi maasahan ng sentro ang sariling inisyatiba, kailangang palargahin nito ang kasiglahan ng empresa o ng lokalidad. Kung hahadlangan ang ganoong kasiglahan, mapipinsala ang produksyon.

Sa gayon nakikita natin na ang mga kontradiksyong kailangang resolbahin ay nananatilisa mga relasyon sa produksyon sa ilalim ng pagmamay-ari ng mamamayan. Kaugnay ng mga relasyon sa hanay ng mga tao sa proseso ng paggawa at ng mga relasyon sa distribusyon, lalong higit na kailangang walang humpay na pahusayin ang mga ito. Sa mga larangang ito, medyo mahirap sabihin kung ano ang base. Marami pang kailangang isulat hinggil sa mga relasyon ng mga tao sa proseso ng paggawa, halimbawa kaugnay ng pagtataguyod ng pamunuan sa mga aktitud na egalitaryan, pagbabago ng ilang regulasyon at mga nakagawian, "ang dalawang partisipasyon" (partisipasyon ng manggagawa sa pangangasiwa at partisipasyon ng nangangasiwa sa produktibong paggawa), "ang tatlong kumbinasyon" (kumbinasyon ng mga pagsisikap ng mga kadre, manggagawa at teknisyan) at iba pa. Matagal na umiral ang pagmamay-aring publiko sa mga primitibong komuna, pero noong panahong iyon, dumaan din sa maraming pagbabago ang mga relasyon sa isa't isa ng mga tao sa proseso ng paggawa.

<u>30. Di Maiiwasan ang Transisyon mula Pagmamay-aring Kolektibo tungo sa Pagmamay-ari ng Mamamayan</u>

Sa pahina 435 sinasabi lamang ng teksto na obhetibong di maiiwasan ang pag-iral ng dalawang anyo ng pagmamay-aring publiko pero hindi sinasabi na obhetibo ring di maiiwasan ang transisyon mula pagmamay-aring kolektibo tungo sa pagmamay-ari ng mamamayan. Isa itong di matatakasang obhetibong proseso na kasalukuyang natutunghayan sa ilang lugar ng ating bayan. Ayon sa datos mula sa *county* ng Cheng An ng probinsyang Hopei, yumayabong ang mga komunang may mga pananim na pang-industriya, naitaas sa 45 porsyento[20] ang mga antas ng akumulasyon at mataas ang pamantayan ng kabuhayan ng mga magsasaka. Kung magpapatuloy ang sitwasyong ito, kung hindi natin hahayaang maging pagmamay-ari ng mamamayan ang pagmamay-ari ng kolektiba at reresolbahin ang kontradiksyon, lalampasan ng pamantayan ng kabuhayan ng magsasaka iyong sa mga manggagawa, sa kapinsalaan kapwa ng kaunlarang pang-industriya at pang-agrikultura.

Sa pahina 438 sinasabing ang mga empresang pinapangasiwaan ng estado ay "hindi pundamental na naiiba sa mga kooperatiba… may umiiral na dalawang anyo ng pagmamay-aring publiko… sagrado at di malalabag." Walang pagkakaiba sa pagmamay-aring kolektibo at pagmamay-ari ng mamamayan sa punto de bista ng kapitalismo pero nagiging pundamental ang pagkakaiba sa loob ng sosyalistang ekonomya. Tinatalakay ng teksto ang dalawang anyo ng pagmamay-ari bilang "sagrado at di malalabag." Maaari ito kapag ang pinag-uusapan ay mga kalabang pwersa, pero kapag ang proseso ng pag-unlad ng pagmamay-aring publiko ang pinag-uusapan, nagiging mali ito. Walang maituturing na di nagbabago. May proseso rin ng pagbabago ang pagmamay-ari ng buong sambayanan mismo.

Pagkaraan ng marami-raming taon, pagkaraang matransporma sa pagmamay-ari ng buong sambayanan ang pagmamay-ari ng mga komunang bayan, ang buong bayan ay magiging isang di mahahating sistema ng pagmamay-ari ng buong sambayanan. Maisusulong nito nang malaki ang pag-unlad ng mga produktibong pwersa. Sa isang panahon, mananatili itong isang sistema ng sosyalistang pagmamay-ari ng buong sambayanan at pagkaraan lamang

ng isa pang panahon ito magiging sistema ng *komunistang* pagmamay-ari ng buong sambayanan. Kung gayon, ang pagmamay-ari ng mamamayan mismo ay kakailanganing sumulong mula sa distribusyon ayon sa paggawa tungo sa distribusyon ayon sa pangangailangan.

31. Indibidwal na Propyedad

Sa pahina 439 sinasabi na "Ang isa pang bahagi ay ang mga produktong pangkonsumo… na bumubuo sa personal na propyedad ng mga manggagawa." Sa ganitong pagpapahayag, iisipin ng mga tao na ang mga produktong klasipikadong "pangkonsumo" ay ipapamahagi sa mga manggagawa bilang kanilang indibidwal na propyedad. Mali ito. Indibidwal na propyedad ang isang bahagi ng mga produktong pangkonsumo, pampublikong propyedad ang isa pa, gaya ng mga pasilidad sa kultura at edukasyon, mga ospital, mga pasilidad pang-isports, parke at iba pa. Dagdag pa, papalaki ang bahaging ito. Syempre para sa kapakinabangan ng bawat manggagawa ang mga ito, pero hindi indibidwal na propyedad ang mga ito.

Sa pahina 440 makikita nating pinagsama-sama ang kita at impok mula sa pagtatrabaho, pabahay, mga produktong pambahay, mga produktong para sa indibidwal na konsumo at iba pang ordinaryong kagamitan. Hindi ito kasiya-siya dahil ang impok, pabahay at iba pa ay galing lahat sa kita ng nagtatrabahong mamamayan.

Sa napakaraming bahagi, tinatalakay lamang ng librong ito ang indibidwal na konsumo at hindi iyong panlipunang konsumo gaya ng kagalingang publiko, kultura, kalusugan at iba pa. Makaisang-panig ito. Malayo sa nararapat ang pabahay sa ating kanayunan. Kailangang pahusayin natin sa maayos na paraan[*] ang kundisyon ng pabahay sa kanayunan. Dapat pangunahing gumamit ng kolektibong mga pwersang panlipunan, hindi ng indibidwal na mga pwersa ang konstruksyong residensyal, laluna sa mga lunsod. Kung hindi magsasagawa ng kolektibong pagsisikap ang sosyalistang lipunan, anong klase ng sosyalismo ang matatamo sa kalaunan? May ilang nagsasabing mas interesado ang sosyalismo sa mga materyal na insentiba kaysa kapitalismo. Ang ganitong pahayag ay sadyang kabalbalan.

* Sa tekstong 1969 lamang.

Dito sinasabi ng teksto na kabilang sa yamang nililikha ng mga kolektibong sakahan ang indibidwal na propyedad pati na subsidyaryong mga pinagkakakitaan. Kung hindi natin maipapanukalang itransporma ang subsidyaryong mga pinagkakakitaan tungo sa pagmamay-aring publiko, mananatiling magsasaka ang mga magsasaka magpakailanman. Kailangang konsolidahin ang isang takdang sistemang panlipunan sa isang takdang panahon. Pero kailangang may hangganan ang konsolidasyon. Kung magtutuluy-tuloy ito, tiyak na titigas ang ideolohiyang sumasalamin sa sistema, at magiging dahilan ng pagkawala ng kakayahan ng mamamayan na iangkop ang kanilang pag-iisip sa mga bagong pag-unlad.

Sa pahina ring iyon, binanggit ang integrasyon ng mga interes ng indibidwal at ng kolektiba. Sinasabi nitong, "Nakakamit ang integrasyon sa sumusunod na paraan: ang kompensasyon ng isang myembro ng lipunan ay ayon sa kantidad at kalidad ng kanyang paggawa para matugunan ang prinsipyo ng materyal na interes ng indibidwal. Dito, ipinapauna ng teksto ang interes ng indibidwal nang hindi tinatalakay ang kinakailangang mga

[*] Sa tekstong 1969 lamang.

reserbasyon. Makaisang-panig na pagtalakay ito sa prinsipyo ng materyal na interes ng indibidwal."

Ayon sa pahina 441, "Hindi magkabangga ang pampublikong interes at interes ng indibidwal at maaaring unti-unting maresolba." Walang saysay ang pagsasalitang ito, at wala itong nilulutas. Sa bayang tulad ng sa atin, kung hindi inaayos ang mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan tuwing makaraan ang ilang taon, hindi kailanman malulutas ang mga ito.

32. Kontradiksyon ang Motibong Pwersa ng Pag-unlad sa Sosyalistang Lipunan

Sa pahina 443, talata 5, may pagtanggap na umiiral sa sosyalistang lipunan ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga produktibong pwersa at mga relasyon sa produksyon at tinatalakay ang pangingibabaw sa ganitong mga kontradiksyon. Pero hindi man lamang kinilala ng teksto na ang mga kontradiksyon ang siyang motibong pwersa.

Katanggap-tanggap ang sumunod na talata; gayunman, sa ilalim ng sosyalismo, nakakasagabal sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa hindi lamang ang ilang aspeto ng mga relasyon ng mga tao at ilang anyo ng pamumuno sa ekonomya, kundi maging ang mga problema sa sistema ng pagmamay-ari mismo (halimbawa, ang dalawang tipo ng pagmamay-ari).

Pinakakaduda-duda ang pananaw sa sumunod na talata. Sinasabi nito, "Hindi di mapagkakasundo ang mga kontradiksyon sa sosyalismo." Hindi ito umaayon sa mga batas ng diyalektika na naninindigang di mapagkakasundo ang lahat ng kontradiksyon. Saan na ba nagkaroon ng mapagkakasundong kontradiksyon? Ang ilan ay antagonistiko, ang ilan ay di antagonistiko, pero hindi dapat isiping may mga kontradiksyong di mapagkakasundo at mapagkakasundo.

Sa sosyalismo* maaaring wala nang gera pero may tunggalian pa, tunggalian sa hanay ng mga seksyon ng mamamayan; maaaring wala nang rebolusyon ng isang uri na nagbabagsak sa isa pa, pero may rebolusyon pa rin. Rebolusyonaryo ang transisyon tungong komunismo mula sosyalismo. Gayundin ang transisyon ng isang yugto ng komunismo sa isa pa. Mayroon pang rebolusyong panteknolohiya at rebolusyong pangkultura. Tiyak na kakailanganing dumaan ang komunismo sa maraming yugto at maraming rebolusyon.
""
*Nagkomentaryo ang nag*transcribe* ng tekstong 1967 na maaaring ang ibig sabihin ni Mao ay "sa komunismo."

Dito tinatalakay ng teksto ang pagsandig sa "positibong aksyon" ng masa para pangibabawan ang mga kontradiksyon sa tamang panahon. Kailangang kabilang ang kumplikadong mga tunggalian sa "positibong aksyon".

"Sa sosyalismo, walang uri na masigasig na nagpapakanang panatilihin ang lipas nang mga relasyong pang-ekonomya." Tama, pero sa sosyalistang lipunan mayroon pa ring mga konserbatibong saray at "mga grupong may pansariling interes." May nananatili pa ring mga

---

* Nagkomentaryo ang nag*transcribe* ng tekstong 1967 na maaaring ang ibig sabihin ni Mao ay "sa komunismo".

pagkakaiba sa pagitan ng paggawang mental at manwal, kalunsuran at kanayunan, manggagawa at magsasaka. Bagamat ang mga kontradiksyong ito ay hindi antagonistiko, ang mga ito'y hindi malulutas nang walang tunggalian.

Ang mga anak ng mga kadre natin ay nakakapagpahina ng loob. Wala silang karanasan sa buhay at sa lipunan, pero mayayabang sila at masyadong nagmamagaling. Kailangang turuan silang huwag sumalig sa kanilang mga magulang o sa mga martir ng nakaraan kundi sa kanilang sarili nang lubusan.

Sa sosyalistang lipunan laging may mga taong abante at atrasado, iyong matatag ang katapatan sa kolektibong pagsisikap, masipag at sinsero, malusog ang diwa at masigla, at iyong kumikilos para sa popularidad at yaman, para sa personal na kapakinabangan, para sa sarili, o walang pakialam at matamlay. Sa proseso ng sosyalistang pag-unlad ang bawat isang yugto ay tiyak na magkakaroon ng isang grupong gustung-gustong panatilihin ang atrasadong mga relasyon sa produksyon at institusyong panlipunan. Sa maraming usapin, may sariling pananaw ang nakaririwasang mga panggitnang magsasaka. Hindi sila makaangkop sa mga bagong pag-unlad, at ilan sa kanila ang pumipigil sa ganitong mga pag-unlad gaya ng pinatunayan ng pakikipagdebate sa nakaririwasang mga magsasaka sa kanayunan ng Kwangtung hinggil sa Walong-Salitang Konstitusyon.[21]

Sinasabi sa huling talata ng pahina 453, "Ang pamumuna at pagpuna-sa-sarili ay makapangyarihang mga motibong pwersa sa pag-unlad ng sosyalistang lipunan." Hindi ito ang punto. Ang mga kontradiksyon ang siyang mga motibong pwersa, at ang pamumuna at pagpuna-sa-sarili ang mga paraan sa paglutas ng mga kontradiksyon.

<u>33. Ang Diyalektikong Proseso ng Kaalaman</u>

Sinasabi sa pahina 446, talata 2 na sa pagiging pampubliko ng pagmamay-ari, "ang mamamayan ay nagiging mga panginoon ng mga relasyong pang-ekonomya ng kanilang lipunan" at "lubos at mulat nilang nasasapol at nailalapat ang mga batas na ito". Dapat pansining rekisito rito ang pagdaan sa proseso. Ang pag-unawa sa mga batas ay laging nagsisimula sa pag-unawa ng minorya bago ito maging kaalaman ng mayorya. Kailangang dumaan sa proseso ng praktika at pag-aaral para umabot sa kaalaman mula kamangmangan. Sa simula, walang may kaalaman. Kailanman ay walang paunang kaalaman. Kailangang dumaan ang tao sa praktika para magtamo ng mga resulta, at magtamo ng kabiguan habang lumilitaw ang mga problema; sa ganitong proseso lamang unti-unting makakaabante ang kaalaman. Kung nais malaman ang obhetibong mga batas ng pag-unlad ng mga bagay-bagay at pangyayari, kailangang dumaan sa proseso ng praktika, magtaglay ng aktitud na Marxista-Leninista, paghambingin ang mga tagumpay at kabiguan, tuluy-tuloy na magsapraktika at mag-aral, maraming ulit na dumaan sa mga tagumpay at kabiguan; dagdag pa, kailangang magsagawa ng masusing pananaliksik. Walang ibang paraan para unti-unting umayon sa mga batas ang sariling kaalaman. Sa mga nakakakita lamang ng tagumpay pero hindi ng kabiguan, hindi magiging posible ang pag-alam sa mga batas na ito.

Hindi madaling "gagapin at ilapat nang lubusan at mulat ang mga batas na ito." Sa pahina 446, sinisipi ng teksto si Engels. "Sa panahong ito lamang nagsisimulang lumikha ng kasaysayan ang mulat na mulat na sarili. Sa unang pagkakataon sa malawak na saklaw at sa

palawak nang paglawak pang saklaw, malilikha ng tao ang mga epektong hinahangad nila." Relatibong eksakto ang "nagsisimula" at "sa palawak nang palawak pang saklaw."

Hindi kinikilala ng teksto ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga anyong panlabas at esensya. Laging nasa likod ng mga anyong panlabas ang mga esensya at hindi maisisiwalat liban sa pamamagitan ng mga anyong panlabas. Hindi sinasabi ng teksto ang ideya na para malaman ng isang tao ang mga batas, kailangang dumaan sa isang proseso. Hindi eksepsyon ang taliba.

34. Ang mga Unyon at ang Sistema ng Iisang Pamumuno

Sa pahina 452, kapag pinag-uusapan ang misyon ng mga unyon sa paggawa, hindi sinasabi ng teksto na pangunahing tungkulin ng mga unyon ang pagpapaunlad ng produksyon; hindi nito tinatalakay ang mga paraan para palakasin ang pampulitikang edukasyon; sobra lamang nitong binibigyang diin ang kagalingan.

Sa kabuuan, tinatalakay ng teksto ang "pangangasiwa sa produksyon ayon sa prinsipyo ng sistema ng iisang pinuno." Ipinapatupad ng lahat ng empresa sa mga kapitalistang bayan ang prinsipyong ito. Kailangang may saligang pag-iiba sa mga prinsipyo ng pangangasiwa sa sosyalista at kapitalistang mga empresa. Sa Tsina, istriktong napag-iba natin ang ating mga paraan at iyong sa kapitalistang pangangasiwa sa pamamagitan ng pagpapairal ng responsibilidad ng pinuno sa pagawaan sa patnubay ng partido.

35. Hindi Marxistang Paraan ang Pagsisimula sa Pundamental na mga Prinsipyo at Tuntunin

Mula sa ikalawang tsapter pasulong, napakaraming mga tuntuning inilatag. Sa Das Kapital, nagsisimula sa mga anyong panlabas ang pagsusuri sa kapitalistang ekonomya, naghahanap ng mga esensya at saka lamang ginagamit ang esensya para ipaliwanag ang anyong panlabas, at sa ganitong paraan ay gumagawa ng epektibong mga pagbubuod at pagbabalangkas. Pero hindi nagsasagawa ng pagsusuri ang teksto. Hindi maayos ang komposisyon nito. Lagi itong nagsisimula sa mga tuntunin, prinsipyo, batas, depinisyon – isang paraang laging sinasalungat ng Marxismo-Leninismo. Kailangang ipailalim sa pagsusuri at puspusang pag-aaral ang mga epekto ng mga prinsipyo at batas; sa gayon lamang mahahalaw ang mga prinsipyo at batas. Laging mga anyong panlabas muna ang sinasaklaw ng kaalaman ng tao. Mula doon, hinahanap ang mga prinsipyo at batas. Kabaligtaran ang ginagawa ng teksto. Ang paraan nito ay deduktibo o nagsisimula sa mga pangkalahatang prinsipyo, at hindi mapanuri. Ayon sa pormal na lohika, "Ang lahat ng tao ay mamamatay. Si Gn. Chang ay tao. Kaya mamamatay si Gn. Chang." Halaw ang kongklusyong ito sa batayang mamamatay ang lahat ng tao. Ito ang paraang deduktibo. Sa bawat tanong, nagbibigay muna ang teksto ng mga depinisyon na ginagawang pangunahing batayan at mula doo'y nangangatwiran nang hindi nauunawaan na ang pangunahing batayan ay dapat resulta ng pananaliksik sa usapin. Hanggat hindi dumadaan sa kongkretong pananaliksik, hindi madidiskubre at mapapatunayan ang mga prinsipyo at batas.

36. Madali Ba Lamang Ipalaganap ang Abanteng Karanasan?

Sinasabi sa pahina 461, talata 2, "Sa pambansang sosyalistang ekonomya, ang pinakabagong mga tagumpay ng syensya, mga imbensyong teknikal at abanteng karanasan ay

maaaring ipalaganap nang walang kahirap-hirap sa lahat ng empresa." Malayo ito sa katotohanan. Sa sosyalistang lipunan, may "mga namamanginoon sa akademya" na kumokontrol sa mga organo ng syentipikong pananaliksik at sumusupil sa bagong mga pwersa. Kaya hindi simpleng naipapalaganap nang walang kahirap-hirap ang pinakahuling mga tagumpay ng syensya. Sa esensya ay hindi kinikilala ng ganitong pananalita na may mga kontradiksyon sa sosyalistang lipunan. Kailanma't may bagong bagay na lumilitaw, tiyak itong makakaharap ng balakid, marahil dahil hindi ito nakasanayan ng mga tao, o kaya'y hindi nila ito nauunawaan, o kaya nama'y salungat ito sa interes ng isang partikular na grupo. Halimbawa, ang ating mga praktika sa magkakalapit na pagtatanim at malalim na pag-aararo ay walang makauring katangian sa sarili lamang nito, pero ang mga ito ay sinalungat at tinutulan ng isang partikular na grupo. Mangyari pa, sa sosyalistang lipunan, pundamental na naiiba ang ganoong nakakahadlang na mga kondisyon kaysa niyong sa kapitalistang lipunan.

37. Pagpaplano

Sa pahina 465, sinisipi si Engels na nagsasabing, "Sa sosyalismo, magiging posible ang pagsasagawa ng produksyong panlipunan ayon sa naunang itinakdang plano." Tama ito. Sa kapitalistang lipunan, natatamo ang balanse ng pambansang ekonomya sa pamamagitan ng mga krisis pang-ekonomya. Sa sosyalistang lipunan, may posibilidad na gawing realidad ang balanse sa pamamagitan ng pagpaplano. Pero huwag nating itanggi na dahil sa posibilidad na ito, ang pag-alam sa kinakailangang mga proporsyon ay dapat dumaan sa isang proseso. Dito sinasabi ng teksto, "Hindi tugma ang pagiging ispontanyo at ang malayang kumpetisyon (*laissez faire*) sa pagmamay-aring publiko ng mga kagamitan sa produksyon." Gayunman hindi dapat isiping hindi umiiral sa sosyalistang lipunan ang pagiging ispontanyo at ang malayang kumpetisyon. Hindi agad perpekto ang kaalaman natin sa mga batas. Sinasabi sa atin ng aktwal na paggawa na sa isang takdang panahon, may ganoon at ganitong plano ng ganoon at ganitong mga tao o ng ibang grupo. Walang makakapagsabing umaayon sa mga batas ang plano ng isang partikular na grupo. Tiyak na may ilang planong aayon, o aayon sa saligan, samantalang may iba namang hindi aayon, o hindi aayon sa saligan.

Metapisikal na pananaw ang pag-iisip na hindi nangangailangan ng proseso ang kaalaman sa mga proporsyon – ang paghahambing ng mga tagumpay at kabiguan, isang masalimuot na landas ng pag-unlad. Ang kalayaan ay pagkilala sa pangangailangan, pero ang pangangailangan ay hindi makikita sa biglang tingin. Walang likas na mga paham sa daigdig, at hindi nagkakaroon ng paunang kaalaman ang lahat pag-abot sa sosyalistang lipunan. Bakit hindi nailathala sa mas maagang panahon ang tekstong ito sa ekonomyang pampulitika? Bakit paulit-paulit na nirebisa ito pagkalimbag? At hindi nga ba ang dahilan ay di perpekto ang kaalaman sa nakaraan at magpahanggang ngayon? Tingnan ang ating mga karanasan – sa simula hindi natin naunawaan kung paano pagaganahin ang sosyalismo; unti-unti, sa praktika naunawaan natin nang bahagya, pero hindi sapat. Kung iisipin nating sapat na ito, wala nang kailangan pang gawin.

Sa pahina 466 sinasabing isang namumukod na katangian ng sosyalismo ang "mulat at regular na pagpapanatili ng nararapat na proporsyon." Pareho itong responsibilidad at demand, at mahirap tugunan. Kahit si Stalin ay nagsabi na hindi maituturing na lubos nang sinasalamin ng mga plano ng Unyong Sobyet ang mga hinihingi ng mga batas.

Ang "regular na pagpapanatili ng nararapat na proporsyon" ay regular na anyong panlabas rin ng mga disbalanse. Dahil kapag hindi natatamo ang nararapat na proporsyon, lumilitaw ang tungkulin na panatilihing nasa proporsyon ang mga bagay. Sa proseso ng pag-unlad ng isang sosyalistang ekonomya, hinihingi ng regular na paglitaw ng mga disbalanse na ibalanse ang mga bagay sa pamamagitan ng pagpapanatili sa proporsyunalidad at pagiging komprehensibo. Halimbawa, habang umuunlad ang ekonomya, nararamdaman ng lahat ang kasalatan sa tauhang teknikal at kadre at lumilitaw ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pangangailangan at suplay. Itinutulak naman tayo nito na magbukas ng mas maraming paaralan at magsanay ng mas maraming kadre para resolbahin ang kontradiksyong ito. Pagkalitaw ng mga disbalanse at disproporsyon, higit na nauunawaan ng mga tao ang obhetibong mga batas.

Sa pagpaplano, kung walang ginagawang pagkukwenta, kung hahayaan lamang ang mga bagay-bagay, o sobrang maingat sa paggigiit na sigurado ang lahat, hindi magtatagumpay ang mga paraan natin at bunga nito masisira ang proporsyunalidad.

Ang plano ay isang anyong pang-ideolohiya. Ang ideolohiya ay salamin ng realidad pero umaakto din ito sa realidad. Itinakda ng ating nakaraang mga plano na walang bagong industriyang itatayo sa ating mga baybayin, at hanggang 1957 walang konstruksyon doon. Sinayang natin ang pitong taon. Pagkatapos lamang ng 1958 nagsimula ang mayor na konstruksyon. Malalaking pag-unlad ang naganap nitong nakaraang dalawang taon. Sa gayon, ang mga anyong pang-ideolohiya na tulad ng mga plano ay may malaking epekto sa pag-unlad ng ekonomya at sa bilis nito.

## 38. Prayoridad na Paglago sa Paglikha ng mga Kagamitan sa Produksyon; Magkaagapay na Pagsusulong ng Industriya at Agrikultura

Sa pahina 466 tinatalakay ang problema sa prayoridad na paglago sa paglikha ng mga kagamitan sa produksyon.

Ang prayoridad na paglago sa paglikha ng mga kagamitan sa produksyon ay tuntuning pang-ekonomya para sa pinalawak na reproduksyon na komun sa lahat ng lipunan. Kung walang mga prayoridad sa paglikha ng mga kagamitan sa produksyon sa kapitalistang lipunan, hindi magkakaroon ng pinalawak na reproduksyon. Noong panahon ni Stalin, dala ng espesyal na diin sa prayoridad na pagpapaunlad ng mabigat na industriya, nakaligtaan sa mga plano ang agrikultura. Sa nakaraang ilang taon, nagkaroon din ng ganoong mga problema ang Silangang Europa. Ang ating kaparaanan naman ay gawing kundisyon ang prayoridad na pagpapaunlad ng mabigat na industriya sa pagpapatupad ng magkaagapay na pagsusulong ng industriya at agrikultura, gayundin ng iba pang kaagapay na mga programa na sa bawat isa'y may nangungunang aspeto. Kung hindi susulong ang agrikultura, iilang problema lamang ang malulutas. Apat na taon na mula nang nagpanukala tayo ng magkaagapay na pagsusulong ng industriya at agrikultura bagamat totohanang ipinatupad ito noong 1960. Ipinapakita ng kantidad ng aserong inilalaan natin sa agrikultura kung gaano kalaki ang ating pagpapahalaga sa agrikultura. Noong 1959, 590,000 tonelada lamang ang inilaan natin pero sa taong ito, 1.3 milyong tonelada ang inilaan natin (kabilang ang konstruksyon para sa konserbasyon ng tubig). Ito ang tunay na magkaagapay na pagsusulong ng industriya at agrikultura.

Dito binabanggit sa teksto na noong 1925-1958, 103 ulit na lumaki ang produksyon ng mga kagamitan sa produksyon sa Unyong Sobyet, samantalang 15.6 ulit na dumami ang mga produktong pangkonsumo. Ang tanong ay, mabuti ba o hindi sa pag-unlad ng mabigat na industriya ang tumbasang 103:15.6*? Kung nais nating mabilis na umunlad ang mabigat na industriya, kailangang magpamalas ng inisyatiba at magpanatili ng mataas na moral ang bawat isa. At kung nais natin iyon, kailangang magkaagapay nating maisulong ang industriya at agrikultura, gayundin ang magaan at mabigat na industriya.

* Sa tekstong 1967 lamang.

Kung magagawa nating umunlad nang magkakasabay at sa mataas na tantos ang agrikultura, magaan na industriya at mabigat na industriya, maaari nating garantyahang angkop na mapapahusay ang kabuhayan ng mamamayan kasabay ng pagpapaunlad sa mabigat na industriya. Pinapatunayan ng karanasan ng Unyong Sobyet at maging ng sa atin na kung hindi umuunlad ang agrikultura, kung hindi umuunlad ang magaan na industriya, napipinsala ang pag-unlad ng mabigat na industriya.

39. "Distribusyon ang Nagtatakda" – Isang Maling Pananaw

Sinasabi sa tsapter 20, "Ang prekondisyon sa pagtaeb ng industriyang pinapangasiwaan ng estado ay ang paggamit sa hangarin ng mga manggagawa sa ibang materyal na interes ng indibidwal sa pagpapaunlad ng sosyalistang produksyon." Sa tsapter 21 sinasabi, "Lubos na ipatupad ang pang-ekonomyang akawnting na gumagamit ng batas sa distribusyon sa ekonomya ayon sa paggawa (isang batas na nagkukumbina ng materyal na interes ng indibidwal na manggagawa sa interes ng sosyalistang produksyon) para gumanap ng mahalagang papel sa pakikibaka para sa pambansang industriyalisasyon." Sa tsapter 25 sinasabi na "Ang mga layunin ng sosyalistang produksyon ay nagpapasidhi sa interes ng mga manggagawa na masiglang magsikap para pataasin ang produksyon at itulak ang mga tauhan na maging interesado sa bunga ng sariling paggawa, dala ng materyal na interes. Ito ay isang makapangyarihang motibong pwersa sa pagpapaunlad ng sosyalistang produksyon." Tiyak na magbubunsod ng panganib ng papalaking indibidwalismo kung gagawing absoluto ang "paghahangad sa materyal na interes ng indibidwal."

Sinasabi sa pahina 452 na ang batas ng distribusyon ayon sa paggawa "ay isa sa nagtatakdang mga motibong pwersa sa sosyalistang produksyon dahil dala ng materyal na interes ay itinutulak nito ang lahat ng manggagawa na magmalasakit sa pagsasakatuparan ng mga plano sa pagpapataas ng produktibidad." Hindi maiiwasan ang pagtatanong, "Kung ang pundamental na pang-ekonomyang mga batas ng sosyalismo ang nagtatakda sa direksyon ng pag-unlad ng sosyalistang produksyon, paano mangyayaring ang materyal na interes ng indibidwal ang diumanong motibong pwersa na nagtatakda sa produksyon?" Ang pagtrato sa distribusyon ng mga produktong pangkonsumo bilang isang mapagpasyang motibong pwersa ay ang maling pananaw na ang distribusyon ay mapagpasya. Sinabi ni Marx sa kanyang *Kritika sa Programang Gotha*, "Unang-una, ang distribusyon ay dapat distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon: sino ang may hawak sa mga kagamitan sa produksyon? Ito ang mapagpasyang usapin. Ang distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon ang nagtatakda ng distribusyon ng mga produktong pangkonsumo." Pambabaluktot sa wastong

* Sa tekstong 1967 lamang.

pananaw ni Marx at isang malubhang pagkakamaling teoretikal ang ituring na mapagpasyang motibong pwersa ang distribusyon ng mga produktong pangkonsumo.

## 40. Ang Pagpapauna sa Pulitika at ang Materyal na Insentiba

Sa pahina 452, talata 2, inilalagay ang organisasyon ng partido kasunod ng lokal na mga organong pang-ekonomya na ang huli ang nagiging mga pinunong nasa tuwirang pangangasiwa ng sentral na gubyerno. Ang mga lokal na organisasyon ng partido ay hindi makapamuno sa pulitika sa mga lugar na iyon, kaya talagang imposible para sa kanila na mobilisahin nang sapat ang lahat ng positibong pwersa. Sa pahina 457 ng teksto, bagamat may pagkilala sa mapanlikhang mga aktibidad ng masa, sinasabi pa rin na, "Isa sa pinakamahalagang kundisyon para mapabilis ang komunistang konstruksyon ay ang partisipasyon ng masa sa pakikibaka para tugunan at lampasan ang mga plano sa pang-ekonomyang pag-unlad ng bansa." Sa pahina 447 sinasabi rin na, "Isang mapagpasyang salik sa pagpapaunlad ng agrikultura ang inisyatiba ng mga tauhan sa sakahan." Ang pagtingin sa pakikibakang masa bilang "isang mahalagang salik" ay pagsalungat sa prinsipyong ang masa ang tagapaglikha ng kasaysayan. Hindi kailanman maipagpapalagay na ang kasaysayan ay likha ng mga nagpaplano at hindi ng masa.

Pagkatapos, kagyat na inihapag ng teksto ang puntong ito: "Mula't sapul, kailangang gamitin natin ang mga materyal na insentiba." Pinalalabas nito na ang mapanlikhang aktibidad ng masa ay kailangang bigyang inspirasyon sa pamamagitan ng materyal na interes. Sa bawat pagkakataon, tinatalakay ng teksto ang materyal na interes ng indibidwal na para itong isang kaakit-akit na paraan para mahalina ang mga tao sa kaiga-igayang hinaharap. Repleksyon ito ng kalagayang ispiritwal ng marami-raming manggagawa sa ekonomya at namumunong istap at ng kabiguang bigyang diin ang gawain sa pulitika at ideolohiya. Sa ganitong mga sirkunstansya, walang alternatiba kundi ang sumalig sa mga materyal na insentiba. "Mula sa bawat isa ayon sa kakayahan, para sa bawat isa ayon sa paggawa." Ang unang bahagi ng islogan ay nangangahulugan na kailangang maglaan ng ubos-kayang pagsisikap sa produksyon. Bakit pinaghihiwalay ang dalawang bahagi ng islogan at laging makaisang-panig na binabanggit ang materyal na insentiba? Sa ganitong klase ng propaganda para sa materyal na interes, magiging di magagapi ang kapitalismo!

## 41. Balanse at Disbalanse

Nagkakamali ang pahina 432, talata 1. Ang pag-unlad ng kapitalistang teknolohiya ay balansyado sa ilang aspeto, di balansyado sa iba. Ang punto ay magkaiba sa esensya ang balanse at disbalanse sa panteknolohiyang pag-unlad sa ilalim ng kapitalismo at sosyalismo. Sa sosyalismo ay may balanse at disbalanse; halimbawa, sa unang yugto ng Liberasyon, mahigit lamang nang kaunti sa 200 ang mga manggagawa natin sa proyektong heolohikal at walang-wala sa kumpas ng mga pangangailangan sa pagpapaunlad ng ekonomya ng bansa ang paghahanap ng mina. Pagkaraan ng ilang taon ng masinsing pagsisikap, halos naituwid na ang sitwasyon nang umusbong ang mga bagong disbalanse. Sa kasalukuyan napakalaki ng pangingibabaw ng manwal na paggawa sa Tsina, isang sitwasyong walang-wala sa kumpas ng mga pangangailangan natin sa pagpapaunlad ng produksyon at pagpapataas ng produktibidad ng paggawa. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating maglunsad ng malawakang rebolusyong panteknolohiya at resolbahin ang disbalanseng ito. Sa paglitaw ng bawat bagong kagawarang teknikal, tiyak na muling magiging kapansin-pansin ang disbalanse ng kaunlarang

panteknolohiya. Halimbawa, hinaharap natin ngayon ang mas abanteng teknolohiya kaya mulat tayo sa di pagtutugma ng maraming bagay. Pero hindi lamang itinatanggi ng tekstong Sobyet na ito ang isang antas ng balanse sa kapitalismo kundi maging ang isang antas ng disbalanse sa sosyalismo.

Parehong umunlad sa ganitong paraan ang teknolohiya at ekonomya. Mukhang hindi pamilyar ang teksto sa mga paalun-along pagsulong ng pag-unlad ng sosyalistang produksyon at tinatalakay nito ang pag-unlad ng sosyalistang ekonomya bilang isang tuwid na tuwid na linyang walang mga lundo. Hindi ito maaari. Walang tuwid na linya ng pag-unlad; paalon ito o kaya'y paikid. Ganito ang padron maging ng pag-aaral natin. Bago mag-aral, may iba tayong ginagawa. Pagkatapos, kailangan tayong magpahinga nang ilang oras. Hindi tayo tuluy-tuloy na makakapag-aral na parang walang gabi o araw. Mas marami tayong pinag-aaralan sa isang araw, mas kaunti sa susunod. Bukod pa, sa ating pang-araw-araw na pag-aaral, minsan mas marami tayong nakokomentaryuhan; minsan mas kaunti. Lahat ng ito ay may padrong paalon, may pagtaas at pagbaba. Ang balanse ay relatibo sa disbalanse. Kung walang disbalanse, walang balanse. Kinatatangian ng disbalanse ang pag-unlad ng lahat ng bagay. Kaya may pangangailangan sa balanse. Umiiral ang kontradiksyon ng balanse at disbalanse sa lahat ng bahagi ng iba't ibang larangan at kagawaran, walang tigil na umuusbong, walang tigil na nareresolba. Kapag may plano sa unang taon, kailangang mayroon din sa susunod. Rekisito ng taunang plano ang plano kada tatlong buwan, na nangangailangan naman ng buwanang plano. Sa bawat isa ng labindalawang buwan, kailangang resolbahin ang mga kontradiksyon sa pagitan ng balanse at disbalanse. Laging kailangang rebisahin ang mga plano dahil nga muling lumilitaw ang bagong mga disbalanse.

Pero hindi sapat na nailapat ng teksto ang diyalektikong paraan para saliksikin ang iba't ibang usapin. Napakahaba ng tsapter na inilaan sa mga batas ng planadong proporsyunal na pag-unlad ng pambansang ekonomya, pero walang pagbanggit sa kontradiksyon ng balanse at disbalanse.

Maaaring magkaroon ng planadong proporsyunal na pag-unlad ang pambansang ekonomya ng sosyalistang lipunan para maiayos ang mga disbalanse. Gayunman, hindi nawawala ang disbalanse. "Likas sa mga bagay ang di pagkakapantay-pantay." Dahil sa pagkapawi ng pribadong pagmamay-ari, naging posible ang planadong organisasyon ng ekonomya. Kung gayon, posibleng mulat na kontrolin at gamitin ang obhetibong mga batas ng disbalanse para malikha ang maraming relatibong pansamantalang* balanse.

*Sa tekstong 1969 lamang.

Kung mauuna ang mga produktibong pwersa, hindi tutugma sa mga ito ang mga relasyon sa produksyon; hindi tutugma ang superistruktura sa mga relasyon sa produksyon. Sa panahong iyon, kailangang baguhin ang superistruktura at mga relasyon sa produksyon para tumugma sa mga produktibong pwersa. May nagsasabing relatibo lamang na matatamo ang balanse sa pagitan ng superistruktura at mga relasyon sa produksyon, sa pagitan ng mga relasyon sa produksyon at mga produktibong pwersa, dahil laging umaabante ang mga produktibong pwersa kaya laging may disbalanse. Ang balanse at disbalanse ay dalawang mukha ng isang kontradiksyon kung saan absoluto ang disbalanse at relatibo ang balanse.

---

* Sa tekstong 1969 lamang.

Kung hindi ganito, hindi ibayong makakaunlad ang superistruktura, o kaya ang mga relasyon sa produksyon, o kaya ang mga produktibong pwersa; titigas ang mga ito. Relatibo ang balanse, absoluto ang disbalanse. Ito ay unibersal na batas na kumbinsido akong sumasaklaw sa sosyalistang lipunan. Mga absoluto ang kontradiksyon at tunggalian; transisyunal ang kaisahan, lubos na pagkakaisa at pakikipagkaisa, kaya relatibo. Pansamantala, transisyunal at kondisyunal ang iba't ibang balanseng natatamo sa pagpaplano, kaya relatibo. Sino'ng makakahinagap ng isang kalagayan ng balanse na di kondisyunal at walang hanggan?

Kailangan nating gamitin ang balanse at disbalanse sa mga produktibong pwersa, mga relasyon sa produksyon at superistruktura bilang patnubay sa pananaliksik ng mga problemang pang-ekonomya ng sosyalismo.

Ang pangunahing paksang aralin sa ekonomyang pampulitika ay ang mga relasyon sa produksyon. Pero para malinaw na mapag-aralan ang mga relasyon sa produksyon, kailangang kaakibat na pag-aralan ang mga produktibong pwersa gayundin ang mga positibo at negatibong epekto ng superistruktura sa mga relasyon sa produksyon. Binabanggit pero di kailanman malalimang pinag-aralan ng teksto ang estado. Isa itong kakulangan. Syempre, sa proseso ng pag-aaral ng ekonomyang pampulitika, hindi dapat sobrang palawigin ang pag-aaral sa mga produktibong pwersa at superistruktura. Kung masyadong palalawigin ang pag-aaral sa mga produktibong pwersa, ito ay nagiging teknolohiya at likas na syensya. Kung labis na palalawigin ang pag-aaral sa superistruktura, ito ay nagiging teorya ng bansa-estado, teorya ng tunggalian ng mga uri. Sa ilalim ng paksang sosyalismo (isa sa tatlong sangkap ng Marxismo), pinag-aaralan natin ang mga teorya ng tunggalian ng mga uri, mga teorya ng estado, mga teorya ng rebolusyon at partido, gayundin ang mga estratehiya at taktikang militar at iba pa.

Walang anuman sa daigdig na hindi maaaring suriin. Pero nagkakaiba-iba ang mga sirkunstansya, gayundin ang mga esensya. Maraming pundamental na mga kategorya at batas – gaya ng kaisahan ng kontradiksyon – ang maaaring magamit. Kung ganito natin pag-aaralan ang mga problema, kung ganito natin susuriin ang mga problema, magkakaroon tayo ng solido at integral na pananaw sa daigdig at pamamaraan.

<u>42. "Mga Materyal na Insentiba"</u>

Sa pahina 486 sinasabi na "Sa sosyalistang yugto, ang paggawa ay hindi pa nagiging pangunahing pangangailangan sa buhay ng lahat ng kasapi ng lipunan, at kung gayon pinakamalaki ang kabuluhan ng mga materyal na insentiba sa paggawa." Dito, masyadong pangkalahatan ang "lahat ng kasapi." Si Lenin ay kasapi ng lipunan. Hindi pa ba naging "pangunahing pangangailangan" ng kanyang buhay ang kanyang paggawa?

Inihaharap ng pahina 486 ang puntong ito: may dalawang klase ng mga indibidwal sa sosyalistang lipunan, ang kalakhang mayoryang matapat na gumagampan ng kanilang mga tungkulin at ang iilang hindi matapat sa kanilang mga tungkulin. Wasto ang pagsusuri rito. Pero kung nais nating imulat ang huling grupo, hindi tayo maaaring umasa lamang sa mga materyal na insentiba. Kailangan pa rin natin silang punahin at turuan para maitaas ang kanilang kamulatan.

Tinatalakay ng seksyong ito ng teksto ang mga manggagawang relatibong masipag at positibo. Kung magkakatulad ang kalagayan, sila ang makalilikha ng mas marami. Ang pagiging masipag at masigla o hindi ng isang manggagawa ay maliwanag na itinatakda ng kamulatang pampulitika, hindi ng antas ng kadalubhasaang teknikal o pangkultura. May ilang mataas ang teknikal at pangkulturang antas pero hindi naman masipag o masigla; ang iba namang mas mababa ang antas ay napakasipag at napakasigla. Ang dahilan ay ang mas mababang kamulatang pampulitika ng una at mas mataas na kamulatang pampulitika ng huli.

Sinasabi ng libro na ang materyal na insentiba sa paggawa "ang nagtutulak sa paglaki ng produksyon" at "isa ito sa mapagpasyang mga salik na nagpapasigla ng pag-unlad ng produksyon". Pero hindi kinakailangang magbago ang materyal na insentiba taun-taon. Maaaring hindi kailanganin ng mga tao ang ganitong insentiba araw-araw, buwan-buwan o taun-taon. Sa mga panahon ng kahirapan kapag binabawasan ang mga insentiba, kailangang patuloy pa ring magtrabaho ang mga tao nang kasiya-siya. Sa pagturing na isang makaisang-panig na absoluto ang materyal na insentiba, hindi nabibigyan ng teksto ng karampatang pagpapahalaga ang pagpapataas ng kamulatan at hindi maipaliwanag ang mga pagkakaibang umiiral sa paggawa ng mga taong pareho ang antas ng sahod. Halimbawa, sa antas blg. 5[22], maaaring mahusay ang paggawa ng isang grupo, medyo mahina ang isa pa at pwede na sa kabuuan ang ikatlo. Hindi maipapaliwanag ayon sa kanilang pangangatwiran kung bakit nagaganap ang ganoong mga pagkakaiba gayong magkapareho ang materyal na insentiba.

Kahit na kinikilala ang kahalagahan ng materyal na insentiba, hindi ito kailanman ang tanging prinsipyo. Laging may isa pang prinsipyo, at ito'y walang iba kundi ang inspirasyong ispiritwal mula sa ideolohiyang pampulitika. At habang nasa paksang ito, hindi dapat talakayin ang materyal na insentiba bilang simpleng interes ng indibidwal. Naririyan din ang interes ng kolektiba kung saan dapat nakapailalim ang interes ng indibidwal, mga matagalang interes kung saan dapat nakapailalim ang mga pansamantalang interes, at mga interes ng kabuuan kung saan dapat nakapailalim ang mga parsyal na interes.

Sa seksyong "Mga Materyal na Insentiba sa Paggawa, Sosyalistang Emulasyon," may ilang sipi na relatibong mahusay ang pagkakasulat kaugnay ng emulasyon. Ang kulang ay ang pagtalakay sa pulitika!

Una, huwag patayin sa pagtatrabaho ang mga tao. Ikalawa, huwag sirain ang kanilang kalusugan, bagkus magbunsod pa nga ng unti-unting pagpapalakas. Saligan ang dalawang puntong ito. Kaugnay ng ibang bagay, kung tataglayin natin ang mga ito, mabuti, kung hindi naman, siya nawa! Nais nating magkaroon ng kamulatan ang mga tao. Parang halos walang diin na ibinibigay ang teksto sa kinabukasan, sa darating na mga henerasyon, at nagbibigay diin lamang sa materyal na interes, laging tinatahak ang landas ng materyal na interes at padalus-dalos na ginagawa itong prinsipyo ng indibidwal na interes na para bang ito ay isang mahiwagang baston.

Ang hindi nito sinasabi ay matutugunan ang indibidwal na interes kapag natutugunan ang interes ng buong sambayanan. Sa katunayan, ang materyal na interes ng indibidwal na binibigyang diin ay makitid na indibidwalismo, isang ekonomistang tendensya mula sa panahon ng makauring pakikibaka ng proletaryado laban sa kapitalismo na lumilitaw sa panahon ng sosyalistang konstruksyon. Noong panahon ng mga rebolusyong burges, maraming burges na rebolusyonaryo ang gumawa ng magigiting na sakripisyo para sa interes

ng kanilang uri at para sa darating na mga henerasyon ng kanilang uri, at tiyak na hindi para sa kagyat na indibidwal na interes.

Noong nasa mga baseng purok tayo, mayroon tayong malayang (hindi pampamilihan) sistema ng suplay.[23] Mas matatatag ang tao noon at walang anumang pagbabangayan kaugnay ng paghahangad ng espesyal na pagtrato. Pagkaraan ng liberasyon, nagkaroon tayo ng sistema ng pasahod at nagkasundo sa mga antas pero lalo lamang dumami ang ating mga problema. Maraming taong madalas na nagbangayan para sa pusisyon at kinailangan tayong magsagawa ng katakut-takot na panghihikayat.

Walang humpay na naglunsad ang ating partido ng digma sa mahigit dalawampung taon. Sa mahabang panahon, pinagana natin ang di pampamilihang sistema ng suplay. Syempre noong panahong iyon, hindi pa isinasapraktika ang sistemang iyon ng buong komunidad ng mga baseng purok. Pero iyong nakapagpagana ng sistema sa panahon ng digmaang sibil ay umabot sa ilang daang libo sa pinakamarami, at bumilang pa ng ilampung libo sa pinakamababa. Sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, muling biglang tumaas ang bilang sa ilang milyon mula mahigit isang milyon. Hanggang noong unang yugto ng Liberasyon, ang ating mamamayan ay namuhay nang pantay-pantay, masikhay na nagtrabaho at magiting na lumaban nang hindi umasa sa anumang materyal na insentiba, at tanging inspirasyon ang diwang rebolusyonaryo. Sa pagtatapos ng ikalawang yugto ng digmaang sibil, nakaranas tayo ng pagkatalo bagamat may mga tagumpay tayo bago nito at pagkatapos. Ang tinakbo ng mga pangyayaring ito ay wala talagang kinalaman sa kung mayroon o wala tayong materyal na insentiba. Ang usapin ay kung wasto o hindi ang ating linyang pampulitika at pangmilitar. Ang mga istorikong karanasang ito ay may pinakamalaking kabuluhan sa paglutas ng ating mga problema sa sosyalistang konstruksyon.

Sinasabi sa tsapter 26, "Ang mga manggagawa sa mga sosyalistang empresa na interesado sa mga resulta ng kanilang trabaho dahil sa materyal na interes ang mga motibong pwersang nagpapaunlad sa sosyalistang produksyon." (p. 482)

Sinasabi sa tsapter 27, "Relatibong mataas ang pasahod para sa bihasang paggawa… at itinutulak nito ang mga manggagawang itaas ang kanilang pangkultura at teknikal na antas, na nagbubunsod ng pagliit ng esensyal na pagkakaiba ng manwal at mental na paggawa." (pp. 501-503)

Ang punto rito ay itinulak ng mas mataas na pasahod sa bihasang paggawa ang mga di bihasang manggagawa na tuluy-tuloy na pataasin ang kanilang kakayahan para mapahanay sila sa mga bihasang manggagawa. Nangangahulugan ito na nag-aral sila ng kultura at teknolohiya para kumita ng mas maraming pera. Sa sosyalistang lipunan, dapat kilalanin ng bawat taong pumapasok sa eskwelahan para mag-aral ng kultura at teknolohiya na bago ang lahat, nag-aaral sila para sa sosyalistang konstruksyon, para sa industriyalisasyon, para paglingkuran ang sambayanan, para sa kolektibong interes, at hindi para sa mas mataas na sahod higit sa lahat.

Sinasabi sa tsapter 28, "Ang distribusyon ayon sa paggawa ang pinakamalakas na pwersang nagtutulak sa pag-unlad ng produksyon." (p. 526) At sa dulo ng pahinang ito, pagkatapos ipaliwanag na tuluy-tuloy na tumataas ang sahod sa ilalim ng sosyalismo, umabot pa ang di narebisang ikatlong edisyon ng librong ito sa pagsasabing, "Dahil nga dito kaya pundamental na superyor ang sosyalismo sa kapitalismo." Ngayon, maling-maling sabihing

pundamental na superyor ang sosyalismo sa kapitalismo dahil tuluy-tuloy na tumataas ang sahod. Ang sahod ay distribusyon ng mga produktong pangkonsumo. Kung walang distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon, hindi magkakaroon ng distribusyon ng mga likhang produkto, ng mga produktong pangkonsumo. Ang huli ay nakabatay sa una.

<u>43. Interpersonal na mga Relasyon sa mga Sosyalistang Empresa</u>

Sinasabi ng pahina 500, "Sa sosyalismo, ang prestihiyo ng mga pinuno sa ekonomya ay nakasalalay sa tiwala ng masa sa kanila." Napakahusay ang pagkakasaad nito. Pero kakailanganin ang pagsisikap para maabot ang mithiing ito. Sa ating karanasan, kung hindi isasantabi ng mga kadre ang mga pagpapanggap nila at makikiisa sa mga manggagawa, hindi kailanman ituturing ng mga manggagawang kanila ang pagawaan kundi pag-aari ng mga kadre. Atubili ang mga manggagawang mulat na tumupad sa disiplina sa paggawa dahil sa mga aktitud na "amo sa bahay." Huwag isiping sa sosyalismo ay kusang uusbong ang malikhaing kooperasyon nang walang pangangailangang pagsikapang kamtin ito.

Kung ang mga manwal na manggagawa at mga pinuno ng empresa ay parehong kasapi ng kolektiba sa pinag-isang produksyon, "bakit kailangang ipatupad ang 'iisang pamumuno' sa mga sosyalistang empresa sa halip na pamumunong nasa patnubay ng kolektiba," ibig sabihin, ang sistema ng responsibilidad ng pinuno ng pagawaan sa patnubay ng komite ng partido?

Kapag humina ang pulitika, walang mapagpipilian kundi pag-usapan ang materyal na insentiba. Kaya agad isinusunod ng teksto na "ang lubos na pagpapatupad ng prinsipyo ng tauspusong pagmamalasakit ng mga manggagawa sa mga bunga ng kanilang paggawa dala ng materyal na indibidwal na interes, ay ang pangunahing motibong pwersa para sa papaunlad na pagsapol at pagpapataas ng sosyalistang produksyon."

<u>44. Pangmadaliang mga Programa, Pinabilis na Pagtatrabaho</u>

Sinasabi sa pahina 505, "Isaisantabi ang penomenon ng pinabilis na pagtatrabaho. Balansyadong isulong ang produksyon ayon sa plano." Sa di narebisang ikatlong edisyon, ganito ang pangungusap, "Kailangan nating bakahin ang 'pangmadaliang mga programa' at balansyadong magtrabaho ayon sa naunang itinakdang mga iskedyul." Masyadong absoluto ang tahasang pagtatakwil sa pangmadaliang mga programa at pinabilis na pagtatrabaho.

Hindi natin dapat lubos na itakwil ang "pangmadaliang mga programa". Kaisahan ng magkakasalungat ang paggamit o di paggamit sa mga ito. Sa kalikasan, may banayad na simoy ng hangin at mahinang pag-ulan, at may malalakas na hangin at rumaragasang ulan. Lumilitaw at naglalahong parang alon ang paggamit ng "pangmadaliang mga programa". Sa rebolusyong panteknolohiya sa produksyon, tuluy-tuloy na lumilitaw ang pangangailangan sa mga ito. Sa agrikultura, kailangan nating makipagbuno sa mga panahon. Kailangang may rurok ang drama. Sa realidad, ang pagsalungat sa "pangmadaliang mga programa" ay pagtanggi sa rurok. Nais lampasan ng Unyong Sobyet ang United States. Inaasahan nating maabot ang antas ng Unyong Sobyet sa mas maikling panahon kaysa ginugol nila. Isang klase ito ng 'pangmadaliang programa'.

Ang sosyalistang emulasyon  ay nangangahulugan na nilalampasan ng atrasado ang abante. Posible lamang ito sa 'pangmadaliang mga programa'. Nagkukumpitensyahan lahat ang mga relasyon sa pagitan ng mga indibidwal, ng mga yunit, ng mga empresa, gayundin ng mga bansa. Kung gustong lampasan ang abante, hindi maiiwasang magkaroon ng "pangmadaliang mga programa". Kung ang konstruksyon o rebolusyon ay dadagsaan ng mga ehekutibong atas (halimbawa, pagpapatupad ng reporma sa lupa o pag-oorganisa ng mga kooperatiba sa pamamagitan ng administratibong atas), tiyak na mababawasan ang produksyon dahil hindi mamomobilisa ang masa, at hindi dahil sa "pangmadaliang mga programa".

45. Ang Batas ng Halaga at Pagpaplano

Sa pahina 521, may maikling sipi na wasto; kritikal ito na tumuturol sa usapin.

Ang batas ng halaga ay nagsisilbing instrumento ng pagpaplano. Mabuti. Pero ang batas ng halaga ay hindi dapat gawing pangunahing batayan ng pagpaplano. Isinulong natin ang Dakilang Igpaw Pasulong hindi batay sa mga hinihingi ng batas ng halaga kundi batay sa pundamental na mga batas pang-ekonomya ng sosyalismo at sa pangangailangang palawakin ang produksyon. Kung makitid ang pagtingin sa Dakilang Igpaw Pasulong mula sa punto de bista ng batas ng halaga, nangangahulugang huhusgahan ang Dakilang Igpaw Pasulong na hindi katumbas ng mga pinsala at aksayadong paggawa ang ubos-kayang pagsisikap na lumikha ng asero at bakal noong nakaraang taon. Mababa ang kantidad at kalidad ng nalikhang lokal na asero at kinailangang sagutin ng estado ang maraming pagkalugi. Hindi makabuluhan ang mga resultang pang-ekonomya at iba pa. Ang parsyal na pananaw sa kagyat ay bigo ang kampanya, pero ang kabuuang pananaw sa matagalan ay malaki ang kabuluhan ng kampanya dahil binuksan nito nang malaki ang isang buong yugto ng konstruksyong pang-ekonomya. Sa buong bayan, maraming nagawang bagong inisyatiba sa industriya ng asero at bakal at maraming naitayong sentro ng industriya. Sa gayon, napabilis natin nang husto ang ating pagsulong.

Noong taglamig ng 1959, mahigit 75 milyong mamamayan ang nagtatrabaho sa konserbasyon ng tubig sa buong bayan. Maaaring gamitin ang paraan ng pag-oorganisa ng dalawang malakihang kampanya para lutasin ang ating mga batayang problema sa konserbasyon ng tubig. Sa isa, dalawa o tatlong taong pagtanaw, natural na napakataas na halaga ng butil ang kailangang ibayad sa napakalaking paggawa. Pero sa mas matagalang pagtanaw, makabuluhang mapaparami at mapapabilis din ng kampanya ang produksyon ng butil at maiistabilisa ang produksyong agrikultural kaya tataas ang halaga ng bawat yunit ng mga kalakal. Kaya ang lahat ng ito ay tutugon sa pangangailangan ng mamamayan sa butil.

Ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng agrikultura at magaan na industriya ay lumilikha ng higit na akumulasyon para sa mabigat na industriya. Sa matagalan, nabebenepisyuhan din nito ang mamamayan. Hanggat nauunawaan ng mga magsasaka at mamamayan ng buong bayan ang ginagawa ng estado, kumita man o hindi ng pera, tiyak na aaprubahan nila ito at hindi sasalungatin. Sa hanay mismo ng mga magsasaka, naihapag na ang islogan ng pagsuporta sa industriya. Iyan ang patunay! Sinabi ni Stalin at maging ni Lenin, "Sa panahon ng sosyalistang konstruksyon, kailangang magbuwis sa estado ang uring magsasaka." Positibo ang aktitud na "nagpapadala ng buwis" ang malawak na mayorya ng mga magsasaka ng Tsina. Sa hanay lamang ng mayayamang magsasaka at panggitnang magsasaka, mga 15 porsyento ng uring

magsasaka, may diskuntento. Tinututulan nila ang buong konsepto ng Dakilang Igpaw Pasulong at mga komunang bayan.

Sa kabuuan, iniuuna natin ang mga plano sa mga presyo. Syempre hindi natin mababalewala ang mga presyo. Sa nakalipas na ilang taon, itinaas natin ang presyo sa pagbili ng buhay na baboy at may positibo itong epekto sa pagpaparami ng baboy. Pero sa klase ng malakihang pagpaparami ng baboy sa buong bansa ngayon, nananatiling pagpaplano ang pangunahing inaasahan natin.

Tinatalakay sa pahina 521 ang problema sa pagpepresyo sa mga pamilihan ng mga kolektibong sakahan. Sobra-sobra ang kalayaan ng mga pamilihan ng kanilang kolektibong sakahan. Hindi sapat na gamitin ang kapangyarihang pang-ekonomya ng estado lamang para ayusin ang mga presyo sa ganitong mga pamilihan. Kinakailangan ang pamumuno at kontrol. Sa mga pamilihan natin noong unang yugto, napanatili ng gubyerno ang mga presyo sa mga takdang hangganan. Kaya ang maliliit na kaluwagan ay napigilang lumaki.

Sinasabi sa pahina 522, "Dahil sa pagkontrol natin sa batas ng halaga, hindi nakikita sa sosyalistang ekonomya ang klase ng anarkiya sa produksyon o ang pagsasayang ng panlipunang lakas paggawa na kaakibat ng kapitalismo." Sobra nitong pinalalaki ang mga epekto ng batas ng halaga. Sa sosyalistang lipunan hindi nagaganap ang mga krisis pangunahin dahil sa sistema ng pagmamay-ari: ang mga saligang batas ng sosyalismo, pambansang pagpaplano ng produksyon at distribusyon, ang kawalan ng malayang kumpetisyon o anarkiya at iba pa, at hindi dahil kinokontrol natin ang batas ng halaga. Di man sabihin, itinatakda rin ng sistema ng pagmamay-ari ang mga krisis sa ekonomya ng kapitalismo.

## 46. Mga Anyo ng Pasahod

Sa pahina 530, sa pagtalakay sa mga anyo ng pasahod, itinataguyod ang por pirasong pasahod bilang pangunahin at iyong por ora bilang suplementaryo. Kabaligtaran ang ginagawa natin. Ang makaisang-panig na pagbibigay diin sa por pirasong sahod ay tiyak na lilikha ng mga kontradiksyon sa pagitan ng mas matanda at mas bata, mas malakas at mas mahinang mga manggagawa, at magtataguyod ng sikolohiya ng "paghahabol sa malalaki" sa hanay ng mga manggagawa. Ginagawa nitong pangunahing interes ang kita ng indibidwal sa halip na ang kolektibong adhikain. May ebidensya pa ngang sinasagkaan ng sistemang por pirasong pasahod ang inobasyong teknikal at ang mekanisasyon.

Kinikilala ng libro na di angkop ang por pirasong sahod sa awtomasyon. Sa isang banda, sinasabing nais nilang malawakang paunlarin ang awtomasyon; sa kabila, sinasabing nais na malawakang gamitin ang por pirasong sahod. Isa itong kontradiksyon.

Ipinatupad natin ang sistemang por ora, pati na sistema ng pabuya. Ang mga bonus na "igpaw pasulong" sa pagtatapos ng taon nitong nakaraang dalawang taon ay mga halimbawa. Liban sa mga manggagawa ng gubyerno at sa edukasyon, tumanggap ng iba't ibang halaga ng bonus na igpaw pasulong sa pagtatapos ng taon ang lahat ng istap at mga manggagawa ayon sa itinakda mismo ng kani-kanilang yunit.

47. Dalawang Usapin Hinggil sa mga Presyo

May dalawang usaping nararapat pag-aralan.

Ang unang usapin ay ang pagpepresyo ng mga produktong pangkonsumo. Sinasabi ng teksto, "Mula't mula'y ipinapatupad ng sosyalismo ang patakaran ng pagpapababa ng presyo ng mga produktong pangkonsumo para sa mamamayan." Ang paraan natin ay patatagin ang mga presyo nang hindi hinahayaang tumaas ni bumaba ang mga ito sa kalahatan. Bagamat relatibong mababa ang mga antas ng sahod natin, ang empleyo para sa lahat at mababababang presyo ng bilihin at upa ay nagpapanatiling disente ang pamantayan ng pamumuhay ng mga istap at manggagawa. Sa huling pagsusuri, isang usaping nararapat pag-aralan kung mas mabuting tuluy-tuloy na pinapababa ang mga presyo o hindi itinataas ni ibinababa ang mga ito.

Ang ikalawang usapin ay ang pagpepresyo ng mga produkto ng mabigat at magaan na industriya. Kung ihahambing, mababa ang presyo ng una at mas mataas iyong sa huli. Kabaligtaran ang ginagawa natin. Bakit? Sa huling pagsusuri, isa pang problemang nararapat pag-aralan ay kung alin ang mas mabuti.

IKATLONG BAHAGI: Tsapter 30-34

48. Magkakaagapay na Pagsusulong ng Dayuhan at Katutubo, ng Malaki, Katamtamang-laki at Maliit

Nagpapahayag ng pagtutol ang pahina 547 sa hiwa-hiwalay na paglalaan ng pondo sa konstruksyon. Kung ang ibig sabihin ay hindi dapat ilunsad ang napakaraming mayor na proyekto sa iisang panahon dahil baka walang makumpleto ayon sa iskedyul, syempre sumasang-ayon tayo. Pero kung ang magiging kongklusyon ay dapat tutulan ang maliliit at katamtamang-laking proyekto sa panahon ng mayor na konstruksyon, hindi tayo sumasang-ayon. Ang bagong pangunahing mga sentro ng industriya sa Tsina ay itinatag batay sa katamtamang-laki at maliitang mga empresa na maramihang pinaunlad noong 1958. Ayon sa panimulang mga pag-aayos sa industriya ng asero at bakal, kukumpletuhin ang konstruksyon ng 29 na malaki, halos sandaang katamtamang-laki, at ilandaang maliliit na sentro sa loob ng susunod na walong taon. Mayor na ang naging epekto ng mga katamtamang-laki at maliliit na sentro sa industriya ng asero at bakal. Batay sa kalagayan noong 1959, ang pambansang produksyon ng hilaw na bakal ay mahigit 20 milyong tonelada at kalahati nito ay nilikha ng mga katamtamang-laki at maliliit na empresa. Sa hinaharap, magpapatuloy ang mayor na kahalagahan ng katamtamang-laki at maliit na empresa sa pag-unlad ng industriya ng asero at bakal. Magiging katamtamang-laki ang maraming maliit at magiging malaki ang maraming katamtamang-laki; magiging abante ang mga atrasado, magiging katulad ng mga dayuhan modelo ang mga modelong lokal – ito ang obhetibong batas ng pag-unlad.

Gagamit tayo ng abanteng teknolohiya pero hindi nito maitatatwa na kinakailangan at di maiwasan ang atrasadong teknolohiya sa isang panahon. Mula sa simula ng kasaysayan, ang mga rebolusyonaryong digma ay laging ipinagwawagi niyong mga salat sa armas at ikinagagapi niyong may bentahe sa armas. Sa panahon ng ating digmaang sibil, ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon at ng Digma para sa Pagpapalaya, wala tayong pambansang

kapangyarihang pampulitika at modernong arsenal. Kung hindi makalalaban kapag walang pinakamodernong armas, para na ring dinidisarmahan ang sarili.

Ang pagnanais nating maging realidad ang lahatang-panig na mekanisasyon tulad ng inilalarawan ng teksto sa pahina 420 ay mukhang hindi pa lubos na matutugunan sa ikalawang dekada natin; malamang na mangyayari ito sa ikatlong dekada natin. Sa hinaharap, dala ng kakulangan sa makinarya, ipapanawagan natin ang parsyal na mekanisasyon at pagpapahusay ng ating mga kasangkapan. Sa ngayon, ipinagpapaliban natin ang pangkalahatang awtomasyon. Kailangang talakayin ang mekanisasyon, pero nang may malawak na pananaw. Kung masyadong palalakihin ang mekanisasyon at awtomasyon, tiyak na kamumuhian ng mamamayan ang parsyal na mekanisasyon at ang produksyong ginagamitan ng mga paraang katutubo. Sa nakaraan, nagkaroon ng mga ganoong paglihis nang ang lahat ay humihingi ng bagong teknolohiya, bagong makinarya, ng malakihang antas, matataas na pamantayan; kinamuhian ang katutubo, ang katamtamang-laki o maliit na antas. Hindi natin napangibabawan ang tendensyang ito hanggat hindi natin magkakaagapay na isinulong ang katutubo at dayuhan, ang malaki at katamtamang-laki at maliit.

Sa kasalukuyan, hindi pa natin ipinanukala ang paggamit ng kemikal sa agrikultura. Isang dahilan ay hindi tayo umaasa na makalilikha ng maraming abono kahit sa loob ng maraming taon sa hinaharap. (At ang kaunting hawak natin ay nakakonsentra sa mga pananim na pang-industriya.) Isa pang dahilan ay kung ipapanukala ang pagbaling sa mga kemikal, magtutuon ang lahat doon at mapapabayaan ang pagpaparami ng baboy. Kailangan din ang abonong di organiko pero kailangang ikumbina ang mga ito sa organiko; kung hindi, titigas ang lupa.

Tinatalakay ng teksto ang paggamit ng mga bagong teknik sa bawat larangan. Pero hindi ito napakadaling gawin. Laging kailangang may proseso ng unti-unting pag-unlad. Dagdag pa, kahit habang ginagamit ang ilang bagong makina, maraming luma ang nananatili. Tama ang teksto sa pagsasabing habang nagtatayo ng bagong mga empresa at binabago ang kagamitan ng umiiral na pagawaan, dapat makatwiran at lubusang ginagamit ang umiiral na makinarya at kagamitang mekanikal. (p. 427) Hindi maiiba ang bagay-bagay sa hinaharap.

Kaugnay ng "malaki" at "dayuhan", kailangang trabahuhin natin ang mga ito sa diwa ng "pagsalig sa sarili para sa bagong paglago." Noong 1958 ipinanukala natin ang mga islogan sa pagwawaksi ng pamahiin at sa manwal na pagtatrabaho. Ipinapakita ng mga datos na umuubra ang pagtatrabaho na tayo lamang. Sa nakaraan, umasa ang mga atrasadong kapitalistang bayan sa paggamit ng mga bagong teknik para makahabol sa produksyon ng mga abanteng kapitalistang bayan. Gayundin, umaasa ang Unyong Sobyet sa paggamit ng abanteng teknolohiya para makahabol sa mga kapitalistang bayan. Kailangang gawin din natin ito, at kaya naman natin.

## 49. Alin ang Uunahin, mga Traktora ba o Kooperatiba?

Sinasabi sa pahina 563, "Noong 1928, sa bisperas ng pangkalahatang kolektibisasyon, ang mga lugar na tinatamnan ng mga pananim na pantagsibol ay 99 porsyentong binungkal ng mga ararong kahoy o ararong hila ng kabayo." Pinapabulaanan ng katotohanang ito ang paulit-ulit na paggiit ng teksto na "kailangang unahin ang mga traktora kaysa mga kooperatiba." Sa pahina ring iyon, makikita natin na "hinawan ng mga sosyalistang relasyon

sa produksyon ang malawak na larangan para sa pag-unlad ng mga produktibong pwersang pang-agrikultura at para sa pagsulong ng teknolohiyang pang-agrikultura." Totoo iyon.

Una, kailangang baguhin ang mga relasyon sa produksyon at saka lamang malawakang mapapaunlad ang mga produktibong pwersa. Unibersal ang tuntuning ito. Sa ilang bayan sa Silangang Europa, hindi masyadong masiglang inorganisa ang mga kooperatiba, at kahit ngayon hindi nakumpleto ang mga ito. Ang pangunahing dahilan ay hindi ang kawalan ng mga traktora (relatibong mas marami ang sa kanila kaysa atin) kundi ang kanilang reporma sa lupa ay ipinataw nang galing sa itaas. Idinaan sa kota ang ekspropriyasyon ng lupa (sa ilang bayan, hindi kinumpiska ang mga sakahang mababa sa 100 ektarya); isinagawa ang ekspropriyasyon sa pamamagitan ng ehekutibong atas; at matapos ang reporma sa lupa, sa halip na kumilos agad, hinayaang lumipas ang lima o anim na buong taon nang walang gaanong ginawa. Mismong kabaligtaran ang ginawa natin. Ipinatupad natin ang linyang masa[24], pinukaw ang maralita at mababang panggitnang magsasaka para maglunsad ng makauring pakikibaka at agawin ang lahat ng lupa ng uring panginoong maylupa at ipamahagi ang sarplas na lupa ng mayayamang magsasaka at hati-hatiin ang lupa sa batayang per kapita. (Ito ay isang pambihirang rebolusyon sa kanayunan.) Pagkatapos na pagkatapos nito, isinunod natin ang mga kilusan sa bayanihan at kooperatiba. At mula sa puntong iyon, sa tuluy-tuloy na pagsulong nang hakbang-hakbang, pinamunuan natin ang mga magsasaka sa pagtahak sa landas tungong sosyalismo. Napakalaki ng ating partido at hukbo. Nang magtungo sa timog ang mga pwersa natin, naipwesto ang buong komplementaryong iskwad ng mga kadre sa bawat probinsya para gumampan ng gawaing lokal sa antas ng probinsya, rehiyon, *county* at distrito. Pagdating na pagdating ng ating mga pwersa, pinapasok nila ang mga liblib na baryong pang-agrikultura, "binibisita ang mahihirap para alamin ang kanilang mga hinaing", "umuugat at nag-aayos", at inoorganisa ang aktibong mga elemento ng maralita at mababang panggitnang magsasaka.

<u>50. Dalawang Layunin: Malakihan at Pampubliko</u>

Ang mga kolektibong sakahan ng Unyong Sobyet ay dumaan sa dalawang ulit na pagsasanib. Pinagsanib sa 93, 000 ang mahigit 250,000 na sakahan at pagkatapos ay muling pinagsanib ang mga ito sa halos 70,000. Sa hinaharap, tiyak na lalawak pa ang mga ito. Sinasabi ng teksto (p. 568), "Kailangan nating palakasin at paunlarin ang mga relasyon sa produksyon ng iba't ibang kolektibong sakahan at organisahin ang mga pampublikong empresa sa produksyon sa hanay ng mga kolektibong sakahan." Sa aktwal, marami itong kahalintulad sa ating sariling mga paraan, iba lamang ang kanilang paglalahad sa mga bagay-bagay. Sa hinaharap, kahit pareho ng sa atin ang kanilang paraan, mukhang kaduda-dudang gagamit sila ng terminong "komuna". Ang mga pagkakaiba sa pananalita at terminolohiya ay may laman ring isang makabuluhang usapin, ibig sabihin, kung ipinapatupad o hindi ang linyang masa.

Tiyak na hindi kailanman aabot sa malakihang antas na tulad ng sa atin ang mga kolektibong sakahan ng Unyong Sobyet kaugnay ng bilang ng mga kabahayan at populasyon dahil kakaunti ang kanilang populasyon sa kanayunan at malawak ang kanilang kalupaan. Pero sino ang makakapagsabing dahil dito, hindi na nangangailangan ngayon ng higit na pagpapalawak ang kanilang mga kolektibong sakahan? Sa mga lugar na tulad ng Sinkiang at Ch'inghai, kailangan pa ring palakihin ang mga komuna bagamat kakaunti ang mga tao para

sa malawak na lupain. Pinagsama-sama ng ilang *county* sa ating mga probinsya sa timog (halimbawa, hilagang Fukien) ang malalaking komuna na magkakapareho ang kalagayan.

Mayor na usapin ang pagpapalaki ng mga komuna. Para magbunsod ng mga pagbabago, ang mga pagbabago sa kantidad ay tiyak na magbubunga ng mga pagbabago sa kalidad. Mahusay na halimbawa ang ating mga komunang bayan – "Malakihan at Pampubliko!" Nauuna ang "Malakihan!" – itataas nito ang antas ng "Pampubliko!" Nangangahulugan ito na nagbubunsod ng parsyal na mga kalitatibong pagbabago ang mga kantitatibong pagbabago.

51. Ano ang Pundamental na Dahilan ng Ispesyal na Diin sa Materyal na Interes?

Sa tsapter hinggil sa sistema ng kolektibong sakahan, tuluy-tuloy na tinatalakay ang materyal na interes ng indibidwal. (pp. 565, 571 atbp.) May dahilan ang kasalukuyang ispesyal na diin sa materyal na interes. Noong panahon ni Stalin, nagkaroon ng sobra-sobrang pagbibigay-diin sa kolektibong interes, nakaligtaan ang pakinabang ng indibidwal. Sobrang nabigyang-diin ang publiko, kulang naman sa pribado. Ngayon naman ay tumungo sila sa kabilang dulo, lubhang nagbibigay-diin sa materyal na insentiba at nagpapabaya sa kolektibong interes. At kung magpapatuloy sila sa landas na ito, tiyak na magbabalik muli sila sa kabilang dulo.

Ang "publiko" ay relatibo sa "pribado" at *vice-versa*, isang kaisahan ng magkasalungat. Imposible ang isa kung wala ang isa pa. Lagi nating binabanggit ang pagsasaalang-alang kapwa sa publiko at pribado, at matagal na nating inilinaw na walang bagay na puro publiko o puro pribado, pero inuuna ang publiko sa pribado. Ang indibidwal ay bahagi ng kolektiba. Kung sumusulong ang interes ng kolektiba, bunga nito, uunlad din ang kalagayan ng indibidwal.

Ang pagkakaroon ng dalawahang katangian ay taglay ng lahat ng bagay sa lahat ng panahon. Syempre ang dalawahang katangian ay namamalas sa iba't ibang kongkretong anyo, at sa gayon nagbabagu-bago ang katangian ng mga bagay. Ang *heredity* at *mutation* ay isang dalawahang katangian ng magkasalungat na nagkakaisa. Kung mayroon lamang ng huli nang wala ang una, magiging ibang-iba sa nauna ang susunod na henerasyon. Ang bigas ay hindi na magiging bigas, gayundin ang aso, o ang tao. Makatataglay ng mabuti at positibong papel ang konserbatibong panig. Makapagbibigay ito ng pansamantalang katatagan o istabilidad sa buhay na mga bagay sa gitna ng walang humpay na pagbabago. Kaya, bigas pa rin ang pinaunlad na bigas. Pero ang *heredity* na walang *mutation* ay mangangahulugan na walang pagsulong, at hihinto ang pag-unlad.

52. Nasa Tao ang Pagkilos

Sinasabi ng pahina 577, "Ang mga kolektibong sakahan ay naglalatag ng natural at pang-ekonomyang mga kalagayan para maisaayos ang diperensyal na upa." Hindi mga obhetibong kundisyon lamang ang nagtatakda ng diperensyal na upa. Sa aktwal, nakasalalay ito sa pagkilos ng mamamayan. Halimbawa, sa probinsya ng Hopei, maraming balon na mekanisado sa kahabaan ng Riles Peking-Hankow pero napakakaunti sa Tientsin-Pukow. Magkapareho ang mga natural na kalagayan, parehong kumbinyente ang komunikasyon, pero hindi kailanman pareho ang pagpapaunlad sa lupa sa iba't ibang lugar. Maaaring may mga

dahilan kung bakit bukas (o hindi) sa pag-unlad ang isang lokalidad, o maaaring iba't iba ang mga dahilang istoriko. Pero sa kabila ng lahat, pangunahing nasa tao ang pagkilos.

Habang pinag-uusapan natin ito, may malalayong distrito ng Shanghai na mahusay na nakakapagparami ng baboy, may ibang hindi. Sa *county* ng Ch'ung Ming, noong una'y inakalang hindi magiging paborable sa pagpaparami ng baboy ang ilang kundisyong pangkalikasan gaya ng malaking bilang ng lawa. Pero pagkapawi ng mga agam-agam ng mamamayan sa kahirapan, at sa pagkakaroon ng mamamayan ng positibong aktitud sa usapin ng pagpaparami, naunawaang may bentahe at hindi nakakasagabal ang mismong mga kundisyong ito. Sa aktwal, sa usapin man ng malalimang pagbubungkal, masinop na paghahalaman, mekanisasyon o kolektibisasyon, nasa tao ang pagkilos.

Laging pinipinsala ng baha at tagtuyot ang *county* ng Ch'ang P'ing sa Peking. Pero nabago ito matapos ang konstruksyon ng imbakan ng tubig sa mga Mausoleong Ming. Hindi ba muling inilalarawan nito na nasa tao ang pagkilos? Sa Honan, pinaplanong pagkaraan ng 1959 at 1960, tatlong taon pa ang gugugulin para makontrol ang Yellow River sa pamamagitan ng pagkumpleto sa konstruksyon ng ilang malalaking daluyan ng tubig. Muling ipinapakita ng lahat ng ito na nasa tao ang pagkilos.

<u>53. Transportasyon at Komersyo</u>

Hindi nagdadagdag ng halaga sa gamit ang transportasyon at pag-iimpake pero pinatataas ng mga ito ang halaga. Ang paggawang ginagamit sa mga ito ay bahagi ng karaniwang paggawa sa takdang antas ng lipunan. Ito'y dahil kung walang transportasyon at pag-iimpake, hindi makukumpleto ang proseso ng produksyon, hindi ito papasok sa yugto ng pagkonsumo at hindi masasabing na*realize* ang halaga sa gamit na nilikha. Halimbawa ang karbon. Pagkamina sa hilaw na mineral, kung iniwan ito sa minahan at hindi idineliber ng tren, bapor o trak sa konsyumer, ganap na di mare*realize* ang halaga sa gamit nito.

Sinasabi ng pahina 585 na mayroon silang dalawang sistema ng komersyo, iyong pinatatakbo ng estado at iyong kooperatiba. Dagdag pa, may "mga pamilihang di organisado," ibig sabihin, ang mga pamilihan ng mga kolektibong sakahan. Isa lamang ang sistema natin. Pinagsanib natin ang kooperatibong kalakalan at kalakalang pinatatakbo ng estado, at mukhang madali-dali na ngayon ang pagpapatakbo sa sistema. Maraming natitipid sa lahat ng panig.

Ang pahina 587 ay tumutukoy sa superbisyong publiko ng komersyo. Para rito, pangunahing sumasalig tayo sa gabay ng partido; sa pagpapauna sa pulitika, may superbisyon ng masa. Kinakailangan ng lipunan ang paggawa ng mga manggagawang pangkomersyo, at kung wala ito, hindi hahantong ang produksyon sa pagkonsumo (kabilang ang pagkonsumong pamproduksyon at pagkonsumong pang-indibidwal).

<u>54. Magkaagapay na Pagsusulong ng Industriya at Agrikultura</u>

Tinatalakay ng pahina 623 ang tuntunin sa pagbibigay prayoridad sa pagpaparami ng mga kagamitan sa produksyon. Dito partikular na binabanggit ng di narebisang ikatlong edisyon, "ang pagbibigay prayoridad sa pagpaparami ng mga kagamitan sa produksyon ay nangangahulugan na mas mabilis na uunlad ang industriya kaysa agrikultura."

Kailangang isaad sa angkop na paraan ang "mas mabilis na pag-unlad ng industriya kaysa agrikultura." Hindi maaaring bigyang-diin sa isang di angkop na antas ang industriya, dahil kung ganoon, tiyak na magkakagulo. Halimbawa ang ating Liaoning: sa dami ng industriya dito, mayroon itong populasyon sa lunsod na sangkatlo ng kabuuan. Sa nakaraan, lagi nitong inuuna ang industriya nang hindi kasabay na inaasikaso ang masiglang pagpapaunlad ng agrikultura. Bunga nito, hindi matiyak ng agrikultura ng probinsya ang suplay ng butil, karne at gulay para sa mga pamilihang lunsod, at laging kailangang magpasok ng mga produktong ito mula sa ibang probinsya. Susing usapin ang labis na pagkabatak ng paggawa sa agrikultura at ang kakulangan sa kinakailangang makinarya. Nalilimitahan nito ang pag-unlad ng produksyon; relatibong mabagal ang paglago. Hindi natin naunawaan na sa ganoong mga lugar mismo gaya ng Hilagang-silangan, partikular sa Liaoning, dapat mahigpit nating nahawakan ang agrikultura. Kaya hindi maaaring bigyang-diin lamang ang mahigpit na paghawak sa industriya.*

**Agrikultura* sa tekstong 1967.

Ang ating pusisyon ay dapat magkasabay na paunlarin ang industriya at agrikultura nang may prayoridad sa pagpapaunlad ng mabigat na industriya. Hinding-hindi inaalis ng pariralang "magkaagapay na pagsusulong" ang prayoridad sa paglago o mas mabilis na pagpapaunlad ng industriya kaysa agrikultura. Gayundin, ang "magkaagapay na pagsusulong" ay hindi nangangahulugan ng pantay na paggamit ng ating lakas. Halimbawa, sa taong ito, tinatayang makakaprodyus tayo ng 14 milyong tonelada ng aserong materyales, na 10 porsyento ang gagamitin sa panteknolohiyang transpormasyong pang-agrikultura at konstruksyon para sa konserbasyon ng tubig. Pangunahing gagamitin ang nalalabing 90 porsyento sa mabigat na industriya at konstruksyon sa komunikasyon at transportasyon. Sa mga kundisyon sa taong ito, ito ang magkaagapay na pagsusulong ng industriya at agrikultura. Hindi ito dapat makapinsala sa prayoridad na paglago ng mabigat na industriya o sa pagpapabilis ng pag-unlad ng industriya.

Tatlumpung milyon ang mamamayan ng Poland pero mayroon lamang itong 450,000 na baboy. Kulang na kulang ngayon ang suplay ng karne. Kahit ngayon, nagmumukhang wala pa sa plano ng Poland ang pagpapaunlad ng agrikultura.

Sinasabi sa pahina 624, "Sa iba't ibang panahon, kailangang pabilisin ang pagpapaunlad ng atrasadong agrikultura, magaan na industriya at industriya ng pagkain." Tama nga, pero ang mga disbalanse at maling pagsasaayos na likha ng pagkaatrasado ng agrikultura at magaan na industriya ay hindi masasabing simpleng "parsyal na mga disbalanse at maling pagsasaayos." Mga usapin ito ng kabuuan.

Sinasabi sa pahina 625, "Kinakailangan ang rasyunal na alokasyon ng kapital para mapanatili sa anumang panahon ang tamang mga proporsyon ng mabigat at magaan na industriya." Binabanggit lamang ng talatang ito ang mabigat at magaan na industriya, hindi ang industriya at agrikultura.

---

* *Agrikultura* sa tekstong 1967.

55. Mga Pamantayan para sa Akumulasyon

Naging isang mayor na usapin ito sa Poland. Sa simula, binigyang-diin ni Gomulka ang materyal na insentiba. Itinaas niya ang sahod ng mga manggagawa pero nakaligtaang itaas ang kanilang kamulatan na ang resulta'y nag-iisip lamang ang mga manggagawa na kumita nang mas malaki pero walang wastong aktitud sa kanilang mga tungkulin. Nilampasan ng mga pagtaas ng sahod ang pagtaas ng produktibidad at nauubos sa pasahod ang kapital. Napwersa sila ngayon ng presyur na lantarang salungatin ang materyal na insentiba at itaguyod ang inspirasyong pang-ispiritwal. Sinabi pa ni Gomulka, "Hindi mabibili ng pera ang isip ng mamamayan."

Ang labis na pagbibigay-diin sa materyal na insentiba ay mukhang laging nauuwi sa kabaligtaran. Natural na masaya ang saray na may mataas na sahod sa pag-iisyu ng maraming tseke, pero nang ang masang manggagawa at magsasaka ay nagnais ding kumita nang malaki at nakitang hindi ito pwede, hindi kataka-taka ang presyur na bumaling sa "ispiritwal".

Ayon sa inilarawan sa pahina 631, umaabot sa sangkapat ng pambansang kita ng Unyong Sobyet ang akumulasyong kapital nito. Sa Tsina, ang datos ay ang sumusunod: 27 porsyento noong 1957, 36 porsyento noong 1958, 42 porsyento noong 1959, at mukhang sa hinaharap, magiging posibleng regular na panatilihin ito sa mahigit 30 porsyento. Ang pangunahing problema ay nasa malawak na pag-unlad ng produksyon. Kung mapapalaki ang produksyon at mapapataas nang kaunti ang porsyentahe ng akumulasyon, saka lamang mapapahusay nang husto ang kabuhayan ng mamamayan.

Palagian nating responsibilidad ang pagtitipid at ang akumulasyon ng malalaking kantidad ng materyales at yaman. Maling isiping nararapat lamang itong gawin sa mga panahon ng kagipitan. Mahirap paniwalaang kapag gumaan ang mga kahirapan, hindi na kinakailangan ang pagtitipid at akumulasyon.

## IKAAPAT NA BAHAGI: TSAPTER 35 HANGGANG KONGKLUSYON

56. Ang Komunistang Estado

Sinasabi sa pahina 639, "Sa mas matataas na yugto ng komunismo, hindi na kakailanganin at unti-unting maglalaho ang estado." Gayunpaman, rekisito nito ang ilang pandaigdigang kalagayan. Kung may makinarya ng estado ang iba at wala ka, ito ay mapanganib. Sinasabi sa pahina 640 na kahit naitatag na ang komunismo, patuloy na kakailangin ang estado hanggat umiiral ang mga bayang imperyalista. Tama ang pusisyong ito. Kagyat na isinunod sa libro, "Pero ang katangian at anyo ng ganoong estado ay itatakda ng partikular na mga katangian ng sistemang komunista." Mahirap unawain ang pangungusap na ito. Katangian ng estadong ito ang pagiging makinarya para sa pagsupil sa mga kalabang pwersa. Kahit sa panloob ay hindi na kailangan ang papel na iyon, hindi magbabago ang mapamwersang katangian ng estado kaugnay ng mga kalabang pwersang panlabas. Ang diumanong anyo ng estado ay walang ibang kahulugan kundi mga armadong pwersa, bilangguan, pag-aresto, pagbitay at iba pa. Hanggat umiiral pa ang imperyalismo, ano ang magiging mga pagkakaiba sa anyo kapag naabot ang komunismo?

57. Transisyon tungong Komunismo

Sinasabi sa pahina 641, "Sa sosyalistang lipunan, walang mga antagonistikong uri" pero "may mga labi pa ng mga antagonistikong uri." Ang transisyon tungong komunismo mula sosyalismo ay hindi kailangang maisakatuparan sa pamamagitan ng isang rebolusyong panlipunan. Ang masasabi lamang ay walang pangangailangan para sa isang rebolusyong panlipunan kung saan ibabagsak ng isang uri ang isa pa, pero magkakaroon ng rebolusyong panlipunan kung saan papalitan ng bagong mga relasyon sa produksyon at institusyong panlipunan ang mga luma.

Dito nagpatuloy ang teksto sa pagpapahayag na, "Tiyak na hindi ito nangangahulugan na hindi kakailanganing pangibabawan ng lipunan ang mga panloob na kontradiksyon habang umuunlad ito sa landas ng komunismo." Ang ganitong pahayag ay insidental lamang. Bagamat may mga bahagi ang tekstong kumikilala sa mga kontradiksyon, ito ay insidental lamang. Ang isang nawawala sa teksto ay ang pagsisimula sa pagsusuri ng mga kontradiksyon sa pagpapaliwanag ng mga usapin. Bilang isang sangay ng syensya, ang ekonomyang pampulitika ay dapat magsimula sa pagsusuri ng mga kontradiksyon.

Kapag natamo ang komunistang lipunan, tiyak na magiging mas mahigpit ang disiplina sa paggawa kaysa ngayon dahil magiging rekisito ng mataas na antas ng awtomasyon ang laging tumataas na presisyon sa paggawa at gawi ng mamamayan.

Sa ngayon, pinag-uusapan natin ang komunistang lipunan na nahahati sa dalawang yugto, ang mababa at ang mataas. Ito ang nakini-kinita nina Marx batay sa mga kalagayan ng pag-unlad ng lipunan noong panahong iyon. Pagkapasok sa mas mataas na yugto, uunlad sa bagong yugto ang komunistang lipunan at tiyak na lilitaw ang bagong mga layunin at tungkulin.

58. Ang Hinaharap na Pag-unlad ng Kolektibong Pagmamay-ari

Sinasabi sa pahina 650, "Ang mga relasyon sa produksyon ng mga kolektibong sakahan at kooperatiba ay may mga anyo na lubos na umaayon sa kasalukuyang antas at kasalukuyang mga pangangailangan ng mga produktibong pwersa sa kanayunan." Ewan ko kung talagang totoo nga ito.

Sa pagpapakilala sa kolektibong sakahan na *Pulang Oktubre*, sinasabi ng isang artikulong Sobyet, "Bago ang pagsasanib, mahirap pangasiwaan ang ilang sakahan sa marami-raming aspeto. Pagkatapos, napawi ang mga problema." Sinasabi ng artikulo na sampung libo ang populasyon ng sakahan at pinaplano ang isang proyektong pabahay para sa tatlong libong residente. Ipinapahiwatig nito na hindi na lubos na tumutugma ang kasalukuyang anyo ng sakahan sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa.

Sinasabi rin sa siping iyon, "Kailangan nating ituon ang lahat ng pagsisikap sa pagpapalakas at higit na pagpapaunlad ng mga kooperatiba at kolektibong sistema ng pagmamay-ari ng sakahan." Kung kailangan ang pag-unlad, kailangang dumaan sa isang proseso, at kung gayon, bakit "kailangang ituon ang lahat ng pagsisikap para sa pagpapalakas?" Syempre kailangang pag-usapan ang mga sosyalistang relasyon sa produksyon, mga sistemang panlipunan kaugnay ng pagkonsolida sa mga ito, pero hindi sa

puntong wawasakin ang mga ito. May pahapyaw na binabanggit ang teksto sa landas na tatahakin, pero pagdating sa kongkretong mga hakbang, napakalabo nito. Sa maraming bagay (pangunahin sa produksyon), patuloy na sumusulong ang mga Sobyet, pero kaugnay ng mga relasyon sa produksyon, sa saligan, huminto na sila sa pagsulong.

Sinasabi ng teksto na kinakailangang gawin ang transisyon tungong di mapaghahati-hating pagmamay-ari ng buong sambayanan mula sa kolektibong pagmamay-ari. Pero sa pananaw natin, kailangan munang gawing sosyalistang pagmamay-ari ng buong sambayanan ang kolektibong pagmamay-ari, ibig sabihin, gawing ganap na pag-aari ng estado ang mga kagamitan sa produksyong pang-agrikultura at gawing mga manggagawa ang lahat ng magsasaka sa ilalim ng iisang kontrata sa estado para sa sahod. Sa kasalukuyan, sa buong bansa ay may karaniwang kitang 85* yuan ang bawat magsasakang Tsino. Sa hinaharap, kapag umabot na ito sa 150 yuan at binabayaran ng komuna ang mayorya ng mga manggagawa, maaari nang mapagana sa saligan ang sistema sa pagmamay-ari ng komuna. Sa gayon magiging madali ang susunod na hakbang tungong pagmamay-ari ng estado.

*65 sa tekstong 1967.

<u>59. Pagpawi sa Pagkakaiba ng Kalunsuran at Kanayunan</u>

Sa pahina 651, mahusay ang paninindigan ng huling talata hinggil sa konstruksyon sa kanayunan.

Kung nais nilang pawiin ang pagkakaiba ("saligang pagkakaiba" ang binabanggit ng libro) ng kalunsuran at kanayunan, bakit ipinapakita ng teksto na hindi ito nangangahulugan ng "pagbawas sa mga tungkulin ng malalaking lunsod?" Hindi kailangang maging napakalaki ng mga lunsod sa hinaharap. Dapat ikalat sa kanayunan ang mga residente ng malalaking lunsod. Relatibong bentahe ang pagtatayo ng maraming mas maliliit na lunsod sakaling magkaroon ng digmaang nukleyar.

<u>60. Ang Problema ng Iba't Ibang Sosyalistang Bayan sa Pagtatayo ng Sistemang Pang-ekonomya</u>

Sinasabi sa pahina 659, "Maikokonsentra ng bawat bayan ang kanilang lakas-tauhan at materyal na rekurso para paunlarin ang sariling pinakamabentaheng mga kalagayan sa kalikasan at ekonomya at mga kagawarang may karanasan sa produksyon at mga kadre. Ang mga bayang ito ay hindi na kailangang magprodyus ng mga produktong maisusuplay ng ibang bayan."

Hindi maganda ang ideyang ito. Hindi natin ito iminumungkahi kahit kaugnay ng ating mga probinsya. Itinataguyod natin ang lahatang-panig na pag-unlad at hindi natin iniisip na hindi kailangang magprodyus ang bawat probinsya ng mga produktong maisusuplay ng ibang probinsya. Nais nating lubusang magpaunlad ang iba't ibang probinsya ng produksyon ng iba't ibang bagay basta't walang masamang epekto sa kabuuan. Isa sa mga bentaheng tinatamasa ng Europa ay ang kasarinlan ng iba't ibang bayan. Nakatuon ang bawat isa sa isang kalipunan ng mga aktibidad na nagbubunsod ng relatibong mabilis na pag-unlad ng

* 65 sa tekstong 1967.

ekonomya ng Europa. Mula pa ng panahong Chin, naging isang mayor na kapangyarihan ang Tsina na nagpapanatili ng kaisahan nito sa kabuuan sa mahabang panahon. Isa sa mga depekto ay ang burukratismo; dahil sa mapaniil na kontrol nito, hindi makaunlad sa sarili ang mga lokal na rehiyon at dahil urong-sulong ang marami, napakabagal ng pag-unlad ng ekonomya. Ibang-iba ngayon ang sitwasyon. Sa loob ng pagkakaisang nais nating matamo, magkakaroon din ng kasarinlan ang iba't ibang probinsya. Ito ay relatibong pagkakaisa at relatibong kasarinlan.

Nagsasariling nireresolba ng mga probinsya ang kanilang mga problema samantalang pumapailalim sa mga resolusyon ng sentral na awtoridad at sa kontrol ng mga ito. Sa kabilang banda, ang lahat ng resolusyon ng sentro sa mga mayor na usapin ay ginagawa ng lahat sa pamamagitan ng mga konsultasyon ng sentro at mga probinsya. Halimbawa nito ang mga resolusyon sa Kumperensyang Lushan.[25] Umayon ang mga ito sa mga pangangailangan hindi lamang ng buong bayan, kundi pati ng iba't ibang probinsya. Sino ang pupusisyon na ang sentro lamang at hindi ang mga lokalidad ang kailangang lumaban sa kanang oportunismo? Itinataguyod natin ang lubos na pagtutuon ng mga probinsya sa isang kalipunan ng mga aktibidad sa ilalim ng pinag-isang plano ng buong bayan. Basta't may hilaw na materyales at mga pamilihan, basta't makukuha ang materyales at makakapagbenta sa lokal, kailangang gawin sa pinakalubos na posible ang anumang magagawa. Dati nag-aalala tayo na matapos umunlad ang mga probinsya, malamang na hindi na magugustuhan ang samutsaring mga industriya, mga produktong pang-industriya (halimbawa iyong mula sa lugar na gaya ng Shanghai). Ngayon, lumilitaw na hindi pala ganoon. Nagpanukala na ang Shanghai ng pagpapaunlad sa mas mataas, mas malakihan, mas mahusay at mas ekselenteng produksyon. Marami pa silang kailangang gawin!

Nagtataka ako kung bakit hindi itinataguyod ng teksto ang ubos-kayang paggawa ng bawat bayan para sa sarili sa halip na ang hindi pagpoprodyus ng mga produktong maisusuplay ng ibang bayan. Ang wastong paraan ay ang ubos-kayang paggawa ng bawat isa para sa sarili bilang paraan tungong pag-asa-sa-sarili para sa bagong paglago, ang nagsasariling pagtatrabaho nang ubos-kaya, ang gawing prinsipyo ang hindi pagsalig sa iba, at ang hindi paggawa ng anuman kung totoo at talagang hindi ito magagawa. Higit sa lahat, kailangang pinakamahusay na asikasuhin ang agrikultura hanggat posible. Ang pagsalig sa ibang bayan o probinsya para sa pagkain ay napakamapanganib.

Eksaktong gaya ng sinasabi ng teksto, napakaliit ng ilang bayan kaya, "Magiging hindi makatwiran para sa ekonomya na paunlaring lahat ang mga kagawaran sa industriya, isang tungkulin na hindi kaya ng kanilang lakas." Sa kasong iyon, syempre hindi dapat magpilit ang isang bayan. Magiging napakahirap para sa ilang probinsya nating maliliit ang populasyon – Ch'inghai o Ninghsia – na komprehensibong umunlad.

## 61. Magagawa bang Pantay-pantay ang Pag-unlad ng Iba't Ibang Sosyalistang Bayan?

Sinasabi sa talata 3, pahina 660, "…para unti-unting magpareho ang pangkalahatang antas ng pag-unlad ng ekonomya at kultura ng iba't ibang sosyalistang bayan." Hindi magkakapareho ang mga populasyon, baseng rekurso at istorikong kalagayan ng mga bayang ito. Ilan sa mga rebolusyon nila ang mas atrasado, mas abante naman ang sa iba. Paano mapagpapantay-pantay ang mga ito? Kung may ilang dosenang anak ang isang ama, matangkad ang ilan, pandak ang ilan, malaki ang ilan, maliit ang ilan, matalino ang ilan,

mapurol ang ilan, paano mapagpapantay-pantay ang mga ito? Ito ang teorya ng balanse ni Bukharin. Hindi balanse ang pag-unlad ng ekonomya ng iba't ibang sosyalistang bayan, o iyong sa mga probinsya ng isang bayan, o iyong sa mga *county* ng isang probinsya. Halimbawa ang kalusugang publiko sa probinsya ng Kuangtung. Maganda ang ginawa ng komuna ng lunsod ng Fo Shan at Chihlo. Bunga nito, nakakaungos ang Fo Shan sa buong probinsya. Nakakaungos ang Chihlo sa Shaokuan. Maling labanan ang mga disbalanse.

62. Ang Ultimong Usapin ay ang Sistema

Sinasabi sa pahina 668 na iba ang sosyalistang pautang sa imperyalistang pautang. Umaayon ito sa mga datos. Mas katanggap-tanggap ang mga sosyalistang bayan kaysa mga kapitalista. Nauunawaan natin ang prinsipyong ito. Ang ultimong usapin ay tungkol sa sistema, sa institusyon. Itinatakda ng mga sistema na laging maninindigan laban sa mga imperyalistang bayan ang mga sosyalistang bayan at laging pansamantala ang kanilang mga pakikipagkompromiso.

63. Mga Relasyon sa Pagitan ng Dalawang Sistemang Pang-ekonomya sa Daigdig

Binabanggit ng pahina 658 ang "kumpetisyon sa pagitan ng dalawang pandaigdigang sistema." Sa *Mga Pang-ekonomyang Problema ng Sosyalismo sa USSR*, naghapag si Stalin ng mga argumento tungkol sa dalawang pandaigdigang pamilihan. Binibigyang diin dito ng teksto ang mapayapang kumpetisyon ng dalawang sistema at ang pagtatatag ng "mapayapang pagpapaunlad" ng mga relasyong pang-ekonomya. Ang aktwal na umiiral na dalawang pamilihan sa daigdig ay ginagawa nitong dalawang sistemang pang-ekonomya sa loob ng iisang pamilihan sa daigdig – isang pag-urong sa pananaw ni Stalin.

Sa katunayan, hindi lamang kumpetisyon ang nasa pagitan ng dalawang sistemang pang-ekonomya, kundi pati mabangis at malawakang tunggalian, isang tunggaliang iniiwasan ng teksto.

64. Puna kay Stalin

Tulad ng ibang mga akda ni Stalin, may mga maling argumento sa *Mga Pang-ekonomyang Problema ng Sosyalismo sa USSR*. Pero hindi kapani-paniwala ang dalawang akusasyong tinukoy sa pahina 681.

Ang isang akusasyon ay iyong pinanghawakan ni Stalin na "mukhang nakakasagabal na sa pag-unlad ng mga produktibong pwersa ang sirkulasyon ng mga kalakal. Lubos nang lumitaw ang pangangailangang unti-unting gawin ang transisyon tungong direktang palitan ng produksyon sa pagitan ng industriya at agrikultura."

Sa librong ito sinabi ni Stalin na kapag may dalawang klase ng sistema ng pagmamay-ari, may produksyon ng kalakal. Sinabi niyang sa mga empresa ng mga kolektibong sakahan, bagamat pag-aari ng estado ang mga kagamitan sa produksyon (lupa, mga kagamitan at iba pa), ang mga produktong nalilikha ay pag-aaring lahat ng magkakahiwalay na kolektiba. Ang dahilan ay pag-aari ng mga kolektiba ang paggawa sa mga kolektiba (tulad ng mga binhi) samantalang ang lupang ibinigay ng estado para sa kanilang permanenteng gamit ay

kontrolado sa katunayan ng mga kolektiba na parang kanilang pag-aari. Sa ganitong kalagayan, "iyon lamang mga nilikha nila sa anyong kalakal ang pinapayagan ng mga kolektibong sakahan na ibenta, sa pag-asang makukuha nila ang kailangan nilang mga kalakal sa palitan. Sa kasalukuyan, hindi papasok ang mga kolektibong sakahan sa anumang relasyong pang-ekonomya liban sa palitan sa pamamagitan ng pagbili at pagbenta."

Pinuna ni Stalin ang umiiral na pananaw sa Unyong Sobyet na nagtataguyod ng pagpawi sa produksyon ng kalakal, dahil naninindigan siyang ganoon pa rin ang pangangailangan para dito, tulad ng tatlumpung taon sa nakaraan nang ideklara ni Lenin na kailangang ituon ang lahat ng pagsisikap sa pagpapaunlad ng sirkulasyon ng kalakal.

Sinasabi ng teksto na parang itinataguyod ni Stalin ang agad na pagpawi ng mga kalakal. Mahirap patotohanan ang ganitong akusasyon. Kaugnay ng usapin sa palitan ng kalakal, para kay Stalin ay isa lamang itong *hypothesis*. Sinabi pa nga niyang, "Walang mahigpit na pangangailangang isulong ang sistemang ito; kailangang pagpasyahan ito ayon sa antas ng akumulasyon ng mga produktong minanupaktura sa kalunsuran."

Ang isa pang akusasyon ay iyong minaliit ni Stalin ang pag-iral ng batas ng halaga sa larangan ng produksyon at laluna kaugnay ng mga kagamitan sa produksyon. "Sa larangan ng sosyalistang produksyon, ang batas ng halaga ay walang papel sa pagreregyuleyt. Papel ito ng batas ng planadong proporsyunal na pag-unlad at planadong ekonomya ng estado." Sa katunayan, sariling argumento ni Stalin ang inihahapag ng teksto. Bagamat sinasabi ng teksto na kalakal ang mga kagamitan sa produksyon, gayunpama'y dapat unang sabihin na ang mga ito ay nasa kategorya ng pagmamay-ari ng buong sambayanan. Ang pagmamay-ari ay hinding-hindi binabago ng pagbili at pagbenta ng mga kagamitan sa produksyon. Ikalawa, dapat tanggapin ng teksto na gumagampan ng ibang papel ang batas ng halaga sa larangan ng produksyon at sa proseso ng sirkulasyon. Ang lahat ng argumentong ito ay kaayon ng kay Stalin. Isang tunay na pagkakaiba nina Stalin at Khrushchov ay iyong pagtutol ni Stalin sa pagbebenta ng mga kagamitan sa produksyon kagaya ng mga traktora at iba pa sa mga kolektibong sakahan samantalang ibinenta ni Khrushchov ang mga ito.

## 65. Ang Pangkalahatang Punto de Bista ng Teksto

Huwag isiping walang Marxismo-Leninismo sa tekstong ito dahil nagtataglay ito ng marami-raming Marxista-Leninistang ideya. Sa kabilang banda, huwag isiping Marxista-Leninista ito sa kabuuan dahil nagtataglay ito ng marami-raming lihis na ideya. Gayunman, hindi tayo handang magkongklusyong negatibo sa saligan ang tekstong ito.

Binibigyang diin ng teksto na nagsisilbi ang sosyalistang ekonomya sa buong sambayanan, hindi sa mga kalkulasyon ng tubo ng minoryang mapagsamantala. Hindi maituturing na mali sa kabuuan ang mga batayang batas ng sosyalismo na tinalakay ng teksto. At ang mga batas na ito ang pundamental na paksa ng libro. Gayundin, ipinapaliwanag ng teksto ang pagpaplano, proporsyunalidad, mataas na tantos ng pag-unlad at iba pa, at sa mga aspetong ito, sosyalista at Marxista pa ito. Pero matapos kilanlin ang pagpaplano at proporsyunalidad, iba pang usapin kung paano ginagawa ang mga ito. May sariling paraan ang bawat isa sa atin.

Gayunpaman, may ilang pundamental na maling argumento ang tekstong ito. Hindi binibigyang diin ang "pagpapauna sa pulitika" at "linyang masa". Walang pagtalakay hinggil sa "paglakad sa dalawang paa," at makaisang-panig na binibigyang diin ang materyal na interes ng indibidwal. Ipinangangalandakan ang mga materyal na insentibo at lubhang napakatingkad ng indibidwalismo.

Sa pag-aaral ng sosyalistang ekonomya, hindi nagsisimula sa mga kontradiksyon ang teksto. Sa katunayan, ito ay hindi kumikilala sa unibersalidad ng kontradiksyon, o sa pagiging motibong pwersa ng mga kontradiksyon sa lipunan para sa kaunlarang panlipunan. Ang katotohanan, sa kanilang sariling lipunan, mayroon pang tunggalian ng mga uri, ibig sabihin, tunggalian sa pagitan ng sosyalismo at mga labi ng kapitalismo. Pero hindi nila tinatanggap ito. Ang kanilang lipunan* ay may tatlong tipo ng pagmamay-ari: pag-aari ng buong sambayanan, ng kolektiba at ng indibidwal. Syempre, ang ganoong pagmamay-ari ng indibidwal ay hindi katulad ng pagmamay-aring indibidwal bago ng kolektibisasyon, nang ang kabuhayan ng mga magsasaka ay buung-buong nakabatay sa pagmamay-aring indibidwal. Ngayon, nasa bangka ang isang paa nila at nasa pampang ang isa pa, pangunahing umaasa sa kolektiba pero umaasa rin sa indibidwal. Kung may tatlong tipo ng pagmamay-ari, magkakaroon ng kontradiksyon at tunggalian. Pero hindi ito tinalakay ng teksto. Walang paghikayat sa kilusang masa. Walang pagkilala na sa ilalim ng sosyalismo ay kinakailangang dumaan ang kolektibong pagmamay-ari sa transisyon tungong pagmamay-aring publiko, sa transpormasyon ng buong lipunan sa di mapaghahati-hating pag-aari ng buong sambayanan bilang isang paunang kundisyon ng transisyon tungong komunismo.

**Sosyalistang lipunan* sa tekstong 1967.

Gumagamit ang teksto ng malalabong terminong tulad ng "pagkakasundu-sundo" at "kapayapaan" kapalit ng konseptong nagiging ibang sistema ito ng pagmamay-ari, nagiging ibang tipo ito ng relasyon sa produksyon. Kaugnay ng mga ito, ang libro ay may malulubhang depekto at pagkakamali at may bahagyang paglihis sa Marxismo-Leninismo.

Napakasama ng pagkakasulat ng teksto, at hindi mapanghikayat ni interesanteng basahin. Hindi nagsisimula ang teksto sa kongkretong pagsusuri ng mga kontradiksyon ng mga produktibong pwersa at mga relasyon sa produksyon, ni sa kontradiksyon ng baseng pang-ekonomya at superistruktura. Sa paglalahad ng mga usapin, sa pananaliksik ng mga problema, lagi itong nagsisimula sa mga konseptong pangkalahatan o mga depinisyon. Nagbibigay ito ng mga depinisyon nang walang makatwirang mga paliwanag. Sa katunayan, ang isang depinisyon ay dapat resulta, hindi tuntungan, ng isang pagsusuri. Nang walang kapunda-pundasyon, naghahapag ang libro ng serye ng mga batas, mga batas na hindi diniskubre at pinatunayan ng pagsusuri sa kongkretong istorikong pag-unlad. Hindi kauna-unawa sa sarili nito ang mga batas. Kung hindi magsisimula sa kongkretong mga proseso, sa kongkretong istorikong pag-unlad, hindi malinaw na maipapaliwanag ang mga batas.

Hindi mahusay ang pagtalakay ng libro sa mga problema, nang may pangkalahatang pagsapol sa mga paksa nito. Hindi malinaw ang paglalatag ng mga usapin. Hindi mapanghikayat ang komposisyon kundi mapurol at walang lohika, ni walang pormal na lohika. Mukhang isinulat ito ng iba't ibang may-akda na nagtig-iisang tsapter – isang hatian ng paggawa na walang kaisahan. Wala itong sistematikong kaayusan na dapat taglayin ng isang teksto. Dagdag pa, ang paraan nito ay magsimula sa mga depinisyon at para itong diksyunaryong pang-ekonomiks kapag binabasa. Pasibo ang mga may-akda, nagsasalungatan

sa maraming bahagi, at taliwas ang huling mga tsapter sa mga nauuna. Isang paraan ang kooperatibong paghahatian ng paggawa at kolektibong pagsusulat. Pero ang pinakamahusay na paraan ay ang pagsusulat ng isang pinuno katulong ang ilan pang manunulat. Ganito ang paraan ni Marx at ng sirkulo niya; ang mga akda nila ay integral, at mahigpit na sistematikong syentipiko.

Kapag nagsusulat, kapana-panabik lamang ang resulta kung may target ng kritisismo. Bagamat may ilang wastong sinasabi ang tekstong ito, hindi ito naglalatag ng puna sa mga opinyong ipinapalagay na mali. Nagiging kabagut-bagot tuloy ang pagbabasa.

Sa maraming bahagi, parang isang akademisyan at hindi isang rebolusyonaryo ang nagsasalita. Ang ekonomistang hindi nakakaunawa ng praktikang pang-ekonomya ay hindi tunay na eksperto. Mukhang sinasalamin ng libro ang sumusunod na kalagayan: may mga gumagampan ng mga praktikal na gawain pero walang kakayahang maglagom dahil kulang sila sa mga konsepto at batas; sa kabilang banda, kulang naman sa praktikal na karanasan iyong nasa gawaing teoretikal. Hindi pa napag-iisa ang dalawang tipong ito; ibig sabihin, wala pang integrasyon ng teorya at praktika.

Ipinapakita ng libro na walang diyalektikong paraan ang mga may-akda. Kailangang pilosopikal ang pag-iisip para makasulat ng tekstong pang-ekonomiks. Kailangang may partisipasyon ang mga pilosopo sa pagsusulat, kundi'y imposibleng makagawa ng kasiya-siyang teksto.

Lumabas ang unang edisyon ng tekstong ito noong maagang bahagi ng 1955. Pero mukhang naitakda na ang saligang balangkas bago pa man. At lumilitaw na hindi gaanong nakakapaglinaw ang modelong itinakda ni Stalin noon.

Sa Unyong Sobyet, may mga sumasalungat ngayon sa kung paano ginawa ang libro. Sinulat ni G. Kozlov ang artikulong pinamagatan na "Isang Syentipikong Kurso sa Pag-aaral ng Sosyalistang Ekonomyang Pampulitika" na pumuna sa librong ito. Diretso sa ugat ng usapin ang kanyang mga opinyon. Tinutukoy niya ang mga depekto sa pamamaraan ng libro at humihingi siya ng mga paliwanag sa mga batas na nagmumula sa pagsusuri sa proseso ng sosyalistang produksyon. May mga mungkahi rin siya sa istruktura.

Sa harap ng kritisismo ni Kozlov at ng iba pa, posibleng isa pang librong teksto na may ibang paraan ang ilalabas sa Unyong Sobyet. Laging may kabutihang dulot ang oposisyon.

Sa unang pagbabasa ng tekstong ito, natatanto ang paraan at pananaw nito. Pero hindi pa iyon puspusang pag-aaral. Pinakamahusay sa hinaharap na suriin ang mga usapin at argumento sa kaibuturan, gumawa ng metikulosong pananaliksik, magtipon ng sapat na materyales, pasadahan ang ibang makukuhang mga artikulo, libro, ulat at iba pa na may mga opinyong kaiba niyong nasa tekstong ito. Kailangang makakuha ng ideya kung ano ang iba't ibang opinyon hinggil sa mga isyung kontrobersyal. Para maunawaan ang mga isyu, kailangang unawain ang mga opinyon ng kahit dalawang panig man lamang.

Kailangan nating punahin at tutulan ang maling mga opinyon, pero kailangan din nating pangalagaan ang lahat ng wasto. Parehong kailangan ang lakas ng loob at pag-iingat.

Anu't anuman, isang malaking tagumpay sa kabuuan ang sila'y nakapagsulat ng sosyalistang ekonomyang pampulitika. Gaano man karaming problema ang nilalaman, sa minimum ay nagbibigay sa atin ang librong ito ng materyal para sa debate at salamat dito, tumungo ito sa higit pang pag-aaral.

66. Paano Sumulat ng Teksto Hinggil sa Ekonomyang Pampulitika

Sa prinsipyo, maaaring magsimula ang teksto sa sistema ng pagmamay-ari. Pero may mas mahusay pang paraan. Sa pananaliksik sa kapitalistang ekonomya, pinag-aralan din ni Marx pangunahin ang pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon sa kapitalismo, sinuri kung paano itinatakda ng distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon ang distribusyon ng mga kalakal. Sa kapitalistang lipunan, pundamental na kontradiksyon ang panlipunang katangian ng produksyon at ang pribadong katangian ng pagmamay-ari. Nagsimula si Marx sa kalakal at isiniwalat niya ang mga relasyon ng mga tao na nakatago sa mga kalakal (mga relasyon ng mga bagay). May dalawahang katangian pa rin ang mga kalakal sa sosyalistang lipunan; gayunpaman, salamat sa pagkakatatag ng pagmamay-aring publiko ng mga kagamitan sa produksyon at sa katotohanang hindi na kalakal ang lakas paggawa, ang dalawahang katangian ng mga kalakal sa sosyalismo ay hindi katulad ng kanilang dalawahang katangian sa kapitalismo. Hindi na nakatago sa mga relasyong kalakal ang mga relasyon ng mga tao. Sa gayon, kung sisimulang pag-aralan ang sosyalistang ekonomya sa dalawahang katangian ng mga kalakal, na pagkopya sa paraan ni Marx, maaaring maging kabaligtaran ang epekto na makakagulo sa usapin, at mas mahirap maunawaan ng mga tao.

Layunin ng ekonomyang pampulitika na pag-aralan ang mga relasyon sa produksyon. Sa pananaw ni Stalin, nakapaloob sa mga relasyon sa produksyon ang tatlong bagay: pagmamay-ari, mga relasyon ng mga tao sa paggawa at ang distribusyon ng mga kalakal. Sa pagsusulat ng sarili nating ekonomyang pampulitika, masisimulan din natin sa sistema ng pagmamay-ari. Una, inilalarawan natin ang transpormasyon ng pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon tungong pampubliko mula pribado: paano natin itinransporma ang pagmamay-aring pribado ng burukratikong kapital at ang kapitalistang sistema ng pagmamay-ari sa sosyalistang pagmamay-ari ng buong sambayanan; paano ginawa munang pagmamay-aring pribado ng indibidwal na mga magsasaka ang pribadong pagmamay-ari sa lupa ng mga panginoong maylupa, at pagkatapos, ginawang pagmamay-aring kolektibo sa sosyalismo; saka lamang natin mailalarawan ang kontradiksyon ng dalawang anyo ng pagmamay-aring publiko sa sosyalismo at paano magagawa ang transisyon tungong pagmamay-ari ng mamamayan sa komunismo mula pagmamay-aring kolektibo sa sosyalismo. Kaalinsabay, kailangan nating ilarawan kung paano nagbabago mismo ang pagmamay-ari ng mamamayan: ang sistema ng paglilipat ng mga kadre tungo sa mababababang antas, administrasyon na ginagawa ng iba't ibang antas, karapatan ng mga empresa sa awtonomya at iba pa. Bagama't pare-parehong pagmamay-ari ng buong sambayanan, magkakaiba ang pamamahala sa ating mga empresa – ilan ay pinamamahalaan ng mga kagawaran ng sentro, ang iba ay pinamamahalaan ng mga probinsya, munisipalidad, o awtonomong rehiyon, at ang iba naman ay pinamamahalaan ng espesyal na lokal na mga distrito o mga *county*. Ilang empresang pinatatakbo ng mga komuna ay pag-aari sa bahagi ng buong sambayanan, pag-aari sa bahagi ng kolektiba. Sentral man o lokal na pinamamahalaan, nasa ilalim ng pinag-isang pamumuno ang lahat ng empresa at nagtataglay ng partikular na mga karapatang awtonomo.

Kaugnay naman ng problema ng mga relasyon ng mamamayan sa panahon ng produktibong paggawa, bukod sa mga komentaryong tulad ng "mga relasyon ng mapagkasamang kooperasyon at pagtutulungan," lubos na bigo ang tekstong sapulin ang makabuluhang mga isyu dahil walang ginawang pananaliksik o pagsusuri kaugnay nito. Matapos lutasin ang usapin ng sistema ng pag-aari, ang pinakamahalagang usapin ay administrasyon – kung paano pinamamahalaan ang mga empresang pag-aari man ng buong sambayanan o ng kolektiba. Katulad rin ito ng usapin ng relasyon ng mga tao sa isang takdang sistema ng pag-aari, na isang paksa na nangangailangan ng maraming artikulo. Laging may limitasyon ang mga pagbabago sa sistema ng pag-aari sa isang takdang panahon, pero ang mga relasyon ng mga tao sa produktibong paggawa, kabaligtaran nito, ay maaaring walang tigil na nagbabago. Kaugnay ng administrasyon ng mga empresang pag-aari ng buong sambayanan, pinagtibay natin ang isang bungkos ng pamamaraan: kombinasyon ng konsentradong pamumuno at kilusang masa; mga kumbinasyon ng lider ng Partido, masang anakpawis at teknikal na tauhan; mga kadreng kalahok sa produksyon; mga manggagawang lumalahok sa administrasyon; laging pagpapalit sa di rasonableng mga tuntunin at gawing institusyonal.

Sa bahagi tungkol sa distribusyon ng mga kalakal, kailangang isulat muli ang teksto at ganap na baguhin ang kasalukuyang paraan nito. Mahigpit at puspusang pakikibaka, papalawak na reproduksyon, ang hinaharap ng komunismo – ang mga ito ang dapat bigyang diin at hindi ang materyal na interes ng indibidwal. Ang layuning dapat ituro sa mamamayan ay hindi "isang asawa, isang bahay sa nayon, isang kotse, isang piano, isang telebisyon". Ito ang landas ng paglilingkod sa sarili, hindi sa lipunan. Ang "paglalakbay na sampung libong milya ay nagsisimula kung saan ka nakatindig." Pero kung ang titingnan lamang ay ang mga paa nang hindi iniisip ang kinabukasan, ganito ang usapin: Ano ang natitira sa rebolusyonaryong sigla at alab?*
"""
*"anong lakas ang nalalabi sapaglalakbay?" sa tekstng1967.

<u>67. Paano Pag-aaralan ang mga Anyong Panlabas para Marating ang Esensya</u>

Sa pag-aaral ng isang usapin, dapat magsimula sa mga anyong panlabas na nakikita at nadarama ng tao, nang sa gayon ay masaliksik ang mga esensyang nasa likod nito, at mula dito'y maipakita ang sustansya at kontradiksyon ng obhetibong mga bagay at pangyayari.

Sa panahon ng digmaang sibil at Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan, nagsimula ang ating pag-aaral sa mga usapin ng digma sa mga anyong panlabas. Malaki at malakas ang kaaway habang tayo ay maliit at mahina. Ito ang pinakalitaw na anyong panlabas sa panahong iyon, bagay na kitang-kita ng lahat. Tayo ang siyang nag-aral at lumutas sa mga usapin, nang nagsisimula sa mga anyong panlabas para pag-aralan kung paanong magagapi ng panig na maliit at mahina ang isang kaaway na malaki at malakas. Ipinakita natin na bagamat maliit at mahina tayo, mayroon tayong suportang masa, at ang kaaway, kahit na malaki at malakas, ay bulnerable sa bira sa ilang lugar. Tingnan halimbawa ang panahon ng digmaang sibil; nang may ilandaang libong tauhan ang kaaway, ilang sampung libo ang ating tauhan. Sa estratehiya, malakas ang kaaway at nasa opensiba, habang tayo nama'y mahina at nasa depensiba. Pero para salakayin tayo, kinailangan nilang hatiin ang kanilang pwersa sa ilang hanay, at ang mga

* "anong lakas ang nalalabi sa paglalakbay?" sa tekstong 1967.

hanay na ito sa ilang detatsment. Karaniwang aatake sa matigas na punto ang isang kumpanya habang nagmamaniobra pa ang iba. Sa gayon, ikinokonsentra naman natin ang ilang sampung libo para atakehin ang isang hanay, at ikinokonsentra pa nga ang mayorya ng ating pwersa para kunin ang iisang punto ng hanay ng kaaway habang ang isa pang pangkat ay humahatak sa atensyon ng mga tropa ng kaaway na nagmamaniobra pa. Sa paraang ito, nakamit natin ang superyoridad sa partikular na puntong iyon. Naging maliit at mahina ang kaaway at tayo naman, malaki at malakas. Isa pa, kapag darating sila sa isang lugar, hindi sila pamilyar sa kalagayan, kaya't magagawa nating ubusin ang isang pangkat ng kaaway.

Nagiging sistematiko sa pangkalahatan ang ideolohiya dahil sa pagkilos ng mga bagay-bagay. Ang dahilan nito'y mga repleksyon ng materyal na pagkilos ang kaisipan at pag-unawa. Ang mga batas ay bagay na lumilitaw nang paulit-ulit at hindi aksidente sa pagkilos ng mga bagay-bagay. Matapos lamang ng paulit-ulit na paglitaw ng isang bagay ito nagiging batas, at sa gayon, isang bagay na mauunawaan. Halimbawa, nagaganap ang mga krisis ng kapitalismo tuwing sampung taon. Nang paulit-ulit itong nangyari, naging posible kung gayon para maunawaan natin ang mga batas ng krisis pang-ekonomya sa kapitalistang lipunan. Sa reporma sa lupa, kinailangang ipamahagi natin ang lupa ayon sa populasyon sa halip na lakas paggawa. Pero hindi natin ito malinaw na naunawaan hanggang maraming ulit natin itong nagawa. Sa huling bahagi ng ikalawang digmaang sibil, nanawagan ang mga kasamang "kaliwang" adbenturista para sa pamamahagi ng lupa ayon sa lakas paggawa at tumutol sa pamamahagi ng lupa sa bawat tao. Sa kanilang pananaw, ang pamamahagi ng lupa ayon sa populasyon ay hindi puspusan sa makauring pananaw at hindi sapat na mula sa pananaw ng masa. Ang kanilang islogan ay: walang lupa sa panginoong maylupa, mahinang klaseng lupa sa mayamang magsasaka; sa lahat ng iba pa, lupa ayon sa lakas paggawa. Pinatunayan ng pangyayari na mali ang pamamaraang ito. Nalinaw lamang kung paano dapat ipamahagi ang lupa matapos tayong maraming ulit na magdaan sa mga karanasan.

Hinihingi ng Marxismo na dapat tumutugma sa kasaysayan ang lohika. Ang pag-iisip ay reaksyon o repleks sa obhetibong pag-iral. Nagmumula sa kasaysayan ang lohika. Kahit na maraming materyales ang tekstong ito, walang pagsusuri, walang lohika, hindi makita ang mga batas, at hindi ito kasiya-siya. Pero hindi rin kasiya-siya kung kulang ang materyales. Kung magkagayon, makikita lamang ang lohika, pero hindi ang kasaysayan. Dagdag pa, ito'y suhetibong lohika lamang. Naririto mismo ang kahinaan ng tekstong ito.

Napakahalagang maglabas ng kasaysayan ng pag-unlad ng kapitalismong Tsino. Kung hindi pag-aaralan ng mga nag-aaral ng kasaysayan ang iba't ibang lipunan, ang iba't ibang istorikong kapanahunan, tiyak na hindi sila makapaglalabas ng mahuhusay at komprehensibong kasaysayan. Ang pag-aaral ng iba't ibang lipunan ay nangangahulugan ng pagtutuklas sa partikular na mga batas na sumasaklaw sa mga lipunang iyon. Oras na mapag-aralan at mailinaw ang partikular na mga batas, magiging madali nang alamin ang pangkalahatang mga batas ng lipunan. Kailangang pag-ibahin ang pangkalahatan mula sa pag-aaral sa maraming partikularidad. Kung hindi malinaw na mauunawaan ang partikular na mga batas, hindi rin mauunawaan ang pangkalahatan. Halimbawa, sa pag-aaral ng pangkalahatang mga batas na sumasaklaw sa mga hayop, kailangang pag-aralan nang hiwalay ang mga batas na sumasaklaw sa mga *vertebrate*, *invertebrate*, atbp.

68. Dapat Maglingkod ang Pilosopiya sa mga Tungkuling Pampulitikang Kaharap Natin

Ang alinmang pilosopiya ay naglilingkod sa kontemporaryong mga tungkulin nito.

Ito ang papel ng kapitalistang pilosopiya. At bawat bansa at bawat kapanahunan ay may bagong mga teoretisyan na lumilikha ng bagong teorya para sa mga tungkulin sa pulitika ng panahon. Sa England, lumitaw ang gayong mga materyalistang burges gaya nina Bacon at Hobbes; mga materyalista gaya ng mga *Encyclopedist* sa France ng ika-18 siglo; mayroon ring sariling mga materyalista ang burgesyang German at Ruso. Lahat ng ito ay mga materyalistang burges, na pawang naglingkod sa mga tungkulin sa pulitika ng uring burges. Kung gayon, hindi naging di kinakailangan ang burges na materyalismong French dahil sa pag-iral ng materyalismong burges o Ingles; gayundin, hindi naging di kinakailangan ang materyalismong German o Ruso dahil sa pag-iral ng burges na materyalismong Ingles o French.

Higit na mahalagang maglingkod sa kontemporaryong mga tungkulin sa pulitika ang Marxistang pilosopiya ng uring proletaryo. Para sa Tsina, kailangang basahin sina Marx, Lenin at Stalin*. Una muna iyon. Pero dapat lumikha ng bagong teorya ang mga komunista ng alinmang bayan at ang mga sirkulo ng proletaryong pilosopiya ng alinmang bayan; dapat sumulat ng bagong mga akda, at magpalitaw ng sarili nilang mga teoretisyan para paglingkuran ang mga tungkulin sa pulitikang kinakaharap nila.
*Tinanggal sa tekstong 1967.

Walang bansa na makakasalig sa luma lamang. Mayroon mang Marx at Engels, pero walang *Dalawang Taktika* at iba pang akda ni Lenin, hindi malulutas ang bagong mga usapin ng 1905 at pagkatapos. Mayroon mang *Materyalismo at Empiryo-Kritisismo* ng 1907, hindi makasasapat para umangkop sa bagong mga usapin na lumitaw bago at matapos ang Rebolusyong Oktubre. Para tugunan ang mga pangangailangan ng panahong ito, isinulat ni Lenin ang *Imperyalismo*, *Estado at Rebolusyon*, at iba pang mga akda. Pagkatapos ni Lenin, kinailangan si Stalin para isulat ang *Mga Pundasyon ng Leninismo* at *Mga Usapin ng Leninismo* para harapin ang mga reaksyunaryo at panatilihin ang Leninismo. Sa dulo ng ating ikalawang digmaang sibil at sa simula ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan, isinulat natin ang *Hinggil sa Praktika* at *Hinggil sa Kontradiksyon*. Kinailangang isulat ang mga ito para tugunan ang mga pangangailangan ng panahon.

Ngayong pumasok tayo sa yugto ng sosyalismo, lumitaw ang isang bago at buong serye ng mga usapin. Hindi uubra kung hindi natin tugunan ang bagong mga pangangailangan, hindi uubra kung hindi natin isusulat ang bagong mga akda at hindi natin bibigyang anyo ang bagong teorya!

---

* Tinanggal sa tekstong 1967.

# SUPLEMENTO

1. Mga Problema sa Industriyalisasyon ng Tsina

Pagkakumpleto ng unang limang-taong plano ng Unyong Sobyet, nang ang halaga ng lahat ng produksyon ng malaking industriya ay umabot sa 70 porsyento ng halaga ng lahat ng produksyong pang-industriya at pang-agrikultura, agad nilang idineklarang realidad na ang industriyalisasyon. Maaari rin nating mabilis na maabot ang ganoong pamantayan, pero magkagayunman, hindi pa rin natin sasabihing realidad na ang industriyalisasyon, dahil mayroon pa tayong mahigit 500 milyong magsasaka na nakatuon sa agrikultura. Kung sasabihing may industriyalisasyon na kapag umabot na sa 70 porsyento ang produksyong pang-industriya, hindi lamang natin maling masasalamin ang mga aktwal na kalagayan ng pambansang ekonomya kundi lilikhain pa natin ang pagkakampante.

Sa unang plenaryong sesyon ng Ikawalong Pambansang Kongreso ng Mamamayan, tinalakay natin ang pangangailangang itatag ang matibay na pundasyon para sa sosyalistang industriyalisasyon sa ikalawang limang-taong plano. Sinabi rin natin na sa loob ng humigit-kumulang labinlimang taon ay maitatayo natin ang isang integradong sistemang pang-industriya. Ang dalawang pahayag na ito ay medyo magkasalungat dahil kung walang ganap na sinangkapang sistemang pang-industriya, paano natin sasabihing may naitayong "matibay na pundasyon" para sa sosyalistang industriyalisasyon? Batay sa umiiral na kalagayan sa ngayon, maaari nating lampasan ang England sa produksyon ng mga pangunahing produktong pang-industriya sa susunod na tatlong taon. Limang taon pa'y maaari nating matupad ang ating tungkulin sa pagtatatag ng sistemang pang-industriya bilang praktikal na realidad.

Sa pangmatagalan, inaasahan nating makilala bilang isang bayang industriyalisado-agrikultural.[*] Ganoon pa rin kahit nalilikha natin ang higit 100 milyong tonelada ng asero. Kung lalampasan natin ang produksyong *per capita* ng Great Britain, kailangan nating magprodyus ng 350 milyong tonelada ng asero sa minimum!

May espesyal na kabuluhan ang pagpili sa isang bayan at pakikipagkumpitensya rito. Palagi nating pinag-uusapan ang paghabol sa England. Ang unang hakbang natin ay humabol sa usapin ng produksyon ng pangunahing produkto, pagkatapos ay sa usapin ng produksyong *per capita*. Sa paggawa ng barko at pagmanupaktura ng sasakyang demotor, malayong nahuhuli pa tayo sa bayang iyon. Dapat pagsikapan nating higitan ito sa lahat ng aspeto. Kahit na ang napakaliit na bayang Japan ay may apat na milyong toneladang kapasidad sa industriya ng pagbabarkong pangkomersyo. Walang dahilan para sa malaking bayang tulad ng sa atin na hindi magkaroon ng industriya ng pagbabarko para maibyahe ang ating mga produkto.

---

[*] "… hindi tayo makikilala bilang bayang industriyal" sa tekstong 1967.

Noong 1949, mayroon tayong 90,000 o higit pang klase ng kasangkapang makina. Noong 1959, lumaki ang bilang sa 490,000. Noong 1957, ang Japan ay may 600,000. Ang bilang ng kasangkapang makina ay mahalagang sukatan ng antas ng kaunlarang pang-industriya.

Napakababa pa ng antas ng ating mekanisasyon tulad ng makikita sa Shanghai kung saan ang mekanisado, mala-mekanisado at manwal na paggawa ay kumakatawan sa tig-iisang-katlo ng kabuuang paggawa, ayon sa pinakahuling sarbey.

Ang produktibidad ng paggawa sa industriyang Sobyet ay hindi pa nakakahigit sa United States.  Mas lalo pa nga tayong nahuhuli. Bagamat napakalaki ng ating populasyon, nahuhuli naman ang produktibidad ng ating paggawa kung ikukumpara sa ibang bayan. Simula 1960 pataas dapat pa tayong magtrabaho nang puspusan sa loob ng 13 taon.

2. Katayuan sa Lipunan at Indibidwal na Kakayahan

Sa pahina 488 sinasabi na sa sosyalistang lipunan ang katayuan ng isang tao ay itinatakda lamang ng paggawa at indibidwal na kakayahan. Hindi naman ganoon. Ang mga taong matalas mag-isip ay palaging nagmumula sa hanay ng mga nasa nakabababang pusisyon. Minamaliit sila, dumaranas ng kahihiyan at nasa kabataan. Hindi eksepsyon ang sosyalistang lipunan. Sa lumang lipunan palagi na lamang na ang mga inaapi ay may mababang kultura pero mas matalas nang kaunti; ang mga nang-aapi ay may mas mataas na kultura pero medyo mapurol. Sa ngayon, may ganitong panganib. Ang mga saray sa sosyalistang lipunan na may mas mataas na sahod ay mas marami ang kaalamang pangkultura pero may tendensyang maging medyo mapurol kumpara sa mas mabababang saray. Kaya ang mga anak ng ating mga kadre ay talagang hindi katapat ng mga anak ng mga hindi kadre.

Sa maliliit na pagawaan nagmula ang maraming likha at tuklas. Maaaring may mas mahusay na mga pasilidad at mas bagong teknolohiya ang malalaking pagawaan at dahil nga dito, ang istap ay karaniwang may ere ng pagpapaimportante sa sarili, kuntento na sa mga bagay-bagay at hindi na nagsisikap na sumulong at hindi na mapangahas na naghahanap ng katuparan. Madalas na ang kanilang pagkamalikhain ay hindi man lamang maikukumpara doon sa istap ng mas maliliit na pagawaan. Kamakailan sa Ch'angchou, may isang pabrika ng tela kung saan ang mga manggagawa ay lumikha ng mga pamamaraan na nagtaas sa produktibidad ng mga makinang panghabi. Tutulungan nitong magkaroon ng balansyadong kakayahan ang pagsusulid ng bulak, paghahabi ng tela at pagguguhit at pagkukulay. Ang bagong teknik ay hindi nanggaling sa Shanghai o Tientsin kundi mula sa maliit na lugar na Ch'angchou.

Ang kaalaman ay nakakamit sa pamamagitan ng pag-alpas mula sa isang mahirap na kalagayan.[1] Kung nanatili si Ch'u Yuan sa upisina, hindi sana lumitaw ang kanyang panulat. Dahil lamang sa pagkawala ng kanyang pusisyon at "pagkalipat pababa para gumampan ng paggawa" ay saka naging posible para sa kanya na maunawaan ang buhay sa lipunan at makagawa ng napakahusay na likhang pampanitikan tulad ng *Li Sao*. Matapos ipagtabuyan si Confucius sa maraming estado, saka lamang siya bumaling at itinuon ang sarili sa pag-aaral. Nagtipon siya ng isang grupo ng mga walang trabaho na naglilibot sa iba't ibang lugar para ibenta ang kanilang lakas paggawa. Pero walang tumatanggap sa kanila. Sa sunud-sunod na pagkabigo, wala siyang alternatiba kundi mangulekta ng mga katutubong awit na kilala ngayon bilang *Libro ng mga Oda* at isaayos ang istorikong materyales na kilala bilang *Tagsibol at Taglagas*.

Sa  kasaysayan, maraming abanteng bagay ang nagmula hindi sa mauunlad na bayan kundi sa mga relatibong atrasadong bayan. Ang Marxismo ay hindi nagmula sa mga relatibong mauunlad na kapitalistang bayan noong mga panahong iyon – England at France – kundi sa Germany na katamtaman ang antas ng kapitalistang pag-unlad. May dahilan ito.

Ang mga syentipikong imbensyon ay hindi rin kinakailangang mula sa may mataas na antas ng kultura at edukasyon. Sa kasalukuyan, maraming propesor sa unibersidad ang hindi nakaimbento ng kahit ano. Syempre, hindi ito nagbabalewala sa pagkakaiba ng inhinyero at manggagawa. Hindi sa ayaw natin ng mga inhinyero. Pero may tunay na usapin dito. Sa kasaysayan, ito ay karaniwang kaso ng pagkagapi ng may mas mataas na kultura sa may mas mababang kultura. Noong digmaang sibil ang mga kumander natin sa iba't ibang antas ay mas mababa ang kultura kaysa mga upisyal ng Kuomintang na nagmula sa mga akademyang pangmilitar sa loob o labas ng ating bayan. Pero tinalo natin sila.

Ang tao ay may ganitong depekto: ang pagmamaliit sa iba. Iyong mga nakagawa ng ilang maliliit na bagay ay nagmamaliit sa ibang wala pang nagagawa. Ang mga makapangyarihan at mayayamang bayan ay nagmamaliit sa mas mahihina at mahihirap na bayan. Sa kasaysayan, minaliit ng mga Kanluraning bayan ang Rusya. Ang Tsina ay nasa ganoon ding katayuan. May dahilan ito, dahil lubhang mahina pa tayo; napakalaking bayan, napakakaunting asero. Napakalaganap ng iliterasiya. Mabuti para sa atin na minamaliit tayo ng mga tao! Itutulak tayo nitong magsikhay upang sumulong.

<u>3. Pagsalig sa Masa</u>

Mahusay na isinaad ni Lenin na, "Ang sosyalismo ay masigasig, masigla, mapanlikha – likha mismo ng masa ng sambayanan." Ganito ang linyang masa natin. Hindi ba ito umaayon sa Leninismo? Pagkasipi sa pangungusap na ito, sinasabi ng teksto, "Ang malawak na masang anakpawis ay paparaming lumalahok sa tuwirang aktibong pangangasiwa sa produksyon, sa gawain ng mga organo ng estado, sa pamumuno sa lahat ng kagawaran ng buhay panlipunan ng bayan." (p. 332) Mahusay din ang pagkakasaad nito. Pero isang bagay ang pagsasabi at iba ang paggawa. At ang pagsasagawa nito ay hindi talaga madali.

Noong 1928 pinagtibay ng Komite Sentral ng PKUS ang isang resolusyon na nagsabing: "Mareresolba lamang natin ang tungkulin na lampasan at higitan sa teknika at ekonomya ang mga kapitalistang bayan kapag ang partido at masang manggagawa at magsasaka ay namobilisa nang lubos." (p. 337) Ito ay napakahusay na naisaad. At ito mismo ang ginagawa natin ngayon. Noong panahong iyon, walang ibang masasaligan si Stalin liban sa masa kaya hiningi niya ang ubos-kayang mobilisasyon ng partido at ng masa. Pagkatapos, nang magtamo sila ng ilang tagumpay sa ganitong paraan, hindi na sila gaanong sumalig sa masa.

Sinabi ni Lenin, "Rekisito ng tunay na demokratikong sentralismo na may sapat na di nahahadlangang pag-unlad ang iba't ibang landas, anyo at pamamaraan sa pagkakamit ng mga pangkalahatang layunin ng lokal na pagkamapanlikha at diwa ng inisyatiba." (p. 454) Mahusay ang pagkakasabi. Maaaring likhain ng masa ang landas. Ang masa ang lumikha ng mga sobyet sa Rusya. At ang masa ang lumikha ng ating mga komunang bayan.

4. Ang Unyong Sobyet At Tsina: Paghahambing ng Ilang Punto sa Proseso ng Pag-Unlad

Sa pahina 422, sinisipi ng teksto si Lenin: "Kung ang kapangyarihan ng estado ay nasa mga kamay ng uring manggagawa, posible ang transisyon tungong komunismo sa pamamagitan ng kapitalismo ng estado." At iba pa. Napakahausay nito. Si Lenin ay isang solidong manggagawa. Dahil natanto niya na walang karanasan sa pamamahala ng ekonomya ang proletaryado pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre, sinikap niyang paunlarin ang kakayahan ng proletaryado sa larangang ito sa pamamagitan ng pamamaraan ng kapitalismo ng estado. Noong panahong iyon, ang lakas ng proletaryado ay minaliit ng burgesyang Ruso. Tinanggihan nila ang mga kundisyon ni Lenin, at ipinatupad ang mga *slowdown* at nakakapinsalang mga aktibidad, kaya't napwersa ang mga manggagawa na kumpiskahin ang mga ari-arian nila. Ito ang dahilan kung bakit hindi makaunlad ang kapitalismo ng estado.

Talagang napakalaki ng mga problema ng Rusya noong panahon ng digmaang sibil. Bagsak ang agrikultura. Nahinto ang mga ugnayang pangkomersyo. Halos hindi gumagana ang komunikasyon at transportasyon. Walang makuhang hilaw na materyales at hindi makapagsimula ng operasyon ang maraming kinumpiskang pabrika. Dahil talagang wala silang solusyon dito kaya walang pagpipilian kundi bumaling sa isang sistema ng pagkuha sa sarplas na butil ng mga magsasaka. Sa katunayan, ito ay isang paraan ng pagkuha sa bunga ng lakas paggawa ng mga magsasaka nang walang kabayaran, isang paraang nangahulugan ng paghalughog sa mga tapayan at baul ng mga magsasaka – isang hindi magandang gawain. Nang matapos lamang ang digmaang sibil, saka lamang pinalitan ng pagbabayad ng buwis na butil ang sistemang ito.

Mas nagtagal ang ating digmaang sibil kaysa kanila. Sa loob ng 22 taon, naging praktika natin sa mga baseng purok na mangulekta ng butil pampubliko at mamili ng sarplas na butil. Wasto ang ating estratehiya sa uring magsasaka at sa panahon ng digma, sumalig tayo nang husto sa kanila.

Sa loob ng 22 taon, pinaunlad natin ang ating kapangyarihang pampulitika sa mga baseng purok at nakapag-ipon ng karanasan sa pamamahala ng ekonomya ng baseng purok. Sinanay natin ang mga kadreng mamahala sa ekonomya at nakipag-alyansa sa uring magsasaka kaya matapos mapalaya ang buong bayan, mabilis nating nalubos ang muling pagbangon ng ekonomya. Pagkatapos na pagkatapos niyon, ipinanawagan natin ang pangkalahatang linya sa panahon ng transisyon, ibig sabihin, paglalaan ng ating pangunahing pagpupunyagi sa sosyalistang rebolusyon habang sinisimulan ang konstruksyon batay sa unang limang taong plano. Habang isinusulong natin ang sosyalistang transpormasyon, kumilos tayo nang kasama ang uring magsasaka para harapin ang mga kapitalista. Gayunman, may isang panahong sinabi ni Lenin na matitiis niyang makipagnegosasyon kahit sa mga kapitalista sa pag-asang magiging kapitalismo ng estado ang kapitalismo bilang paraan ng pag-angkop sa pagkaispontanyo ng petiburgesya. Lumilitaw ang iba't ibang patakaran sa iba't ibang istorikong kalagayan.

Noong panahon ng Bagong Patakarang Pang-ekonomya (NEP), ang Unyong Sobyet ay nagkaroon ng patakarang pagrenda sa mayayamang magsasaka dahil kailangan nila ng butil. Ganoon din ang patakaran natin sa pambansang burgesya noong mga unang yugto matapos ang paglaya. Nang makaprodyus ng kabuuang 400 milyong *poods* ng pagkaing butil ang mga kolektibong sakahan at sakahang pang-estado saka lamang sila kumilos laban sa mayayamang

magsasaka, at nagharap ng islogang pawiin ang mayayamang magsasaka at kamtin ng kolektibisasyon sa pangkahalatan. Paano naman sa atin? Iba ang ating paraan, at sa katunaya'y pinawi ang ekonomya ng mayamang magsasaka sing-aga ng reporma sa lupa.

Sa kilusang kooperatibo ng Unyong Sobyet, "ang agrikultura ang bumalikat ng malaking pasanin sa umpisa." (p. 397) Ito ang naging dahilan kung bakit maraming bayan sa Silangang Europa ay nagkaroon ng maraming agam-agam sa usapin ng kooperatibisasyon at takot sa malakihang pag-oorganisa. Nang magsimula na sila, kumilos sila nang mabagal. Ang ating produksyon ay hindi lumiit dahil sa mga kooperatiba. Bagkus, lumaki ito nang husto. Sa simula, marami ang nagduda. Ngayon unti-unting dumarami ang mga naniniwala.

5. Ang Proseso ng Pagbubuo at Pagkokonsolida ng Pangkalahatang Linya

Sa nakaraang dalawang taon nagsagawa tayo ng isang malaking eksperimento.

Noong maagang yugto ng Liberasyon, wala tayong karanasan sa pamamahala ng ekonomya ng buong bayan. Kaya noong panahon ng unang limang taong plano, wala tayong ibang ginawa kundi kopyahin ang paraan ng Unyong Sobyet, bagamat sa kabuua'y hindi tayo kailanman nasiyahan dito. Noong 1955, nang makumpleto sa batayan ang "tatlong transpormasyon"[2] (sa pagtatapos ng taon at sa tagsibol ng susunod na taon), nagpatawag tayo ng mahigit 30 kadre para sa konsultasyon. Bunga ng mga talakayang iyon ay nagmungkahi tayo ng "sampung dakilang relasyon" at "Mas marami! Mas mabilis! Mas mahusay! Mas matipid!" sa panahong nakabasa na tayo ng talumpati ni Stalin noong eleksyon ng 1949 na nagpahayag na nagpoprodyus ng apat na milyong tonelada ng asero kada taon ang tsaristang Rusya. Tumaas ang bilang sa 18 milyon noong 1940. Kung kukwentahin mula 1921, may pagtaas na 14 na milyong tonelada lamang sa loob ng 20 taon. At kung tutuusin, sosyalista na sila sa buong panahong ito! Hindi ba tayo makakagawa nang mas mahusay nang mas mabilis nang kaunti? Pagkatapos, inihapag natin ang usapin hinggil sa "dalawang paraan" at kaalinsabay na nagbalangkas ng isang 40 artikulong programa para sa pagpapaunlad ng agrikultura.[3] Walang iba pang hakbang ang iminungkahi noong panahong iyon.

Pagkatapos ng pasulong na igpaw ng 1956, lumitaw ang pagtutol[*] sa mga adbenturistang pagsulong. Patraydor at marahas sinalakay tayo ng mga burges na maka-kanan sa pagtatangkang ipawalambisa ang mga tagumpay ng sosyalistang konstruksyon. Sa Pambansang Kongresong Bayan noong Hunyo 1957, tinuligsa sa ulat ng Punong Ministrong Chou En-lai ang mga maka-kanan. Noong Setyembre ng taong ding iyon muling binuhay ng ikatlong plenaryong sesyon ng Komite Sentral ng partido ang mga slogan tulad ng "Mas marami! Mas mabilis! Mas mahusay! Mas matipid!", ang 40 artikulong pangkalahatang programa, ang samahan para sa pagtataguyod ng kaunlaran,[*] atbp. Noong Nobyembre sa Moscow, nirebisa natin ang isang artikulo sa editoryal ng Pahayagang Bayan hinggil sa "Mas marami! Mas mabilis! Mas Mahusay! Mas matipid!" Kaya noong taglamig, naglunsad tayo ng .isang pambansang kilusang masa para sa malawakang konserbasyon ng tubig

Noong 1958, nagkaroon ng mga pulong, una sa Nanning, pagkaraa'y sa Ch'engtu. Nagsuri tayo ng ating mga problema, pinuna natin ang mga tutol sa mapangahas na pagsulong.

[*] Sa tekstong 1967 lamang.

[*] "Dakilang Igpaw Pasulong" sa tekstong 1967.

Nagpasya tayong hindi na pahintulutan ang ibayong pagtutol sa mapangahas na pagsulong. Nagmungkahi tayo ng isang pangkalahatang linya para sa sosyalistang konstruksyon. Kung hindi naganap ang pulong sa Nanning, hindi sana tayo nakapaghapag ng isang pangkalahatang linya. Noong Mayo, nag-ulat sa ikalawang sesyon ng Ikawalong Pambansang Kongreso ng Mamamayan ang isang kinatawan* ng Komite Sentral. At upisyal na pinagtibay ng kapulungan ang pangkalahatang linya. Pero hindi konsolidado ang linya kaya nagpahabol tayo ng kongkretong mga hakbangin na sa pangunahi'y kaugnay ng hatian ng awtoridad sa pagitan ng sentro at mga lokalidad. Sa Peitaiho, ipinanukala natin na doblehin ang produksyon ng asero at nagresulta sa isang kilusang masa para sa asero at bakal – na tinawag ng mga pahayagan sa Kanluran na maliitang produksyon ng asero. Kaalinsabay, naglunsad tayo ng mga komunang bayan. Pagkatapos na pagkatapos nito ay nangyari ang pambobomba sa Quemoy. Niligalig ng mga ito ang ilan at ginalit ang iba. Lumitaw ang mga pagkakamali sa ating gawain. Dahil sa hindi pagbabayad sa pagkain, nalugmok tayo sa ating sariling krisis sa butil at sa di pangunahing mga pagkain.Umiihip ang ultra-komunistang hangin. Hindi maisuplay ang ilang porsyento* ng mga pang-araw-araw na pangangailangan. Sa Peitaiho, ang produksyon ng asero para sa 1959 ay itinakda sa 30 milyong tonelada. Sa pulong sa Wuchang, ibinaba ito sa 16.5 milyong tonelada. Pagdating ng Hunyo 1959, muli itong ibinaba sa 13 milyon. Lahat ng ito ay sinamantala ng mga di sang-ayon sa atin. Pero nang nilabanan ng Komite Sentral ang "Kaliwa", hindi nila inihapag ang kanilang pagtutol, at hindi rin nila inihapag ito sa dalawang kumperensya sa Ch'engchou, sa Kumperensya sa Wuchang, sa Kumperensya sa Beijing o sa Kumperensya sa Shanghai. Hinintay nila hanggang sa mapawi ang "Kaliwa" at makumpirma ang mga layunin. Dahil sa ibayong paglaban sa "Kaliwa", naging kinakailangan ang paglaban sa kanan. Sa Kumperensya sa Lushan, noong nangailangan tayo ng paglaban sa kanan, nilabanan nila ang "Kaliwa".[4]

Ipinapakita ng lahat ng ito na malayong maging mapayapa ang mga bagay sa ating daigdig at tiyak na hindi konsolidado ang pangkalahatang linya. Ngayong naalpasan na natin ang isang panahon ng mahihirap at liku-likong landas at ang Kumperensya sa Lushan, relatibong konsolidado na ang pangkalahatang linya. Pero tatlong beses "nagaganap ang mga pangyayari", kaya marahil ay dapat nating paghandaan ang ikatlong panahon ng liku-likong landas. Kung ganoon nga, maaasahan nating higit na makokonsolida ang linya. Ayon sa impormasyon ng Komiteng Probinsya ng Chekiang, muling lumitaw sa ilang komuna kamakailan lamang ang "ekwalisasyon" at "walang pagtatanging paglilipat ng ari-arian". Maaari pang muling umihip ang ultra-komunistang hangin.

Naganap noong 1956 ang mga insidente sa Poland at Hungary, panahon ng pagtahak ng kampanya sa liku-likong landas laban sa "mga mapangahas na pagsulong". Pagkaraan, pinagkaisahan ng buong daigdig ang Unyong Sobyet. Noong panahon ng mga liku-likong landas ng 1959, pinagkaisahan tayo ng daigdig.

Relatibong masusing pinuna ng dalawang kampanya sa pagwawasto at ng mga kampanya laban sa kanan, isa noong 1957 at isa sa Lushan, ang mga epekto ng burges na ideolohiya at nalalabing mga burges na impluwensya, kung kaya't naligtas sa panganib ang masa. Noong panahong iyon, binira din natin ang maraming pamahiin kabilang ang diumanong Konstitusyon ng Pagawaan ng Asero at Bakal ng Ma Anshan.[5*]

---

* Si Liu Shao-Ch'i sa tekstong 1967.

* Labindalawang porsyento sa tekstong 1967.

* Isang awtoritaryang pamamaraan ng pagrepina sa isang mayor na pagawaang Sobyet – tala sa tekstong 1967.

Sa nakaraan, hindi natin alam kung paano pagaganahin ang sosyalistang rebolusyon. Inakala natin na pagkaraan ng mga kooperatiba, pagkaraan ng magkasamang pamamahalang publiko-pribado, malulutas na ang problema. Ang mararahas na pagsalakay ng mga maka-kanang burges ang naging dahilan para isulong natin ang sosyalistang rebolusyon bilang isang linyang pampulitika at pang-ideolohiya. Sa katunayan, isinulong ng Kumperensya sa Lushan ang rebolusyong ito, at isa itong matalas na rebolusyon. Maaaring naging napakasama kung hindi natin nagapi sa Lushan ang kanang oportunistang linya.

6. Mga Kontradiksyon sa Hanay ng mga Imperyalistang Bayan at Iba pang Bagay

Ang mga tunggalian sa hanay ng mga imperyalista ay dapat tingnan bilang isang mayor na usapin. Ganoon nakita ni Lenin ang mga iyon, gayundin si Stalin, isang bagay na tinawag nilang di tuwirang reserbang pwersa ng rebolusyon. Sa pagpapatakbo ng mga rebolusyonaryong baseng purok, pinakinabangan ng Tsina ang mabentaheng sirkunstansyang ito. Sa atin noon ay may kontradiksyon sa hanay ng iba't ibang paksyon ng mga uring panginoong maylupa at kumprador. Ang nasa likod ng mga lokal na kontradiksyong ito ay ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista. Ang mga kontradiksyong ito sa hanay ng mga imperyalista ang dahilan kung bakit bahagi lamang ng kaaway sa halip na lahat sila ang direktang lumalaban sa atin sa isang partikular na panahon, hangga't mahusay nating nasasamantala ang mga kontradiksyon. Dagdag pa, karaniwan tayong may oras para magpahinga at magreorganisa.

Ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista ang isang mahalagang dahilan kung bakit maaaring konsolidahin ang Rebolusyong Oktubre. Noon, labing-apat na bansa ang nagpadala ng pwersang mapanghimasok. Pero walang isang bansa ang nagpadala ng marami. Higit pa, hindi koordinado ang kanilang mga layunin. Nag-iintrigahan sila. Noong Digmaan sa Korea, ang mga layunin ng US ay hindi koordinado sa layunin ng kanyang mga alyado. Ang digmaan ay hindi umabot sa pinakamalawak na saklaw. Hindi lamang sa hindi kayang itakda ng US ang kanyang direksyon, hindi rin masyadong interesado ang England at France.

Sa pandaigdigang saklaw, lubhang balisa ang burgesya, takot sa anumang ihip ng hangin na makakabulabog. Nagmamatyag nang husto pero nagkakagulo sila.

Mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, iba ang mga krisis pang-ekonomya ng kapitalistang lipunan kaysa noong panahon ni Marx. Sa pangkalahatan, dumarating ang mga ito tuwing ika-pito, ika-walo o ika-sampung taon. Sa loob ng labing-apat na taon sa pagitan ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at 1959, nagkaroon ng tatlo.

Sa kasalukuyan, malayong higit na maigting ang pandaigdigang sitwasyon kaysa noong matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig, nang ang kapitalismo ay may panahon pa ng relatibong katatagan sa pagkabigo ng mga rebolusyon sa lahat ng dako maliban sa Rusya. Mataas ang moral ng England at France at talagang hindi takot sa Unyong Sobyet ang iba't ibang pambansang burgesya. Maliban sa pag-agaw sa mga kolonya ng Germany, ang buong sistema ng pangongolonya ng mga imperyalista ay hindi pa natitinag. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay bumagsak ang tatlong natalong imperyalista. Napahina at papabagsak ang England at France. Nagtagumpay ang sosyalistang rebolusyon sa mahigit sampung bayan. Nagkawatak-watak ang sistema ng pangongolonya. Kailanman di na muling

matatamasa ng kapitalistang daigdig ang relatibong katatagan nito matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig.

7. Bakit Maaaring Maging Napakabilis ng Rebolusyong Pang-industriya ng Tsina

Sa opinyong publiko ng kanluraning burges, may kumikilala ngayon na "ang Tsina ang isa sa mga bayang may pinakamabilis na pag-unlad sa industriya". (Binabanggit ito sa ulat Conlon ng US hinggil sa patakarang pandiplomatiko ng United States.)

Maraming bayan ang nakapagsagawa ng rebolusyong industriyal. Kung ikukumpara sa lahat ng naunang pambansang rebolusyong industriyal, ang Tsina ang may kakayahang magkaroon ng isa sa pinakamabilis.

Ang tanong ay bakit? Isa sa pangunahing dahilan ay talagang puspusan nating naisagawa ang ating sosyalistang rebolusyon. Puspusan nating isinulong ang rebolusyon laban sa burgesya, ginawa natin ang lahat ng makakaya para pawiin ang lahat ng impluwensyang burges. Iwinaksi natin ang mga pamahiin at masigasig na binigyang kakayahan ang masa para sa ganap na pagpapalaya sa lahat ng larangan.

8. Populasyon[*]

Sa pagpawi sa problema ng labis na populasyon, mayor na problema ang populasyon sa kanayunan, kung saan ang solusyon ay nangangailangan ng malawak na pag-unlad sa produksyon. Sa Tsina mahigit 500 milyong tao ang nakatuon sa agrikultura. Pero nagugutom pa rin sila kahit taun-taon silang nagkakandakuba sa pagtatrabaho. Talagang hindi makatwiran ito. Sa Amerika, 13 porsyento lamang ang populasyon sa agrikultura at karaniwang bawat isa ay may 2,000 *cattie*[6] ng butil. Hindi natin tinatamasa ang ganoon karaming butil. Ano ang dapat nating gawin para paliitin ang populasyon sa kanayunan? Kung ayaw nating magsisiksikan sila sa kalunsuran, dapat magkaroon ng marami-raming industriya sa kanayunan para maging manggagawa ang mga magsasaka kung saan mismo sila naroroon. Kaya kinakaharap natin ang isang mayor na patakaran: gusto ba nating pigilin ang ang pagbagsak ng kabuhayan sa kanayunan sa antas na mas mababa kaysa kalunsuran, gawing halos pantay o mas mataas nang kaunti ang sa kanayunan kaysa kalunsuran? Ang bawat komuna ay dapat magkaroon ng sariling sentrong pang-ekonomya, ng sariling eskwelahang mataas ang antas para sanayin ang sariling mga intelektwal. Wala nang ibang paraan para tunay at talagang malutas ang sobrang populasyon sa kanayunan.

[*] Ang seksyong ito ay makikita lamang sa tekstong 1969.

## HINGGIL SA MGA PROBLEMANG PANG-EKONOMYA NG SOSYALISMO SA USSR

(Nobyembre 1958)[1]

Kailangang pag-aralan ng mga komiteng probinsya at rehiyon ang librong ito. Sa nakaraan, binasa ito ng lahat nang walang gaanong tumimo. Dapat itong pag-aralan kaugnay ng aktwal na mga sirkunstansya ng Tsina. Maraming nilalaman ang unang tatlong tsapter na mahalagang bigyang pansin, maraming wasto, bagamat may mga bahaging marahil ay hindi sapat na nailinaw mismo ni Stalin. Halimbawa, sa unang kabanata, ilang bagay lamang ang binabanggit niya tungkol sa mga obhetibong batas at kung paano paplanuhin ang ekonomya nang hindi inilalatag ang kanyang mga ideya; o maaaring iniisip niyang sinasalamin na ng pagpaplanong Sobyet sa ekonomya ang mga obhetibong prinsipyong gumagabay dito. Sa usapin ng mabigat na industriya, magaan na industriya at agrikultura, hindi sapat na nagbigay-diin ang Unyong Sobyet sa dalawang huli at nagbunga ito ng mga pinsala. Dagdag pa, hindi nila mahusay na ikinumbina ang kagyat at matagalang mga interes ng mamamayan. Sa pangunahin, lumakad sila sa iisang paa. Kung ikukumpara ang pagpaplano, sino sa atin kung gayon ang mas mahusay na nakapagpatupad ng "planadong proporsyunal na pag-unlad?" Isa pang punto: binigyang-diin lamang ni Stalin ang teknolohiya, ang kadreng teknikal. Wala siyang ibang gusto kundi teknolohiya, kundi kadre; walang pulitika, walang masa. Paglakad din ito sa iisang paa! At sa industriya, lumakad sila sa iisang paa nang bigyang-pansin ang mabigat na industriya pero hindi ang magaan na industriya. Dagdag pa, hindi nila tinukoy ang mga pangunahing aspeto ng mga kontradiksyon sa mga relasyon ng mga kagawaran ng mabigat na industriya. Pinalaki nila ang kahalagahan ng mabigat na industriya, inihayag na pundasyon ang asero, puso at kaluluwa ang makinarya. Ang ating pusisyon ay butil ang sandigan ng agrikultura, asero ng industriya, at kung asero ang sandigan, basta't mayroon tayong hilaw na materyales, magkakaroon din tayo ng industriya ng makina. Naghapag si Stalin ng mga tanong sa unang kabanata: nagmungkahi siya ng mga obhetibong prinsipyong gabay pero hindi siya nakapagbigay ng kasiya-siyang sagot.

Sa pangalawang kabanata, tinatalakay niya ang mga kalakal, sa pangatlong kabanata, ang batas ng halaga. Kaugnay ng mga ito, pabor ako sa maraming opinyong isinaad. Dapat pag-aralan ang sumusunod na mga punto: ang paghahati ng produksyon sa dalawang mayor na kagawaran at ang pagsasabing hindi kalakal ang mga kagamitan sa produksyon. Sa agrikulturang Tsino, marami pang mga kagamitan sa produksyon ang nararapat na maging kalakal. Sa aking opinyon, maling-mali ang huli sa tatlong sulat* na nakalakip. Nagpapahayag ito ng malalim na pag-aalinlangan, ng paniniwalang hindi mapagkakatiwalaan ang uring magsasaka na bitiwan ang makinaryang pang-agrikultura, bagkus ay sasarilinin ito. Sa isang banda, sinasabi ni Stalin na pagmamay-ari ng estado ang mga kagamitan sa produksyon. Sa kabilang banda, sinasabi niyang hindi kayang bilhin ng uring magsasaka ang mga ito. Sa katunayan, nililinlang niya ang sarili. Mahigpit na mahigpit at walang pleksibilidad ang kontrol ng estado sa uring magsasaka. Sa dalawang transisyon, bigo si Stalin na matuklasan ang mga tamang paraan, isang usaping nakakabalisa sa kanya.

Labi ng kapitalismo ang anyong kalakal na kailangan nating panatilihin sa ngayon. Ang mga batas sa palitan ng kalakal na gumagabay sa halaga ay walang papel sa pagtatakda ng

---

* Tugon kina Kasamang A. V. Sanina at V. G. Venzher, kabilang sa *Mga Problemang Pang-ekonomya*.

produksyon natin. Ginagampanan ng pagpaplano ang papel na ito, ng dakilang igpaw pasulong sa ilalim ng pagpaplano, at ng pagpapauna sa pulitika. Tinatalakay lamang ni Stalin ang mga relasyon sa produksyon, hindi ang superistruktura, ni ang relasyon ng superistruktura at baseng pang-ekonomya. Lumalahok sa produksyon ang mga kadreng Tsino; lumalahok sa pangangasiwa ang mga manggagawa. Ang pagpapadala ng mga kadre tungo sa mas mababang antas para sa pagpapanday, ang pagwawaksi ng mga lumang tuntunin at regulasyon – lahat ng ito ay tumutukoy sa superistruktura, sa ideolohiya. Binabanggit ni Stalin ang ekonomya lamang, hindi ang pulitika. Maaaring tinatalakay niya ang di makasariling paggawa, pero sa totoo'y ipinagdadamot kahit ang ekstrang isang oras na paggawa. Talagang walang di pagkamakasarili. Walang pagbanggit sa papel ng mamamayan, sa papel ng manggagawa. Kung walang kilusang komunista, mahirap isiping magkakaroon ng transisyon tungong komunismo. "Para sa akin ang lahat ng mamamayan, ako ay para sa lahat ng mamamayan." Hindi ito angkop. Pinalalabas na kunektado ang lahat sa sarili. May ilang nagsasabing si Marx ang nagsabi nito. Kung siya nga, huwag natin itong gamitin sa propaganda. Ang "Lahat ng tao para sa akin" ay nangangahulugan na ang bawat isa ay para sa akin, ang indibidwal. "Ako ay para sa lahat." Aber, para sa ilan ka pwede?

Manipestasyon ng karapatang burges ang batas at edukasyong burges. Nais nating wasakin ang bahagi ng ideolohiya ng karapatang burges, ang astang panginoon, ang tatlong estilo (burukratiko, sektaryan at suhetibo) at ang limang ere (upisyoso o mapanghimasok, arogante, mapagwalangbahala, maluho, at mapagmamaselan). Pero hindi basta-basta mawawasak ang sirkulasyon ng kalakal, ang anyong kalakal, ang batas ng halaga, kahit sa katunayan ay mga kategoryang burges ang mga ito. Tandaang hindi magiging makatwirang pusisyon ang pagsasagawa ngayon ng propaganda para sa lubos na pagpawi ng ideolohiya ng karapatang burges.

May ilan sa sosyalistang lipunan – mga panginoong maylupa, mayayamang magsasaka, mga maka-Kanan – na pumapanig sa kapitalismo at nagtataguyod nito. Pero iniisip ng malawak na mayorya ang pagpanig sa komunismo. Gayunman, kailangan itong gawin nang hakbang-hakbang. Hindi mararating ang langit sa isang hakbang. Halimbawa ang mga komunang bayan: sa isang banda, kailangan ng mga itong magpaunlad ng produksyong nakakasapat-sa-sarili, at sa kabilang banda, ng palitan ng kalakal. Ginagamit natin ang palitan ng kalakal at ang batas ng halaga bilang kasangkapan para sa pagpapaunlad ng produksyon at sa pagpapabilis ng transisyon. Napakaatrasado ng produksyon ng kalakal ng bayan natin. Sa nakalipas na taon, 3.7 trilyon *catties* ng mga pagkaing butil ang naprodyus natin. Mga 800 o 900 bilyon nito ang kalakal na mga butil. Bukod sa butil, hindi rin maunlad ang mga pananim na pang-industriya tulad ng bulak at abaka. Kung gayon, kailangan nating magkaroon ng yugtong ito (kalakal) ng pag-unlad. Sa kasalukuyan, marami pang *county* na hindi naniningil sa pagkain pero hindi nakakabayad ng mga sahod. Sa Hopei, may tatlong *county* na ganoon, at isa pang nakakabayad ng sahod pero hindi malaki: tatlo o limang yuan. Kaya kailangan pa nating paunlarin ang produksyon, paunlarin ang mga bagay na maibebenta bukod sa mga pagkaing butil. Sa Kumperensyang Pang-agrikultura sa Sian, hindi sapat na naisaalang-alang ang puntong ito. Sa kabuuan, atrasado ang komersyo ng bansa natin pero nakaabot na sa sosyalismo sa maraming aspeto. Kailangan nating pawiin ang bahagi ng karapatang burges pero kailangang panatilihin pa ang produksyon at palitan ng kalakal. Ngayon, may tendensyang maramdaman na mas mahusay kung mas maagang marating ang komunismo. Ilan ang nagpapahiwatig na magagawa na natin ang transisyon sa tatlo o limang taon lamang. Sa *county* ng Fan, Shantung, ipinahiwatig na maaaring may kabagalan ang apat na taon!

Sa kasalukuyan, ilang ekonomista ang hindi nasisiyahan sa ekonomiks – isa na si Yaroshenko.* Sa ngayon at hanggang sa ilang panahon sa hinaharap, kakailanganin nating palawakin ang alokasyon at pagdedeliber sa mga komuna. At kakailanganin nating palawakin ang produksyon ng kalakal. Kung hindi, hindi natin kakayaning magpasahod o magpahusay ng pamumuhay. Ilan sa mga kasama natin ang nag-agam-agam nang, sa pag-iral ng mga kalakal at produksyon ng kalakal, ninais nilang wasakin sa araw-araw ang burges na paghahari. Halimbawa, sinasabi nilang mapaminsala ang mga sahod, grado, atbp. sa sistema ng malayang suplay. * Noong 1953, pinalitan natin ng sistemang pasahod ang sistema ng malayang suplay.[2] Wasto sa saligan ang paraang ito. Kinailangan nating bumalik nang isang hakbang. Pero may problema: kinailangan din nating bumalik ng isang hakbang sa usapin ng mga grado. Bunga nito, nagkagulo sa usaping ito. Pagkaraan ng panahon ng pagwawasto, ibinaba ang mga grado. Isang relasyon ng ama sa anak ang sistema ng grado, isang relasyon ng pusa at daga. Kailangang araw-araw itong harapin. Pagpapadala ng mga kadre sa mas mababababang antas, pagpapatakbo ng mga sakahang pang-eksperimento[3] – mga paraan ito ng pagbabago ng sistema ng grado; kung wala ito, walang malalaking igpaw!

Makakapasok at makakapagsilbing tauhan sa mga komunang bayan sa kalunsuran ang mga kapitalista. Pero kailangang manatili sa kanila ang kapitalistang tatak. Kaugnay ng sosyalismo at komunismo, ano ang kahulugan ng pagtatayo ng sosyalismo? Inihaharap natin ang dalawang punto: (1) konsentradong manipestasyon ng pagtatayo ng sosyalismo ang pagsasakongkreto ng sosyalistang pagmamay-aring publiko* na saklaw ang lahat. (2) Ang pagtatayo ng sosyalismo ay nangangahulugan ng transpormasyon ng kolektibong pagmamay-ari ng komuna sa pagmamay-aring publiko. Ilang kasama ang hindi sang-ayon sa pag-iiba ng dalawang tipong ito ng sistema ng pagmamay-ari, na parang lubos na pag-aaring publiko na ang mga komuna. Sa katunayan, may dalawang sistema. Isang tipo ang pagmamay-aring publiko tulad ng sa Pagawaan ng Bakal at Asero sa Anshan, ang isa ay ang pagmamay-ari ng kolektibong laking-komuna. Kung hindi natin ito ihaharap, ano ang saysay ng sosyalistang konstruksyon? Inilinaw ni Stalin ang linya nang banggitin niya ang tatlong kundisyon. May kabuluhan ang tatlong saligang kundisyong ito at maisusuma sa sumusunod: paramihin ang produktong panlipunan; itransporma sa pagmamay-aring publiko ang pagmamay-aring kolektibo; tumungo sa palitan ng mga produkto mula palitan ng mga kalakal, sa halaga sa gamit mula halaga sa palitan.

Sa dalawang puntong binanggit sa itaas, tayong mga Tsino ay (1) nagpapalawak at nagsisikap na palakihin ang produksyon at magkaalinsabay na isinusulong ang industriya at agrikultura nang pinapaboran ang pagpapaunlad ng mabigat na industriya; at (2) nagtatransporma ng pagmamay-ari ng maliit na kolektibo sa pagmamay-aring publiko, at higit pa, sa pagmamay-aring publikong saklaw ang lahat. Iyong mga hindi napag-iiba-iba ang mga ito (mga tipo ng pagmamay-ari) ay nagmimistulang naniniwala na umabot na tayo sa pagmamay-aring publiko. Mali ito. Tinutukoy ni Stalin ang kultura nang ipanukala niya ang tatlong kundisyon, ang pisikal na pag-unlad at edukasyon ng buong mamamayan. Para rito, nagpanukala siya ng apat na kundisyon: (a) anim na oras na arawang paggawa; (b) kumbinasyon ng teknikal na edukasyon at paggawa; (k) pagpapahusay ng mga kalagayan sa paninirahan; (d) pagtataas ng sahod. Partikular na nakakatulong dito ang pagtataas ng sahod at pagbababa ng presyo, pero wala ang mga kalagayang pampulitika.

---

* Ang tumanggap ng ikalawang sulat ni Stalin na kabilang sa *Mga Problemang Pang-ekonomya*.
* Noong 1953, pinalitan natin ang sistema ng malayang suplay ng sistemang sahuran.[2]
* Sa salitang Tsino, ito ay katulad ng pagmamay-ari ng buong sambayanan.

Sa saligan, ang lahat ng kundisyong ito ay para sa pagpapalaki ng produksyon. Kapag sagana ang produksyon, mas mapapadaling lutasin ang problema ng pagtatransporma ng kolektibo sa pagmamay-aring publiko. Para palakihin ang produksyon, kailangan "Mas marami! Mas mabilis! Mas mahusay! Mas matipid!" At para dito kailangan natin ang pagpapauna sa pulitika, ang apat na magkakaagapay na pagsusulong, ang mga kampanya ng pagwawasto, ang pagwasak sa ideolohiya ng karapatang burges. Idagdag pa dito ang mga komunang bayan at nagiging mas madaling matamo ang "Mas marami! Mas mabilis! Mas mahusay! Mas matipid!"

Ano ang mga implikasyon ng pagmamay-aring publikong saklaw ang lahat? Dalawa ito: (1) pag-aari ng buong mamamayan ang mga kagamitan sa produksyon; at (2) pag-aari ng buong mamamayan ang produkto ng lipunan.

Batayang antas ang katangian ng komunang bayan kung saan nagaganap ang integrasyon ng industriya, agrikultura, militar, edukasyon at komersyo sa istruktura ng ating lipunan. Sa kasalukuyan, ito ang organisasyong administratibo sa batayang antas. Hinaharap ng milisya ang mga banta ng dayuhan laluna ng mga imperyalista. Ang komuna ang pinakamahusay na anyong pang-organisasyon sa pagsasagawa ng dalawang transisyon – mula sosyalista (ang kasalukuyan) tungong publiko na saklaw ang lahat at mula rito tungong pagmamay-aring komunista. Sa hinaharap, kapag nalubos na ang mga transisyon, magiging saligang mekanismo ng komunistang lipunan ang komuna.

## KRITIKA SA LIBRO NI STALIN NA *MGA PROBLEMANG PANG-EKONOMYA NG SOSYALISMO SA USSR*

Mula simula hanggang wakas, walang anumang sinasabi tungkol sa superistruktura ang libro ni Stalin. Hindi ito interesado sa mga tao; isinasaalang-alang ang mga bagay, hindi ang mga tao. Ang ganito bang klase ng sistema sa suplay ng mga produktong pangkonsumo ay tumutulong magbunsod ng pang-ekonomyang pag-unlad o hindi? Dapat binanggit man lamang niya ito. Mas mabuti bang magkaroon ng produksyon ng kalakal o hindi? Kailangang pag-aralan ito ng lahat. Halos maling-mali ang punto de bista ni Stalin sa huli niyang sulat.[*] Ang saligang pagkakamaling ito ay ang kawalang tiwala sa mga magsasaka.

May mga bahaging wasto ang una, ikalawa at ikatlong tsapter; magagawa pang mas malinaw ang ibang bahagi. Halimbawa, hindi kumpleto ang pagtalakay sa planadong ekonomya. Hindi sapat ang taas ng tantos ng pag-unlad ng ekonomyang Sobyet bagamat mas mabilis ito kaysa niyong sa mga kapitalista. Hindi malinaw na ipinaliwanag ang relasyon ng agrikultura at industriya, at maging ng magaan at mabigat na industriya.

Mukhang malulubha ang pinsalang natamo nila. Hindi nagkaroon ng anumang kagila-gilalas na pag-unlad sa relasyon ng mga matagalan at kagyat na interes. Lumalakad sila sa iisang paa, lumalakad tayo sa dalawa. Naniniwala sila na teknolohiya ang nagpapasya ng lahat, na mga kadre ang nagpapasya ng lahat, "eksperto" lamang ang binabanggit, hindi kailanman ang "pula," ang mga kadre lamang, hindi kailanman ang masa. Paglakad ito sa iisang paa. Kaugnay ng mabigat na industriya, bigo silang matuklasan ang pangunahing kontradiksyon at

[*] Tugon dina Kasamang A. V. Sanina at V. G. Venzher.

tinawag na pundasyon ang asero, puso at bituka ang makinarya, pagkain ang karbon… Sa atin, ang asero ang sandigan, ang pangunahing kontradiksyon sa industriya, samantalang mga pagkaing butil ang sandigan sa agrikultura. Proporsyunal na umuunlad ang ibang mga bagay.

Sa unang tsapter, tinatalakay niya ang pagsapol sa mga batas pero walang ipinapanukalang paraan. Sa produksyon ng kalakal at batas ng halaga, maraming ideya niya ang sinasang-ayunan natin mismo, pero may mga problema rin. Ang paglimita sa produksyon ng kalakal sa pangunahing mga pangangailangan ay talagang napakakaduda-duda. Kawalang tiwala sa mga magsasaka ang saligang pananaw ng ikatlong sulat. Sa esensya, hindi natuklasan ni Stalin ang paraan ng transisyon tungo sa pagmamay-aring publiko mula kolektibong pagmamay-ari. Mga anyong pinanatili natin ang produksyon at palitan ng kalakal, samantalang kaugnay ng batas ng halaga, kailangan nating isaalang-alang ang pagpaplano kaalinsabay ng pagpapauna sa pulitika. Isinaalang-alang lamang nila ang mga relasyon sa produksyon, hindi ang superistruktura o pulitika, ni ang papel ng mamamayan. Hindi maaabot ang komunismo kung walang kilusang komunista.*

*1. Malinaw na… naipagkakamali… ng mga kasamang ito ang mga batas ng syensya na sumasalamin sa mga obhetibong proseso ng kalikasan o lipunan, mga prosesong nagaganap nang hiwalay sa kapasyahan ng tao, sa mga batas na ginagawa ng gubyerno na ginagawa ng kapasyahan ng tao at may bisa lamang sa ligal. Pero hindi sila dapat malito.*

1. Sa saligan, wasto ang prinsipyong ito pero dalawang bagay ang mali: una, hindi sapat na napapatampok ang mulat na aktibidad ng partido at ng masa; ikalawa, hindi ito sapat na komprehensibo dahil hindi ipinapaliwanag na kaya wasto ang mga dikreto ng gubyerno ay dahil hindi lamang nagmumula ang mga ito sa kapasyahan ng uring manggagawa kundi tapat na sinasalamin ng mga ito ang mga rekisito ng mga obhetibong batas pang-ekonomya.

*2. Kung isasantabi ang mga prosesong pang-astronomiya, heolohikal at mga katulad na proseso na hindi talaga kayang impluwensyahan ng tao kahit malaman niya ang mga batas ng pag-unlad ng mga ito…*

2. Mali ang argumentong ito. Walang hangganan ang kaalaman ng tao at ang kakayahan niyang itransporma ang kalikasan. Hindi isinaalang-alang ni Stalin ang mga bagay na ito sa punto de bista ng pag-unlad. Ang hindi magagawa ngayon ay magagawa sa hinaharap.

*3. Ganoon din ang masasabi kaugnay ng mga batas ng pang-ekonomyang pag-unlad, kaugnay ng mga batas ng ekonomyang pampulitika – sa panahon man ng kapitalismo o sa panahon ng sosyalismo. Dito rin, katulad ng syensyang pangkalikasan, ang mga batas ng pang-ekonomyang pag-unlad ay mga obhetibong batas na sumasalamin sa mga proseso ng pang-ekonomyang pag-unlad na nagaganap nang hiwalay sa kapasyahan ng tao.*

3. Paano natin paplanuhin ang ekonomya? Hindi sapat na binigyang-pansin ang magaan na industriya, ang agrikultura.

* Kritikal ang komentaryo nitong unang apat na talata sa buong teksto. Sinunda itong serye ng mga komentaryo na pumupuna sa partikular na mga seksyon. Inilalahad ang orihinal na teksto ni Stalin bago ang bawat komentaryo, batay sa salin para sa *Jen min c'hu pan she*, ikatlong edisyon, Enero 1938. (Gamit natin ang edisyong Ingles ng Foreign Languages Press, Peking 1972.)

*4. Kaya sa libro ding iyon, sinasabi ni Engels: "Ang mga batas ng pagkilos ng tao sa lipunan na dati'y kinakaharap niya bilang mga batas ng kalikasan na hiwalay at nagdodomina sa kanya ay magagamit na nang lubos na nauunawaan, at sa gayo'y mamamaster niya." (Anti-Duhring)*

4. Ang kalayaan ay kinakailangang obhetibong batas na nauunawaan ng tao. Ang ganoong batas ay nakakaharap ng tao, at hiwalay sa kanya. Pero kapag naunawaan ito ng tao, makokontrol niya ito.

*5. Ang ispesipikong papel ng gubyernong Sobyet ay bunga ng dalawang sirkunstansya: una, ang kailangang gawin ng gubyernong Sobyet ay hindi ang pagpapalit sa isang anyo ng pagsasamantala ng isa pa na tulad ng mga naunang rebolusyon, kundi ang lubos na pagpawi sa pagsasamantala; ikalawa, kailangan nitong lumikha ng bago, ng mga sosyalistang anyo ng ekonomya, na masasabing "nagsisimula sa wala" dahil sa kawalan sa bayan ng anumang yari nang pagsisimulan ng sosyalistang ekonomya.*

5. Isang bagay na kailangang pag-aralan ang pagiging di maiiwasan ng mga sosyalistang batas pang-ekonomya. Sa Kumperensya ng Ch'engtu, sinabi kong kailangang malaman natin kung mabibigo o magtatagumpay ang pangkalahatang programa natin ("Mas marami! Mas mabilis! Mas mahusay! Mas matipid!," ang tatlong magkakaagapay na pagsulong at ang linyang masa). Hindi ito maipapakita sa ilang taon, o kahit sampung taon pa. Ang mga batas ng rebolusyon na dating pinagdudahan ng ilan ay napatunayan na ngayong wasto dahil naibagsak na ang kaaway. Uubra ba ang sosyalistang konstruksyon? May duda pa ang mga tao. Umaayon ba ang praktikang Tsino sa mga batas pang-ekonomya ng Tsina? Kailangan itong pag-aralan. Sa tingin ko, kung sa pangkalahatan ay umaayon ang praktika, magiging maayos ang lahat.

*6. Walang dudang mahirap, kumplikado at walang kaparis ang tungkuling ito (paglikha ng bago, ng mga sosyalistang anyo ng ekonomya "mula sa wala").*

6. Kaugnay ng paglikha ng mga sosyalistang anyong pang-ekonomya, naririyan ang naunang karanasan ng Unyong Sobyet, at dahil dito, kailangan nating maging mas mahusay nang kaunti kaysa kanila. Kung magkakamali-mali tayo, ipapakita nito na hindi uubra ang Marxismong Tsino. Kaugnay ng hirap at kompleksidad ng mga tungkulin, iyon ay hindi naiiba sa kinaharap ng Unyong Sobyet.

*7. Sinasabing dahil sa pangangailangan sa balansyado (proporsyunal) na pag-unlad ng pambansang ekonomya sa ating bayan, nagagawang pawiin ng gubyernong Sobyet ang umiiral na mga batas pang-ekonomya at lumikha ng mga bago. Iyon ay absolutong hindi totoo. Hindi dapat ipagkamali ang ating mga taunan at limang-taong plano bilang obhetibong batas pang-ekonomya ng balansyado at proporsyunal na pag-unlad ng pambansang ekonomya.*

7. Ito ang pinakaubod ng usapin.

*8. Ibig sabihin, dahil sa batas ng balansyadong pag-unlad ng pambansang ekonomya, nagiging posible para sa ating mga tagaplano na wastong planuhin ang produksyong panlipunan. Pero hindi dapat ipagkamaling realidad ang posibilidad. Dalawang magkaibang bagay ang mga ito. Para maging realidad ang posibilidad, kailangang pag-aralan ang batas pang-ekonomyang ito, magpakabihasa rito, matutunan kung paano ito*

*ilalapat nang may lubos na pag-unawa, at buuin ang ganoong mga planong lubos na sumasalamin sa mga rekisito ng batas na ito. Hindi masasabing lubos na sinasalamin ng ating taunan at limang-taong mga plano ang mga rekisito ng batas pang-ekonomyang ito.*

8. Ang sentral na punto ng siping ito ay hindi natin dapat ipagkamali ang pagpaplano bilang obhetibong batas ng planadong proporsyunal na pag-unlad. Sa nakaraan, nagbalangkas din tayo ng mga plano pero kadalasang lumilikha ang mga ito ng gulo. Sobrang-sobra! Kulang na kulang! Bulag nating sinusuong ang mga bagay, at hindi kailanman tiyak kung ano pinakamahusay na paraan. Pagkaraan lamang dumanas ng mapapait na aral, nagpabalik-balik sa pinanggalingan, malalim na nag-isip ang lahat kung ano ang kasagutan, saka lamang natin natumbok ang programang pang-agrikultura na may apatnapung punto na ipinatutupad natin ngayon. At nagbabalangkas tayo ngayon ng bagong apatnapung punto. Pagkaraan ng tatlo pang taon ng mapait na pakikibaka, higit tayong uunlad; pagkaraan ng puspusan at sapat na mga talakayan, muli tayong magtutuloy. Magagawa ba nating realidad ito? Patutunayan pa ito sa obhetibong praktika. Tinrabaho natin ang industriya sa loob ng walong taon pero hindi natin natanto na kailangang gawing sandigan ang asero. Ito ang prinsipal na aspeto ng kontradiksyon sa industriya. Ito ay monismo. Sa malaki, katamtamang laki at maliit, ginawa nating sandigan ang malaki; sa pagitan ng sentro at ng mga rehiyon, ang sentro. Sa dalawang aspeto ng anumang kontradiksyon, ang isang aspeto ang prinsipal. Importante man ang mga natamo natin sa walong taon, nangangapa pa rin tayo. Hindi pwedeng sabihin na ganap na wasto ang ating pagpaplano sa produksyon at ganap nitong sinasalamin ang mga obhetibong batas. Ginagawa ng buong Partido ang pagpaplano, hindi ng komite sa pagpaplano lamang o ng komite sa ekonomya kundi ng lahat ng antas; kalahok ang lahat. Sa siping ito, wasto sa teorya si Stalin. Pero wala pang masinop at detalyadong pagsusuri, o kaya kahit na panimulang malinaw na paliwanag. Hindi pinag-iba ng mga Sobyet ang malalaki, katamtamang laki at maliliit, ang rehiyon at ang sentro; hindi rin nila magkaagapay na isinulong ang industriya at agrikultura. Hinding-hindi sila lumakad sa dalawang paa. Nakapigil sa mga tao ang kanilang mga tuntunin at regulasyon. Pero hindi natin sapat na pinag-aralan at nagagap ang sitwasyon, at bunga nito, hindi rin ganap na sinalamin ng ating mga plano ang mga obhetibong batas.

*9. Suriin natin ang pormula ni Engels. Hindi ito masasabing lubos na malinaw at presiso dahil hindi nito ipinahihiwatig kung ang tinutukoy nito ay ang pag-agaw ng lipunan sa lahat o sa bahagi lamang ng mga kagamitan sa produksyon; ibig sabihin, kung lahat o bahagi lamang ng mga kagamitan sa produksyon ang gagawing pag-aaring publiko. Kaya maaari unawain ang pormulang ito ni Engels sa alinmang paraan.*

9. Tinutumbok ng pagsusuring ito ang mga esensyal na usapin! Ang usapin ay ang paghahati ng mga kagamitan sa produksyon sa dalawang bahagi. Kailangang pag-aralan ang pagsasabing hindi mga kalakal ang mga kagamitan sa produksyon.

10. Sa seksyon na Produksyon ng Kalakal sa Sosyalismo, hindi komprehensibong inilatag ni Stalin ang mga kundisyon sa pag-iral ng mga kalakal. Pangunahing salalayan ng produksyon ng kalakal ang pag-iral ng dalawang klase ng pagmamay-ari. Pero sa kahuli-hulihan, ang produksyon ng kalakal ay kaugnay rin ng mga produktibong pwersa. Dahil dito, kailangang gumana pa rin ang palitan ng kalakal sa ilang larangan kahit sa ilalim ng lubos na sosyalisadong pagmamay-aring publiko.

*11. Mula dito, nasa isip ni Engels ang mga bayan kung saan ang kapitalismo at ang konsentrasyon ng produksyon kapwa sa industriya at agrikultura ay umabante na nang husto para bigyang puwang ang ekspropriyasyon ng lahat ng kagamitan sa produksyon sa bayan at ang kumbersyon ng mga ito sa pag-aaring publiko. Bunga nito, sa tingin ni Engels, nararapat nang wakasan sa mga bayang ito ang produksyon ng kalakal, kasabay ng sosyalisasyon ng lahat ng kagamitan sa produksyon. At syempre, tama iyon.*

11. Wasto ang pagsusuri ni Stalin sa pormula ni Engels. Sa kasalukuyan, malakas ang tendensyang pawiin ang produksyon ng kalakal. Nababahala ang mga tao kapag nakakakita sila ng produksyon ng kalakal sa pag-aakalang ito mismo ay kapitalismo. Pero mukhang kailangang paunlarin nang husto ang produksyon ng kalakal at paramihin ang suplay ng pera para sa solidaridad ng ilang daang milyong magsasaka. Naghahapag ito ng usapin sa ideolohiya ng ilang daanlibong kadre at maging sa solidaridad ng ilang daang milyong magsasaka. Bahagi lamang ng mga kagamitan sa produksyon ang pag-aari natin ngayon. Pero lumilitaw na may mga naghahangad na agad ideklara ang pagmamay-ari ng buong sambayanan, at kumpiskahan ang maliliit at katamtamang laking prodyuser. Pero bigo silang ideklara ang kategorya ng pagmamay-ari! Magiging pag-aari ba ito ng komuna o ng county? Ang pagpawi sa mga kalakal at produksyon ng kalakal sa paraang ito, sa pamamagitan ng simpleng pagpapahayag ng pagmamay-aring publiko, ay pang-aagaw sa uring magsasaka. Sa pagtatapos ng 1955, nakakuha tayo ng halos 90 bilyong catties ng butil mula sa pagprokyur at pamimili, na nagdulot sa atin ng malaking problema. Pagkain ang pinag-usapan ng lahat at isahang pamimili ang paksa sa bawat kabahayan. Pero pagbili nga iyon, hindi alokasyon. Sa kalaunan lamang naibsan ang krisis nang pinagpasyahan nating ibaba ito sa 83 bilyong catties ng butil. Hindi ko maintindihan kung bakit mabilis na nakalimutan ng mga tao ang mga bagay na ito.

*12. Isinasantabi ko sa ngayon ang usapin ng kahalagahan sa Britain ng pakikipagkalakalang panlabas at ang malaking papel nito sa kanyang pambansang ekonomya. Sa palagay ko, pagkatapos lamang ng imbestigasyon sa usaping ito saka pinal na maitatakda kung ano ang kahihinatnan (tadhana) ng produksyon ng kalakal sa Britain, pagkapwesto ng proletaryado sa kapangyarihan at pagkaraang maisabansa ang lahat ng kagamitan sa produksyon.*

12. Nakadepende ang kahihinatnan sa kung papawiin o hindi ang produksyon ng kalakal.

*13. Pero narito ang isang tanong: Ano ang gagawin ng proletaryado at ng partido nito sa mga bayan, isang halimbawa ang sa atin, kung saan paborable ang mga kundisyon para agawin ng proletaryado ang kapangyarihan at maibagsak ang kapitalismo [kung saan naikonsentra na nang husto ng kapitalismo ang mga kagamitan sa produksyon sa industriya kung kaya maaari nang kumpiskahin at gawing pag-aari ng lipunan, pero kung saan hati-hati ang agrikultura sa maraming maliliit at katamtamang laking may-ari-prodyuser hanggang sa antas na imposible ang kumpiskasyon sa mga prodyuser na ito, sa kabila ng paglago ng kapitalismo?]** … Itutulak [nito] ang uring magsasaka sa kampo ng mga kaaway ng proletaryado sa mahabang panahon.*

* Ang nakapaloob sa panaklong ay idinagdag mula sa teksto ni Stalin upang linawin ang punto…

13. Bilang paglalagom, hindi nasapol ang prinsipyong gumagabay sa produksyon ng kalakal. Ang mga ekonomistang Tsino ay Marxista-Leninista kaugnay ng kaalamang aklat. Pero kapag nakakaengkwentro sila ng praktikang pang-ekonomya, hindi maisapraktika ang Marxismo-Leninismo. Lito ang kanilang pag-iisip. Kung magkakamali tayo, itutulak natin ang uring magsasaka sa kampo ng kaaway.

*14. Maaaring lagumin nang maikli ang sagot ni Lenin sa sumusunod: (a) Hindi dapat palampasin ang mga paborableng kundisyon sa pag-agaw sa kapangyarihan – dapat agawin ng proletaryado ang kapangyarihan nang hindi na hinihintay na magtagumpay ang kapitalismo sa pagwasak sa milyun-milyong maliliit at katatamtalang-laki na indibidwal na prodyuser;*

*15. (b) Kailangang kumpiskahin ang mga kagamitan sa produksyon sa industriya at itransporma ang mga ito bilang pag-aaring publiko.*

*16. (k) Kaugnay ng maliliit at katamtamang laking indibidwal na prodyuser, kailangang unti-unti silang pagkaisahin sa mga kooperatiba ng mga prodyuser, ibig sabihin, sa malalaking empresang pang-agrikultura, mga kolektibong sakahan;*

*17. (d) Kailangang paunlarin nang husto ang industriya at gawing moderno ang mga kolektibong sakahan sa teknikal na batayan ng malakihang produksyon nang hindi isinasailalim sa kumpikasyon, sa halip, bukas-palad na sinusuplayan ang mga ito ng primera klaseng mga traktora at iba pang makina;*

*18. (e) Para matiyak ang pang-ekonomyang bukluran ng kalunsuran at kanayunan, ng industriya at agrikultura, kailangang panatilihin ang produksyon ng kalakal (palitan sa pamamagitan ng pagbibili at pagbebenta) sa ilang panahon dahil ito ang anyo ng pang-ekonomyang ugnayan sa kalunsuran na tanging katanggap-tanggap sa mga magsasaka, at kailangang lubos na paunlarin ang kalakalang Sobyet – estado, kooperatiba at kolektibong sakahan – at patalsikin ang lahat ng kapitalista, anuman ang tipo at katangian, sa lahat ng aktibidad sa kalakalan.*

*Ipinapakita ng kasaysayan ng sosyalistang konstruksyon sa ating bayan na lubos na wasto ang landas na ito ng pag-unlad na iginuhit ni Lenin.*

*19. Walang duda na sa kaso ng lahat ng kapitalistang bayan na may marami-raming uri ng maliliit at katamtamang laking prodyuser, ang landas na ito ng pag-unlad ang tanging posible at kinakailangan sa tagumpay ng sosyalismo.*

14. Wasto ang pagsusuri ng siping ito. Tingnan ang mga kundisyon sa Tsina. May pag-unlad doon. Tama lahat ang limang puntong ito.

15. Patakaran natin sa pambansang burgesya ang pagtubos sa kanilang ari-arian;

16. Pinauunlad natin ang mga komunang bayan sa papalaki nang papalaking saklaw.

17. Ito mismo ang ginagawa natin ngayon.

18. May mga umaayaw sa produksyon ng kalakal, pero mali sila. Kaugnay ng produksyon ng kalakal, kailangang matuto tayo kay Stalin na natuto naman kay Lenin. Ibinilin ni Lenin na magtuon ng pinakapuspusang mga pagsisikap sa pagpapaunlad ng komersyo. Mas dapat sabihing magtuon tayo ng pinakapuspusang mga pagsisikap sa pagpapaunlad ng industriya, agrikultura at komersyo. Ang esensya ng problema ay ang usaping magsasaka. May mga nagpapalagay na mas mulat pa ang magsasaka kaysa mga manggagawa. Nakapagsulong na tayo o nasa proseso ng pagsusulong ng limang bagay na ito. May ilang larangan pang kailangang paunlarin tulad ng industriyang pinapangasiwaan ng komuna o magkaagapay na pagsusulong ng industriya at agrikultura.

19. Ganoon din ang sinabi ni Lenin.

*20. Hindi dapat tingnang nakakasapat sa sarili ang produksyon ng kalakal, na hiwalay ito sa umiiral na mga kalagayang pang-ekonomya. Mas nauna pa ang produksyon ng kalakal kaysa kapitalistang produksyon. Umiral ito at nagsilbi sa lipunang may-alipin pero hindi tumungo sa kapitalismo. Umiral ito at nagsilbi sa pyudal na lipunan pero hindi tumungo sa kapitalismo bagamat ito ang naghanda sa ilang kundisyon ng kapitalistang produksyon.*

*21. Tandaan na sa bayan natin ay may hangganan ang produksyon ng kalakal at hindi ito sumasaklaw sa lahat, di tulad sa kapitalismo,*

*22. dahil nalilimita ang mga kondisyon sa istriktong hangganan, salamat sa mga mapagpasyang kalagayang pang-ekonomya tulad ng pagmamay-ari ng lipunan sa mga kagamitan sa produksyon, pagpawi sa sistema ng sahurang paggawa at pagpawi sa sistema ng pagsasamantala*

*23. kung gayon, maitatanong bakit hindi rin mapapagsilbi ang produksyon ng kalakal sa ating sosyalistang lipunan sa ilang panahon nang hindi tumutungo sa kapitalismo?*

20. Medyo may kalabisan ang pahayag na ito. Pero totoong hindi isang eksklusibong kapitalistang institusyon ang produksyon ng kalakal.

21. Nagmungkahi ang ikalawang plenaryong sesyon ng Komie Sentral ng mga patakarang sa paggamit, paglimita at pagtransporma ng (produksyon ng kalakal).

22. Lubos na umiiral ang kalagayang ito sa Tsina.

23. Lubos na wasto ang puntong ito. Wala na ngayon ang ganoong mga sirkunstansya at kundisyon. May mga natatakot sa mga kalakal. Lahat sila'y takot sa kapitalismo, dahil hindi nila natatantong sa pagpawi sa mga kapitalista, maaari nang palawakin nang husto ang produksyon ng kalakal. Atrasado pa tayo sa produksyon ng kalakal, nahuhuli sa Brazil at India. Hindi hiwalay na bagay ang produksyon ng kalakal. Sa kapitalistang konteksto, ito ay kapitalistang produksyon ng kalakal. Sa sosyalistang konteksto, ito ay sosyalistang produksyon ng kalakal. Umiral na ang produksyon ng kalakal mula noong unang panahon. Nagsimula ang pamimili at pagbebenta sa tinatawag ng kasaysayan na dinastiyang Shang ["komersyo"]. May kakayahan sa mga usaping sibil at militar si Chou, ang huling hari ng dinastiyang Shang, pero naging kontrabida siya kasama ng unang emperador ng Ch'in[2] at Ts'ao Ts'ao[3]. Mali ito. "Mas

mabuting walang libro kaysa lubos na manalig sa mga ito."* Sa kapitalistang lipunan, walang mga sosyalistang institusyon na itinuturing na mga institusyong panlipunan pero umiiral nga ang uring manggagawa at sosyalistang ideolohiya sa kapitalistang lipunan. Ang produksyon ng kalakal ay itinatakda ng nakapaligid na mga kalagayang pang-ekonomya. Ang usapin ay kung maituturing bang kapaki-pakinabang na instrumento sa pagpapaunlad ng sosyalistang produksyon ang produksyon ng kalakal. Sa palagay ko, napakaamong magsisilbi sa sosyalismo ang produksyon ng kalakal. Maaaring talakayin ito sa hanay ng mga kadre.

*24. Sinasabing wala nang anumang kabuluhan ang produksyon ng kalakal at kung gayon, nararapat na itong pawiin dahil naitatag na sa ating bayan ang dominasyon ng pagmamay-ari ng lipunan sa mga kagamitan sa produksyon at napawi na ang sistema ng sahurang paggawa at pagsasamantala.*

24. Palitan ng "Tsina" ang "ating bayan" at nagiging lubhang nakakaintriga ito.

*25. Ngayon, may dalawang batayang anyo ng sosyalistang produksyon sa ating bayan; pag-aaring pang-estado o produksyong pag-aaring publiko at produksyon ng kolektibong sakahan na hindi masasabing pag-aaring publiko.*

25. Tumutukoy ang "ngayon" sa 1952, tatlumpu't limang taon makaraan ang kanilang rebolusyon. Siyam na taon pa lamang ang nakakaraan mula ng ating rebolusyon.

Tinutukoy niya ang dalawang saligang anyo. Sa mga komuna, pag-aari ng mga komuna hindi lamang ang lupa at makinarya kundi pati paggawa, mga binhi at iba pang mga kagamitan sa produksyon. Kaya ang produkto ay pag-aari rin ng komuna. Pero huwag isiping kahanga-hanga sa pagkaabante ang mga magsasakang Tsino. Sa county ng Hsiuwu, Honan, pagkadeklara ng pagmamay-aring publiko at pagkatatag ng sistema ng libreng suplay, nag-alala ang kalihim ng partido kung magbabayad ang estado ng sahod o hindi, sakaling may pagbaha o taggutom. Sa panahon ng napakasaganang ani, nag-alala rin siya kung kukuha ang estado ng butil publiko nang hindi nagbabayad ng sahod, kaya magdurusa ang mga magsasaka, masagana man o hindi ang ani. Kinakatawan ng mga ito ang mga pag-aalala ng mga magsasaka. Kailangang asikasuhin ng mga Marxista ang mga problemang ito. Dapat lubos na paunlarin ang ating produksyon ng kalakal pero nangangailangan pa ito ng labinlimang taon o higit pa, at ng tiyaga rin. Deka-dekada na tayong nakidigma. Kailangan pa tayong magtiyaga ngayon, hintayin ang paglaya ng Taiwan, hintayin ang mahusay na paggana ng sosyalistang konstruksyon. Huwag mag-asam ng maaagang tagumpay!

*26. Ispesyal na usaping nangangailangan ng hiwalay na pagtalakay [kung paano sa kalaunan magiging isa ang dalawang anyo ng pagmamay-ari].*

26. Iniiwasan ni Stalin ang isyu matapos mabigong nakahanap ng paraan o angkop na pormulasyon [hinggil sa transisyon tungong pagmamay-aring publiko mula pagmamay-aring kolektibo].

---

* Mencius. Tila ang pakahulugan ni Mao ay "Huwag nating gawing kontrabida ang produksyon ng kalakal nang mapagdunung-dunungan."

*27. Bunga nito, hindi karaniwan kundi espesyal ang tipo ng* ating *produksyon ng kalakal, produksyon ito ng kalakal na walang mga kapitalista, na ang pangunahing tuon ay ang mga produkto ng magkakasamang sosyalistang prodyuser (ang estado, mga kolektibong sakahan, mga kooperatiba), na limitado ang larangan ng pagkilos sa mga konsumong personal, na malinaw na hindi posibleng umunlad tungo sa kapitalistang produksyon at nakadisenyong magsilbi sa pag-unlad at konsolidasyon ng sosyalistang produksyon kasama ang "ekonomya ng pananalapi" nito.*

27. Hindi limitado sa mga konsumong pang-indibidwal ang "larangan ng pagkilos". Kailangang ikategorya bilang mga kalakal ang ilang kagamitan sa produksyon. Kung mga kalakal ang mga produktong pang-agrikultura pero hindi iyong mga produktong pang-industriya, paano maipapatupad ang palitan? Kung papalitan ng "Tsina" ang "ating bayan," magiging mas interesanteng basahin ang parapo. Sa Tsina, kailangang isuplay hindi lamang ang mga produktong pangkonsumo kundi pati mga kagamitan sa produksyong pang-agrikultura. Hindi kailanman nagbenta si Stalin sa mga magsasaka ng mga kagamitan sa produksyon. Si Khrushchov ang nagbago niyon.

*28. (Sa pahina 13 ng orihinal na teksto, nagkomentaryo si Tagapangulong Mao): Huwag nating ipagkamaling usapin ng linyang nag-iiba sa pagmamay-aring kolektibo at publiko ang usapin ng linyang nag-iiba sa sosyalismo at komunismo. Inihahapag sa atin ng sistema ng pagmamay-aring kolektibo ang usapin ng produksyon ng kalakal, na may layuning konsolidahin ang alyansang manggagawa-magsasaka at paunlarin ang produksyon. Ngayon, may mga nagsasabing maluwalhati ang komunismo ng mga magsasaka. Pagkatapos ng isang pagbisita sa kanayunan, tinitingnan nilang talagang kahanga-hanga ang uring magsasaka, na malapit na sila sa paraiso, na mas mahusay sila kaysa mga manggagawa. Ito ang paimbabaw na penomenon. Kailangan nating makita pa kung talagang may diwang komunista ang mga magsasaka, at higit pa rito, kailangan nating suriin ang sistema ng pagmamay-ari ng komuna, kabilang ang saklaw ng kolektibong pagmamay-ari ng komuna sa mga kagamitan sa produksyon at mga pangunahing pangangailangan. Tulad ng sinabi ng kalihim ng partido ng county ng Hsiuwu, Honan, kailangan pa nating paunlarin ang produksyon ng kalakal, at hindi bulag na sumugod.*

*29. Dagdag pa, iniisip kong kailangan din nating iwaksi ang ilang konsepto na hinalaw sa Kapital ni Marx – kung saan ang pagsusuri sa kapitalismo ang interes ni Marx – at artipisyal na inilapat sa ating mga sosyalistang relasyon… Natural na gumamit si Marx ng mga konsepto (kategorya) na lubos na katugon ng mga kapitalistang relasyon. Pero kakatwa,*

*30. sa minimum, na gamitin ang mga konseptong ito ngayon kung kailan hindi lamang hindi binawian ng kapangyarihan at mga kagamitan sa produksyon ang uring manggagawa, bagkus, ito ang may tangan sa kapangyarihan*

*31. at kumokontrol sa mga kagamitan sa produksyon. Sa sistema natin ngayon, kabalbalang pag-usapan ang pagiging kalakal ng lakas paggawa at ang "pag-empleyo" ng mga manggagawa na parang ineempleyo ng uring manggagawa ang sarili at ibinebenta nito ang sariling lakas paggawa sa sarili gayong pag-aari nito ang mga kagamitan sa produksyon.*

29. Sa partikular, ang mga kagamitan sa produksyon sa sektor ng industriya.

30. Kailangang malawakang paunlarin ang produksyon ng kalakal, hindi para sa tubo kundi para sa uring magsasaka, sa alyansang pang-agrikultura-pang-industriya at pagpapaunlad ng produksyon.

31. Laluna pagkatapos ng pagwawasto. Pagkaraan ng mga kampanya ng pagwawasto at laban sa maka-Kanan, hindi na kalakal ang lakas paggawa. Naglilingkod ito sa mamamayan, hindi sa dolyar. Ang usapin sa paggawa ay hindi nareresolba hanggat kalakal pa ang lakas paggawa.

*32. Paminsan-minsan, naitatanong kung umiiral at gumagana ang batas ng halaga sa sosyalistang sistema sa ating bayan.*

32. Ang batas ng halaga ay walang papel sa regulasyon. Ang pagpaplano at pagpapauna sa pulitika ang gumaganap ng ganoong papel.

*33. Totoong walang papel sa regulasyon ang batas ng halaga sa ating sosyalistang produksyon.*

33. Sa ating lipunan, walang papel sa regulasyon ang batas ng halaga, ibig sabihin, wala itong papel na nagtatakda. Ang pagpaplano ang nagtatakda ng produksyon. Halimbawa, sa baboy at asero, hindi natin ginagamit ang batas ng halaga; sinasaligan natin ang pagpaplano.

## MGA TALA

Mga Tala sa Pagbabasa

1. May tatlong antas ng kolektibong pag-aari sa kanayunan ng Tsina. Ang pinakamaliit na yunit, ang pangkat pamproduksyon, ay karaniwang binubuo ng labinlima hanggang tatlumpu't limang pamilya. Ang pangkat ang saligang yunit sa pag-aari at produksyon, at pag-aari nito ang lupang sinasaka, ang ilang hayop pansaka, at maliit na kasangkapang pang-agrikultura gaya ng mga giikan at pandurog. Ang ikalawang yunit, ang brigadang pamproduksyon, ay binubuo ng lima hanggang labinlimang pangkat. Pagmamay-ari ng brigada ang mas malalaking kagamitan sa produksyon na napakamahal para bilhin ng mga pangkat at napakalaki para mabisa nilang magamit, gaya ng mga traktora at kasangkapang pang-irigasyon. Ginagampanan rin ng brigada ang mga tungkulin tulad ng pagpapayaw sa burol, bagay na napakaliit ng pangkat para gawin. Ang komuna na may populasyong ilang libo hanggang limampung libo ay binubuo ng sampu hanggang tatlumpung brigada. Dagdag sa pagbibigay ng pangkalahatang koordinasyon ng mga brigada, pagmamay-ari at pinagagana ng mga komuna ang malalaking empresang industriyal at proyektong napakalaki para hawakan ng brigada, gaya ng malalaking proyekto sa konserbasyon ng tubig.
2. Ang iba't ibang anyo ng kolektibong pagmamay-ari, kung ituturing sa kabuuan, ay iba sa pagmamay-ari ng buong sambayanan. Ipinahihiwatig ng kolektibong pagmamay-ari na ang mga kagamitan sa produksyon ay pagmamay-ari ng isang sektor ng buong populasyon. Inoorganisa at pinatatakbo sa saligan ng sektor na ito, maging pangkat,

brigada o komuna man, ang produksyon. Liban sa buwis, ang produkto ng isang yunit na kolektibong pagmamay-ari ay pag-aari ng mga yunit na lumikha nito. Ginagamit ng yunit ang bahagi ng produkto para sa reproduksyon at puhunan, at ang matitira para sa kita ng mga manggagawa.

Sa kabilang banda, ipinahihiwatig naman ng pagmamay-ari ng buong sambayanan ang pagmamay-ari ng buong lipunan, hindi ng isang sektor nito. Ang gayong mga empresa ay napapailalim sa tuwirang sentral na pagpaplano at organisasyon. Ang mga produkto nito ay pag-aari ng buong lipunan at maaaring ipamahagi ayon sa pangangailangan sa loob ng buong sistema ng mga yunit na pagmamay-ari ng buong sambayanan. Dahil ang iba't ibang yunit pamproduksyon ay itinuturing bilang nagkakaisang yunit sa akawnting, hindi naaapektuhan ng tubo o pagkalugi ng isang indibidwal na yunit pamproduksyon ang pamumuhunan sa yunit o ang kita ng mga manggagawa nito.

Noong 1973, ang industriya sa pagmamay-ari ng buong sambayanan ay bumubuo ng 97 porsyento ng kabuuang pirming ari-arian, 63 porsyento ng mga taong nasa industriya, at 86 porsyento ng kabuuang industriyal na *output*. Ang industriya sa kolektibong pagmamay-ari ay bumubuo ng 3 porsyento ng pirming ari-arian, 36.2 porsyento ng industriyal na pwersang paggawa at 14 porsyento ng kabuuang *output*. Binubuo ng indibidwal na handikrap ang natitirang 0.8 porsyento. Sa komersyo, 92.5 porsyento ang pagmamay-ari ng buong sambayanan, habang 7.3 porsyento naman ng kabuuang bentang tingi ang saklaw ng mga yunit na pagmamay-aring kolektibo. Sa kabilang banda, sa agrikultura, 80 hanggang 90 porsyento ng mga kagamitan sa produksyon ang nasa ilalim pa ng pagmamay-aring kolektibo.

3. Ang partikular na tinutukoy ng kilusang reporma sa lupa ay ang kampanya sa reporma sa lupa noong 1949-1952 matapos ang Liberasyon. Itinatag sa kalakhan ang mga kooperatiba ng mga prodyuser sa agrikultura sa panahon ng taeb ng kolektibisasyon noong 1955 at maagang 1956. Inorganisa ang mga komunang bayan sa lahat ng dako ng Tsina noong taglagas ng 1958 sa panimulang mga yugto ng Dakilang Igpaw Pasulong.
4. Ang tinutukoy ng kapitalismong komprador ay ang mga dayuhang mga establisimyentong pangkomersyo sa Tsina na pinatatakbo ng mga Tsino at naglilingkod sa mga dayuhang interes na ito.
5. Para sa pagtalakay ni Mao tungkol sa kahalagahan ng burukratikong kapital at sa patakaran dito sa panahong iyon, tingnan "Ang Kasalukuyang Sitwasyon at ang Ating mga Tungkulin", Disyembre 25, 1947, at "Ulat sa Ikalawang Sesyon ng Ikapitong Komite Sentral", Marso 5, 1949, sa *Piling mga Akda ni Mao Zedong*, bol. 4 (Beijing: Foreign Languages Press, 1961), pahina 167-68 at 362-75.
6. Ang tinutukoy dito ni Mao ay ang mga aktibidad ni Chang Po-chun (Zhang Po-jun) at Lo Lung-chi (Lo Lung-ji). Sa tag-init ng 1957, iminungkahi ni Chang na magbigay ng karagdagang kapangyarihan sa Pampulitikang Konsultatibong Kumperensyang Bayan ng Tsina, na binubuo sa kalakhan ng mga myembro ng iba't ibang demokratikong partido. Tatayo ang yunit na ito bilang "nakatataas na kamara" na may kapangyarihang beto sa Pambansang Kongresong Bayan na dominado ng PKT. Ipinanukala naman ni Lo ang isang bungkos ng "mga komite sa rehabilitasyon" para suriin ang pagtrato sa mga demokratikong personahe na iginigiit niyang trinato nang di makatarungan sa mga kampanya laban sa mga kontrarebolusyonaryo sa maagang bahagi ng dekada 1950.

7. Ang pirming interes ay partikular na bahagi ng estratehiya ng PKT na "bilhin lahat ng sapi ng mga kumpanya" ng pambansang burgesya. Matapos ang Liberasyon, nagdaan sa ilang yugto ang patakaran sa kanila. Ang unang yugto ay ang pag-oorder ng estado sa pribadong mga empresa para sa pagmamanupaktura at pagpoproseso at ang pinag-isang pagbili at distribusyon ng mga produktong likha ng mga empresang ito. Pagkatapos ng kampanya sa pagwawasto sa pribadong industriya noong 1952, ipinatupad ang ikalawang yugto ng "paghahati ng tubo sa apat na bahagi". Ang apat na relatibong magkakapantay na bahagi ay: (1) buwis na ibinabayad sa estado; (2) mga kontribusyon sa pondo sa kagalingan ng mga manggagawa; (3) pondo sa pagpapaunlad ng empresa; at (4) tubo para sa mga kapitalista.

   Ang ikatlong yugto ay ang pagpapatupad ng pinagsamang pagmamay-aring estado-pribado, una ng indibidwal na mga empresa, at pagkatapos ng buu-buong linya ng trabaho. Sa "pinakamataas na yugto ng kapitalismong estado" na ito, ang kita ng mga kapitalista ay magmumula sa kita na kanilang natanggap para sa trabahong kanilang ginawa sa loob ng mga yunit at mula sa "pirming interes". Babayaran ang pirming interes sa loob ng dalawampung taon sa taunang tantos na 5 porsyento ng halaga ng mga ari-arian ng mga empresa, anuman ang taunang tubo o lugi ng indibidwal na mga empresa. Itinigil ang pagbabayad ng pirming interes sa panahon ng Rebolusyong Pangkultura.
8. Ang patakarang pinag-isang pagbili at pagsuplay ay nangangahulugan na bibilhin ng gubyerno ang ilang produkto sa pirming presyo, sa gayon, pinapawi ang pribadong pamilihan at ang mga kondisyon para sa ispekulasyon sa mga produktong ito. Itinatag ang pinag-isang pagbili at pagsuplay ng butyl, mantika, at *oilseeds* noong Marso 1954, at noong Setyembre 1954, itinatag ang patakaran para sa bulak at telang yari sa bulak.

   Sa sistema ng pinag-isang pagbili at pagsuplay, may tatlong kategorya ng mga produkto. Ang mga produkto sa unang kategorya (na kinabibilangan ng 38 produkto noong Abril 1959) ay ibinebenta sa mga kumpanya ng estado sa pirming presyo. Ang mga produkto sa ikalawang kategorya (293 produkto noong Abril 1959) ay ibinebenta sa estado ayon sa mga kota na narating sa batayang kontraktwal. Maaari, pero hindi kinakailangang ibenta sa estado ang produksyong lampas sa kota. Ang mga produkto sa ikatlong kategorya (ang mga wala sa una at ikalawang kategorya) ay maaari pang ibenta sa pamilihan.
9. Inilalarawan ng "pula at eksperto" ang kaisahan ng magkakasalungat sa pagbubuo ng sosyalistang lipunan. Ipinapahiwatig ng pagiging pula ang pampulitika at pang-ideolohiyang mga aspeto ng gawain; ipinapahiwatig naman ng pagiging eksperto ang teknikal na mga aspeto. Kapwa'y kinakailangang mga aspeto ng lahat ng gawain. Pero, alinsunod sa pangangatwiran niya na lahat ng kontradiksyon ay dapat may pangunahing aspeto, matagal nang pinaninindigan ni Mao na "ang gawaing pang-ideolohiya at pampulitika ang garantiya … ang 'kaluluwa' " ng gawaing pang-ekonomya at teknikal. Sa kabilang banda, kung ididiin ang pagiging pula sa eksklusyon ng pagiging eksperto, mawawasak kung gayon ang kaisahan ng magkakasalungat at magiging imposible ang tungkuling pagtatatag ng sosyalismo.
10. Noong Marso 1949, sinimulan ng PKT na organisahin ang isang Pampulitikang Konsultatibong Kumperensyang Bayan na kumakatawan sa dalawampu't tatlong partido at grupo. Noong Setyembre 1949, nagpulong ang Komite sa Paghahanda ng Pampulitikang Konsultatibong Kumperensyang Bayan at pinagtibay ang Programang Komun, isang pangkalahatang paglalahad ng mga layunin ng bagong gubyerno, at

ang Organikong Batas ng Sentral na Republikang Bayan na nagtakda na ang uring manggagawa ang pinuno ng Republika. Kasunod nito, itinatag ang Pambansang Kongresong Bayan na unang nagpulong noong 1954 bilang dominanteng pangmatagalang pambansang lehislatura sa Tsina.

11. Ang isang yuan ng Tsina ay nagkakahalagang US$0.53 (Abril 1977). Ang halaga ng yuan ay istable sa humigit-kumulang US$0.50 sa loob ng mahigit dalawampung taon, na ang pagbabago ay nagmumula pangunahin bilang resulta ng mga debalwasyon ng dolyar (US).
12. Dito, ang malamang na tinutukoy ni Mao ay ang sarili niyang mga karanasan sa panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong. Sa Wuchang (Wuzhang) noong Nobyembre 1958, inamin ni Mao na sa Kumperensya sa Peitaiho (Beitaihe) noong Agosto 1958, sa rurok ng kasigasigan para sa Dakilang Igpaw, nagawa niya ang katulad na pagkakamali na isaalang-alang lamang ang pangangailangan at hindi ang kakayahan.
13. Ang pormulasyong ito niyong mga krusyal na kontradiksyon ay nilalaman sa talumpati ni Mao noong Abril 1956, "Tungkol sa Sampung Pangunahing Relasyon".
14. Ang mga pangkat tulungan ay maagang anyo ng kolektibong organisasyong pang-agrikultura. Batay sa tradisyunal na gawi sa pana-panahong palitan ng paggawa ng mga magsasaka sa ilang bahagi ng Tsina, malawakang ipinatupad ang mga ito sa maagang bahagi ng dekada 1950. Noong 1955, halos 60 porsyento ng mga kabahayang magsasaka ng Tsina ay nasa mga pangkat tulungan.
    Ang mga pangkat na ito ay hinalinhan noong 1955 ng elementaryong mga kooperatiba ng mga prodyuser sa agrikultura (agricultural producers' cooperatives o APC). Ang bawat APC ay naglalaman ng ilang pangkat tulungan; patuloy na pribadong pagmamay-ari ang lupa at ibang mga produktong kapital, pero pinagsasama-sama ang ibang mga rekurso at ginagamit ayon sa taunang mga plano na inihanda ng kooperatibong pagpapasya.
    Gayunman, pagdating ng Hunyo 1956, 63 porsyento ng mga kabahayang magsasaka ang umunlad tungong mas malalaki at abanteng APC kung saan ang lupa, ang paggawa at ang mga kagamitan sa produksyon ay pinagsama-sama.
15. Si Chang Tien-p'ei (Zhung Dian-pei) ay isang kritiko ng pelikula sa kalagitnaan ng dekada 1950 na kalauna'y lumahok sa anti-partido at anti-sosyalistang agos ng 1957.
16. Ang kampanyang "tatlong kontra" (Sanfan) na sinimulan sa hilagang silangan noong Agosto 1951 at sa buong bayan noong Enero 1952 ay nakatuon laban sa korapsyon, pag-aaksaya, at burukratismo sa hanay ng mga empleyado ng gubyerno, na ang marami ay nagmula pa sa rehimeng Nasyunalista. Ang kampanyang "limang kontra" (Wufan) ay nakatuon sa pambansang burgesya. Ang partikular na mga pokus nito ay ang pagpapawi sa panunuhol, pagnanakaw ng ari-arian ng estado, di pagbabayad ng buwis, pagnanakaw ng mga sikretong pang-ekonomya ng estado at pagdidispalko sa pagpapatupad ng mga kontrata ng gubyerno.
17. Ang tinutukoy dito ni Mao ay ang maka-Kanang kritisismo ng PKT sa panahon ng "pamumukadkad at pagtatagisan" sa tagsibol ng 1957, di nagtagal matapos niyang bigkasin ang kanyang talumpating "Tungkol sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan" noong Pebrero 1957.
18. Noong Hulyo 1959, sa Kumperensya sa Lushan, pinuna ng isang grupo ng mga pinuno ng partido sa pangunguna ng noo'y Ministro sa Depensa na si P'eng Teh-huai (Peng De-huai) ang Dakilang Igpaw Pasulong at ang pamumuno nito bilang "panatisismong petiburges". Iginiit nila na lumikha ito ng mas malaking pinsala kaysa kabutihan. Matapos ang mayor na tunggalian sa kumperensyang plenum, inalis sa

kanilang mga pusisyon ng responsibilidad sa partido at gubyerno sina P'eng at iba pang maka-Kanan.

19. Ang inilalahad na argumento ng teksto, na ang sosyalistang rebolusyon sa larangang pang-ideolohiya at pampulitika ay nagwakas noong 1957, ay katulad ng argumento sa Resolusyon ng Ikawalong Kongreso ng Partido noong 1956. Ibig sabihin, ang pangunahing kontradiksyon sa Tsina ay hindi na ang kontradiksyon sa pagitan ng burgesya at proletaryado, kundi ang kontradiksyon sa pagitan ng abanteng mga relasyon sa produksyon (ang mga larangang pang-ideolohiya at pampulitika na pinagwakasan ng rebolusyon) at ang atrasadong mga pwersa sa produksyon.
20. Ang 45 porsyentong tantos ng akumulasyon na binigyang pansin dito ni Mao ay isang namumukod-tanging mataas na tantos na ginamit para ipakita ang kapuri-puring abanteng sitwasyon. Sa panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong, konsistenteng tinutulan ni Mao ang labis na tantos ng akumulasyon na magpapakitid sa mga insentiba ng mga magsasaka para lumikha. Sa pangkalahatan, iniatas niya ang sumusunod na pagbabaha-bahagi ng produksyong pang-agrikultura: buwis (7 porsyento); gastos sa produksyon (20 porsyento); akumulasyon (18 porsyento); distribusyon sa masa (55 porsyento).
21. Ang Walong-Salitang Konstitusyon sa Agrikultura na ipinalaganap noong Dakilang Igpaw Pasulong ay nanawagan para sa pagbibigay pansin sa tubig, abono, (pangangalaga sa) lupa, (pamimili ng) mga binhi, dikit-dikit na pagtatanim, proteksyon (sa mga halaman), mga kasangkapan, at pangangasiwa (sa bukid).
22. Ang tinutukoy dito ni Mao ay ang panlimang grado sa kasalukuyang walong gradong sistema sa sahod ng Tsina.
23. Sa panahon ng Digma ng Pagpapalaya, tumanggap ang mga kadre ng mga produkto ayon sa pangangailangan, at hindi ayon sa ginawa. Tuwirang ipinamahagi ang mga produktong ito para sa paggamit, at hindi sa pamamagitan ng anumang mekanismo ng pamilihan na nakabatay sa halaga sa palitan. Gayunman, sa mga sirkunstansyang ito, itinatakda ang mga pangangailangan nang may pagtitipid.
24. Ang linyang masa ang pamamaraan ng pamumuno na sinisikap ng PKT na makamit. Ang klasikong pormulasyon ni Mao ay ang sumusunod:

    > Sa lahat ng praktikal na gawain ng ating Partido, lahat ng wastong pamumuno ay kinakailangang "mula sa masa, tungo sa masa". Nangangahulugan ito na kunin ang mga ideya ng masa (kalat-kalat at di sistematikong mga ideya) at ikonsentra ang mga ito (sa pamamagitan ng pagsusuri, gawing konsentrado at sistematikong mga ideya ang mga ito), at pagkatapos ay magtungo sa masa at ipalaganap at ipaliwanag ang mga ideyang ito hanggang yakapin ng masa ang mga ito bilang sarili nila, panghawakan ang mga ito, at isalin ang mga ito sa pagkilos, at subukin ang kawastuan ng mga ideyang ito sa ganoong pagkilos. Pagkatapos, muli na namang ikonsentra ang mga ideya mula sa masa at muling magtungo sa masa nang sa gayon ang mga ideya ay pagpupunyagian at ipapatupad. At ganoon, paulit-ulit sa walang katapusang ikid, na ang mga ideya ay nagiging mas wasto, mas mahalaga, at mas mayaman sa bawat pagkakataon.

    Mula sa "Ilang Usapin Kaugnay ng mga Pamamaraan ng Pamumuno", Hunyo 1, 1943, *Piling mga Akda*, bol. 3, pahina 119.
25. Muli, ang tinutukoy ni Mao ay ang Kumperensa sa Lushan noong Hulyo-Agosto 1959 kung saan tumampok ang pakikitunggali kay P'eng Teh-huai.

1. Si Ch'u Yuan (Qu Yuan) ay isang aristokrata ng panahong Chou na nabuhay sa simula ng ikatlong siglo B.C. Matapos patalsikin sa korte ng hari, sinulat niya ang *Li Sao*, isang matalinghaga at mapangarap na paghahanap ng isang maunawaing hari. Kasunod nito, sa kawalan ng pag-asa, nilunod niya ang sarili.
2. Ang tinutukoy ng "tatlong transpormasyon" ay ang transpormasyon ng agrikultura, pribadong industriya at produksyon ng handikrap.
3. Ang apatnapung-artikulong programa ay isang plano para sa kaunlaran ng agrikultura na suportado ni Mao. Itinataguyod ng apatnapung artikulo ang pagsalig sa produksyong pang-agrikultura at sa lokal na pamilihang pang-agrikultura, sa halip na dayuhang mga pamilihan, para maipagkaloob ang primaryang akumulasyong kinakailangan para pinansyahan ang industriyalisasyon ng Tsina. Itinataguyod din ng mga artikulo ang pagpapalit ng mga relasyon sa produksyon bilang kondisyon para sa higit pang pagpapaunlad sa mga pwersa sa produksyon at pagpapataas ng kooperatibisasyon. Mapalalaki ng malawak na mayorya ng mga magsasaka ang kanilang kita sa pamamagitan ng prosesong ito. Bagamat isinantabi ang apatnapung artikulo noong 1956 at sa malaking bahagi ng 1957, naging integral na bahagi ang mga ito ng Dakilang Igpaw Pasulong.
4. Gaya ng ipinapahiwatig dito ni Mao, nagdaos ng serye ng mga pulong mula Nobyembre 1958 hanggang maagang bahagi ng 1959. Sa mga pulong na ito, ang mga kamalian ng Dakilang Igpaw ay pinuna at gumawa ng mga pagsisikap para iwasto ang mga ito. Gayunman, pagkatapos lamang punahin ang mga kamaliang ito at gawin ang mga pagwawasto, saka lamang inilunsad ng mga maka-Kanan noong Hulyo 1959 ang itinuring ni Mao na oportunistang atake sa Dakilang Igpaw at sa pamunuang sumuporta dito. Ang pagkakaunawang ito sa maka-Kanang mga puna ay nasasalamin sa mga pamagat ng dalawang talumpati na binigkas ni Mao sa Kumperensya sa Lushan – "Bakit Naglulunsad Ngayon ng Opensiba ang mga Kanang Oportunista?" at "Mga Masinggan, Mortar at Iba pang Bagay" (na sumasalamin sa antagonistikong kalikasan ng atake).
5. Ang Konstitusyon ng Pagawaan ng Bakal at Asero ng Ma Anshan ay pumapatungkol sa awtoritaryang konstitusyon ng Pagawaang Sobyet ng Bakal at Asero ng Magnitogorsk, na pinagtibay noong dekada 1950 ng Pagawaang Anshan, ang pinakaabanteng pagawaan ng bakal at asero ng Tsina. Walang tumutol sa konstitusyong ito hanggang noong 1958. Sa panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong, ang mga prinsipyo ng "Ma-An" na isang tao ang mamumuno at pagpapauna sa teknolohiya ay tinutulan sa isang ulat sa sentral na pamunuan.
   Pagdating ng Marso 1960, naisulat ang isang bagong Konstitusyon ng Anshan nang kalahok si Mao. Pinagkombina nito ang limang prinsipyong (1) pagpapauna sa pulitika; (2) pagpapalakas ng pamumuno ng partido; (3) paglulunsad ng masisiglang kilusang masa; (4) pagtatatag ng "dalawang partisipasyon, isang reporma at tatlong kumbinasyon (paglahok ng kadre sa produktibong paggawa at paglahok ng mga manggagawa sa pangangasiwa; reporma ng walang katwiran at lipas nang mga alituntunin; kooperasyon sa pagitan ng mga manggagawa, kadre at teknisyan); at (5) buong bilis na isulong ang mga teknikal na inobasyon at teknikal na rebolusyon. Bagamat inawtorisa ni Mao ang paglalabas, paglilimbag at implementasyon ng bagong Konstitusyong Anshan noong Marso 1960, sa panahon lamang ng Rebolusyong Pangkultura ito malawakang naipabatid sa madla.
6. Ang isang *catty* ay 1.1 libra.

*Tungkol sa mga Usaping Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR*

1. Ang petsa para sa dokumentong ito sa edisyong 1967 ay 1959. Ang petsang ibinigay naman ng edisyong 1969 ay 1958. Walang Kumperensya sa Ch'engchou (Chengzhou) noong Nobyembre 1959, pero mayroon noong Nobyembre 1958. Halos tiyak na ang petsa ng dokumento ay sa mas naunang taong ito.
2. Idiniin higit sa lahat ng sistemang sahuran na itinatag noong 1953 ang *short-term* na indibidwal na materyal na insentiba. Itinatag nito ang sistema ng walong gradong punto sa pasahod na sumasaklaw mula 139 hanggang 390 punto sa pasahod bawat buwan. Ang magkakatulad na trabaho sa iba't ibang rehiyon ay tatanggap ng magsindaming punto sa paggawa, pero ang halaga ng mga punto sa paggawa ay nag-iiba-iba ayon sa halaga ng pamumuhay ng rehiyon. Pagdating ng 1956, hinalinhan ang sistemang punto sa pasahod ng isang sistemang pasahod, pero pinanatili ang istrukturang walong grado.
3. Sinikap ng mga sakahang eksperimental na magpaunlad ng bago at abanteng teknik, tulad ng malapit na pagtatanim, maagang pagtatanim, malalim na pagbubungkal, atbp. Kung matagumpay sa pagpapataas ng ani, palalaganapin ang mga teknik sa lahat ng dako ng Tsina. Sa pamamagitan ng pagpapataas ng produksyon at sa gayon ng kabuuang pondo sa sahod, makakatulong ang konsepto ng mga sakahang eksperimental sa pagpapanghina sa baseng pang-ideolohiya ng degrado sistema sa pasahod sa pamamagitan ng pagpapakita na maaaring matuto ang mga espesyalista mula sa magsasaka.

*Kritika ng mga Usaping Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR ni Stalin*

1. Ang pinapatungkulan ni Mao dito ay ang labis na pagbili ng butil sa katapusan ng 1954 at ang kasunod na kakulangan ng butil sa kanayunan sa tagsibol ng 1955. Pagkatapos nito, niliitan ang kota para sa bibilhin ng estado ng 7 bilyong *catty* at nabawasan ang tension sa kanayunan. Gayunman, naganap ang mga pangyayaring ito sa tagsibol ng 1955, at hindi sa katapusan ng taong iyon na kinatangian ng tuluy-tuloy na taeb ng kolektibisasyon sa kanayunan ng Tsina.
2. Si Ch'in Shih Huang Ti (Qin Shi Huangdi), ang unang emperador, ay hari ng estado ng Ch'in na sumakop sa kalapit na mga estado at pinag-isa ang Tsina sa pagitan ng 230 at 221 B.C. Sa kanyang paghahari, itinatag ang sistemang pyudal at inistandardisa ang mga timbang, sukat at pananalapi. Ang ligalistang pilosopiya ang batayang pampilosopiya ng Ch'in. Kilala ang unang emperador dahil sa pagsusunog niya sa lahat ng panitikang di utilitaryan at "subersibo" noong 213 B.C.
3. Si Ts'ao Ts'ao (Cao Cao) ay isang bantog na heneral at tsanselor ng ikalawang dinastiyang Han (25-220 A.D.) na gumanap ng makabuluhang papel sa mga digma na sa wakas ay nagbagsak sa mga Han at humantong sa kapanahunan ng nahating emperyo na tinaguriang tatlong kaharian.